
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • DISYEMBRE 2012

# Liahona



## Ang Templo: Binabago ang mga Puso at Tahanan, mga pahina 24, 28

**Misyon, mga Kaibigan, Pamilya: Tatlong Alaala ng Pasko, mga pahina 40, 43, 44**

**Apat na Regalo, Hindi na Kailangang Balutin, p. 54**

**Ang Kahulugan ng Bituin ng Pasko, p. 66**


© WALTER RANE, HINDI MAARING KOPYAHIN

*Mabubuting Balita ng Malaking Kagalakan,* ni Walter Rane

*"At may mga pastor ng tupa sa lupain ding yaon na nangasa parang, na pinagpupuyatan sa gabi ang kanilang kawan.*

*"At tumayo sa tabi nila ang isang anghel ng Panginoon, . . .*

*"At sinabi sa kanila ng anghel, Huwag kayong mangatakot; sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan:*

*"Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon" (Lucas 2:8–11).*




# Liahona, Disyembre 2012


## MGA MENSAHE

**4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Muling Pagtuklas sa Diwa ng Pasko**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

**7 Mensahe sa Visiting Teaching: Visiting Teaching, Isang Gawaing Nakapagliligtas**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**10 Ang Tradisyon ng Ilaw at Patotoo**
Ni Elder L. Tom Perry
*Ang sentro ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ang mga tao, pamilya, at tahanan, na sinusuportahan ng Simbahan.*

**16 Pagtalikod sa Paghihirap**
Ni Elder David S. Baxter
*Makakayanan natin ang paghihirap at, sa tulong ng Panginoon, madaraig natin ang masasamang epekto nito.*

**20 Mga Propeta sa Kapaskuhan**
Ni Laura F. Willes
*Ang mga kuwento tungkol sa mga propeta sa mga huling araw ay nagpapakita ng diwa ng Pasko.*

**24 Mga Sagradong Pagbabago**
Ni Aaron L. West
*Nabago ang isang burol. Nagbago ang isang pamilya.*

**32 Ang Kaligtasan at Kapayapaang Dulot ng Pagsunod sa mga Kautusan**
Ni Bishop Gary E. Stevenson
*Inihahayag ng isang pormula na matatagpuan sa ebanghelyo ni Jesucristo ang landas tungo sa kaligayahan.*

## MGA BAHAGI

**8 Ang Ating Paniniwala: Ipinanumbalik ang Ebanghelyo ni Jesucristo sa Pamamagitan ni Propetang Joseph Smith**

**31 Paglilingkod sa Simbahan: Nadarama ang Kanyang Pagmamahal sa Pamamagitan ng Paglilingkod**
Ni Mishelle Wasden


**36 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**74 Mga Balita sa Simbahan**

**79 Mga Ideya para sa Family Home Evening**

**80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Sunbeam, Public Affairs, at Kagalakan sa Ebanghelyo**
Ni Elder Quentin L. Cook


**SA PABALAT**
Harap: Larawan ng Mesa Arizona Temple na kuha ni Candace Read. Likod: Larawan ng Oakland California Temple na kuha ni Billy Lynn Allen at mga larawan ng Sydney Australia Temple at mga ilaw na kuha ni Colin Ligertwood.



## MGA YOUNG ADULT



40


**40 Nagsalita Sila sa Atin: Pasko sa Inyong Kalooban**
Ni Elder Jeffrey R. Holland

**43 Mga Dekorasyon sa Pasko, mga Kaibigang Katulad ni Cristo**
Ni Mary N. Cook
*Ang Pasko noong 1984 ay nagpabago sa aking buhay.*

**44 Ang Pamaskong Panyo**
Ni Scott M. Mooy
*Bakit binibigyan ni Inay ng panyo ang kapatid kong babae taun-taon?*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: dekorasyon sa Pasko.***



54

## MGA KABATAAN


**28 Pagtutuon ng Pansin sa Walang-Hanggang Pamilya**
Ni Mindy Raye Friedman
*Paano nakatulong ang halimbawa ng dalawang tinedyer sa kanilang mga magulang.*

**46 Mga Tanong at mga Sagot**
*Paano ko sasagutin ang mga tanong ng mga kaibigan ko tungkol sa templo samantalang ako mismo ay walang gaanong alam tungkol dito?*

**48 Paano Magbibigay ng mga Regalo kay Cristo**
Ni Pangulong Henry B. Eyring
*Tatlong regalong maibibigay natin sa Tagapagligtas na magpapagalak sa Kanya.*

**49 Poster: Halina, Siya'y Ating Sambahin**

**50 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Paano Naman ang Pakikipagdeyt?**
Ni Larry M. Gibson

**52 Dahil sa mga Pamilya**
Ni Hikari Loftus
*Tinalakay nina Enaw, Erin, at Adina kung bakit mahalaga sa kanila ang kanilang pamilya.*

**54 Mga Regalong Hindi Mo Maibabalot**
Ni Elyse Alexandria Holmes
*Narito ang apat na ideya ng regalong hindi malilimutan—na hindi na kailangang balutin.*

**56 Taludtod sa Taludtod: I Mga Taga Corinto 15:20–22**

**57 Mula sa Misyon: Pagpapakain sa mga Nagugutom**
Ni Dallin C. Wilcox

**58 Magkasamang Umunlad Bilang mga Deacon**
*Magkaiba ang dalawang deacon na ito, pero may isang bagay na pareho sa kanila.*


## MGA BATA



60


**59 Natatanging Saksi: Paano Ako Magiging Saksi ni Jesucristo?**
Ni Elder D. Todd Christofferson

**60 Ang Regalo Ko kay Jesus**
Ni Rachel Lynn Bauer
*Paano ko maipapakita na mahal ko si Jesus? Natagpuan ko ang kasagutan sa aming tahanan.*

**62 Ang Ating Pahina**

**63 Magandang Ideya**

**64 Ang Ilaw ng Sanglibutan**
Ni Kimberly Reid
*Bakit tila masaya ang lahat ng tumitingin sa belen kung hindi naman mapipigil ni Jesus na mangyari ang masasamang bagay?*

**66 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Si Jesucristo ang Anak ng Diyos**

**68 Sinagot ang Isang Panalangin sa Araw ng Pasko**
Ni Peggy Schonken
*Walang pagkain ang pamilya ni Peggy para sa Pasko.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**81 Mga Larawang May Kaugnayan sa Aklat ni Mormon**

**DISYEMBRE 2012 TOMO 15 BLG. 12**
**LIAHONA 10492 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Family and Member Support:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** LaRene Porter Gaunt
**Assistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, Ryan Carr, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Hikari Loftus, Lia McClanahan, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury
**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare
**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
December 2012 Vol. 15 No. 12. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org




## PARA SA MATATANDA

Matapos mapasaya ng "Mga Propeta sa Kapaskuhan" (pahina 20), maaari ninyong bisitahin ang **christmas.lds.org** para panoorin ang "The Coat: A Story of Charity" mula sa buhay ni Pangulong George Albert Smith.




## PARA SA MGA KABATAAN

Sina Kevin at Jacqueline (tingnan sa pahina 28) ay magkapatid na taga-El Salvador na mapalad na nakasali sa kultural na pagdiriwang bago inilaan ang San Salvador El Salvador Temple. Para mapanood ang video ng kanilang partisipasyon na nagpabago sa kanilang buhay, bisitahin ang **lds.org/go/temple12.**

Sa pahina 50, sinagot ni Brother Gibson ng Young Men general presidency ang ilang tanong tungkol sa pakikipagdeyt. Marami pa kayong matututuhan tungkol sa pakikipagdeyt mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa **youth.lds.org.**

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aaronic Priesthood,*** *58*
***Aklat ni Mormon,*** *8*
***Basbas o pagpapala, mga,*** *16, 32*
***Gawaing misyonero,*** *40, 57, 80*
***Halimbawa,*** *10*
***Ikapu,*** *24*
***Jesucristo,*** *37, 49, 56, 59, 64, 66, 73*
***Kabaitan,*** *4, 36, 37, 44, 48, 60, 68, 70*
***Kaligayahan,*** *32*
***Kamatayan,*** *39, 64*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *20*
***Pagbabalik-loob,*** *24, 32*
***Pagbabayad-sala,*** *38, 39*
***Paghihirap,*** *16*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *56, 64*
***Pagkakaisa,*** *58*
***Paglilingkod,*** *4, 31, 36, 48, 54, 57*
***Pagpapaaktibo,*** *28*
***Pagsunod,*** *32, 59*
***Pakikipagdeyt,*** *50*
***Pamilya,*** *10, 24, 28, 31, 38, 39, 44, 52, 54, 60*
***Panalangin,*** *68*
***Panunumbalik,*** *8*
***Pasasalamat,*** *16, 54*
***Pasko,*** *4, 20, 38, 39, 40, 43, 44, 48, 49, 54, 57, 60, 66, 68*
***Propeta, mga,*** *8, 20*
***Sakripisyo,*** *37*
***Smith, Joseph,*** *8, 73, 81*
***Templo, mga,*** *24, 28, 46*
***Tradisyon, mga,*** *10*
***Visiting teaching,*** *7*



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# MULING PAGTUKLAS SA Diwa ng Pasko

Noong binatang elder pa ako, tinawag ako at ang iba pa sa isang ospital sa Salt Lake City para basbasan ang mga batang maysakit. Pagpasok namin, napansin namin ang isang Christmas tree na may maliliwanag at kaaya-ayang mga ilaw at nakita namin ang magagandang nakabalot na regalo sa ilalim ng malalapad na sanga nito. Pagkatapos ay ginaygay namin ang mga pasilyo kung saan ang mga batang lalaki at babae—na ang ilan ay nakasemento ang braso o binti, at ang iba naman ay may mga karamdamang marahil ay hindi madaling gamutin—ay nakangiting sumalubong sa amin.

Isang batang lalaking malubha ang sakit ang tumawag sa akin, "Ano po ang pangalan 'nyo?"

Sinabi ko sa kanya ang pangalan ko, at itinanong niya, "Maaari po ba ninyo akong basbasan?"

Ibinigay ang basbas, at pagtalikod namin para umalis, sinabi niya, "Marami pong salamat."

Ilang hakbang pa lang kaming nakalalayo ay narinig ko siyang tumawag, "Ah, Brother Monson, maligayang Pasko po sa inyo." Pagkatapos isang magandang ngiti ang nasilayan sa kanyang mukha.

Nasa batang iyon ang diwa ng Pasko. Ang diwa ng Pasko ay isang bagay na sana ay mapasapuso at mapasabuhay nating lahat—hindi lamang sa panahong ito kundi maging sa buong taon.

Kapag nasa atin ang diwa ng Pasko, naaalala natin Siya na ang pagsilang ay ating ginugunita sa panahong ito ng taon: "Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang Panginoon" (Lucas 2:11).

Sa ating panahon malaki ang nagagawa ng pagreregalo sa pagdiriwang ng Kapaskuhan. Makabubuti kaya kung tatanungin natin ang ating sarili, Ano kayang mga regalo ang gusto ng Panginoon na ibigay *ko* sa Kanya o sa iba sa mahalagang panahong ito ng taon?

Hayaang imungkahi ko na nanaisin ng ating Ama sa Langit na ibigay natin sa Kanya at sa Kanyang Anak ang regalo ng pagsunod. Nadarama ko rin na hihilingin Niyang magparaya tayo at huwag tayong maging makasarili o sakim o palaaway, tulad ng mungkahi ng Kanyang mahal na Anak sa Aklat ni Mormon:

"Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na . . . inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa.

"Masdan, hindi ito ang aking doktrina, na pukawin sa galit ang mga puso ng tao, isa laban sa isa; kundi ito ang aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi" (3 Nephi 11:29–30).

Sa kagila-gilalas na dispensasyong ito ng kaganapan ng panahon, tunay na walang hanggan ang mga oportunidad nating magmahal at maglingkod, ngunit lumilipas din ang mga ito. Ngayon may mga pusong pasasayahin, magagandang salitang sasabihin, mga gawaing gagawin, at mga kaluluwang ililigtas.

Isinulat ng isang taong malinaw na nakaunawa sa diwa ng Pasko:



SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.

*Ako ang Diwa ng Pasko—*
*Ako ay pumapasok sa tahanang maralita, na nagpapasaya sa nahahapis na mga bata.*
*Ibinubuka ko ang nakatikom na palad ng sakim at inaantig ang kanyang kaluluwa.*
*Pinasisigla ko ang puso ng matatanda at sila ay pinatatawa tulad noong sila ay mga bata pa.*
*Pinananatili kong buhay ang pag-ibig sa puso ng kabataan, at pinahihimbing ang kanilang pagtulog sa masasayang panaginip.*
*Ako ang humihikayat sa tao na tumulong, na nagdudulot sa puso ng mga natulungan ng pagkamangha sa kabutihan ng mundo.*
*Napahihinto ko sandali ang alibugha sa kanyang walang-habas na paggastos at siya ay nahihikayat na magbigay ng munting alaala sa nababalisang mahal sa buhay na napapaluha sa kagalakan—mga luhang pumapawi sa kalungkutan.*
*Ako ay pumapasok sa madidilim na selda, at ipinapaalala sa nasaktang pagkatao ang maaaring mangyari at sinasabing asamin nila ang magagandang araw na darating.*
*Ako ay marahang pumapasok sa tahimik at puting tahanang puno ng paghihirap, at mga labing lubhang nanghihina na kumikibot lamang upang makapagpasalamat.*
*Sa napakaraming paraan, pinatitingala ko ang pagod na mundo sa mukha ng Diyos, at kalimutan sandali ang maliliit at walang halagang mga bagay.*
*Ako ang Diwa ng Pasko.*[1]

Nawa'y muling matuklasan ng bawat isa ang diwa ng Pasko—na siyang Diwa ni Cristo. ■

**TALA**

1. E. C. Baird, "Christmas Spirit," sa James S. Hewitt, ed., *Illustrations Unlimited* (1988), 81.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Kapag ibinahagi ninyo ang mensahe ni Pangulong Monson sa pamilya, isiping bigyang-diin ang tanong niya kung anong mga regalo ang gugustuhin ng Panginoon na ibigay natin sa Kanya o sa ibang tao sa panahong ito. Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na itala ang kanilang mga kuru-kuro at ideya (o, para sa mga batang musmos, magpadrowing ng larawan) kung paano "muling matutuklasan ang diwa ng Pasko—na siyang Diwa ni Cristo."

## MGA KABATAAN

# Ang Perpektong Bisperas ng Pasko

Ni Jerie S. Jacobs

Habang lumalaki ako, isa sa pinakamagagandang bahagi ng bawat taon ang Bisperas ng Pasko. Kami ng aking pamilya ay gumagawa ng pizza, nagka-caroling, at pagkatapos ay nagtitipon para sa isang Pamaskong debosyonal. Kumakanta kami ng mga himno sa di-perpektong apatang-tinig at malakas na tinutugtog ang mga awiting Pamasko sa kakatwa naming mga instrumento. Laging tinatapos ni Itay ang gabi sa pagbibigay ng isang kaisipan tungkol sa Pasko na nagpapaluha sa amin sa tuwa. Wala nang sasaya pa sa Bisperas ng Pasko.

Noong medyo malaki na ako, sinimulang alagaan ng nanay ko ang batang kapitbahay naming si Kelly. Pumupunta si Kelly sa bahay namin araw-araw pag-uwi mula sa paaralan habang nasa trabaho ang nanay niyang si Patty. Sinundan-sundan ako ni Kelly na parang tuta—maingay at maraming hinihingi. Malaking ginhawa kapag sinusundo na ni Patty ang kanyang anak at iniiwang payapa ang aming tahanan at pamilya.

Isang Disyembre, nabahala ako nang imbitahan ni Inay sina Patty at Kelly na pumunta sa amin sa Bisperas ng Pasko. *Aking* Bisperas ng Pasko. Ngumiti si Inay at tiniyak sa akin, "Walang mababago." Pero alam kong mababago ang lahat. Kakainin nila ang lahat ng pizza namin. Pagtatawanan ni Kelly ang pagkanta namin. Inasahan ko nang ito ang magiging pinakapangit na Bisperas ng Pasko sa lahat.

Pagsapit ng gabi, pumunta sa amin sina Patty at Kelly, at nag-usap at nagtawanan at nagkantahan kami. Tama ang nanay ko. Perpekto *ang* gabing iyon. Pagsapit ng hatinggabi nagpasalamat sila sa amin at atubiling lumisan. Nahiga ako na puspos ng pagmamahal at pasasalamat. Natuklasan ko na ang tunay na mahahalagang regalo ng Pasko ay hindi nababawasan kapag ibinahagi sa iba. Sa halip mas gumaganda at dumarami pa ito kapag ipinamamahagi natin ang mga ito.

## MGA BATA

# Limang Regalo sa Pasko

Sinabi ni Pangulong Monson na maaaring isipin natin kung anong mga regalo ang nanaisin ng Panginoon na ibigay natin sa Kanya o sa iba.

Bilugan ang limang bata sa larawan na naglilingkod sa kapwa. Paano naging mga regalo kay Jesus ang kanilang ginagawa?



PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Visiting Teaching, Isang Gawaing Nakapagliligtas



Ang visiting teaching ay nagbibigay ng pagkakataon sa kababaihan na pangalagaan, palakasin, at turuan ang isa't isa—talagang ito ay gawaing nakapagliligtas. Sa visiting teaching, ang kababaihan ay naglilingkod alang-alang sa Tagapagligtas at inihahanda nito ang kababaihan sa mga pagpapala ng buhay na walang-hanggan.

"Tayo ay 'magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya [sa iba] na lumapit kay Cristo' (D at T 20:59), gaya ng sinabi ng Panginoon sa kanyang mga paghahayag," sabi ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985). Sinabi pa niya, "Ang inyong patotoo ay napakagandang paraan para maiparating ang inyong mensahe."[1]

Kapag pinag-ibayo natin bilang mga visiting teacher ang ating kaalaman sa mga katotohanan ng ebanghelyo, ang ating patotoo ay lumalakas at sumusuporta sa kababaihang naghahandang mabinyagan at makumpirma. Tinutulungan natin ang mga bagong miyembro na maging matatag sa ebanghelyo. Ang ating mga pagbisita at pagmamahal ay tumutulong na "maibalik ang mga naligaw ng landas [at] palakasin ang patotoo ng mga nanlamig sa ebanghelyo."[2] At hinihikayat natin ang kababaihan na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagpasok sa templo.

"Kayo ay makapagliligtas ng mga kaluluwa," sabi ni Pangulong Kimball sa mga visiting teacher, "at sino ang makapagsasabi na ang marami sa mga aktibong tao sa Simbahan ngayon ay aktibo dahil sa nagpunta kayo sa kanilang mga tahanan at binigyan ninyo sila ng bagong pag-unawa at pananaw sa buhay. Inihayag ninyo ang mga bagay na hindi nila naunawaan. Nilawakan pa ang naaabot ng kanilang tanaw. . . .

"Nakita na ninyo, hindi lamang ninyo inililigtas ang kababaihang ito, kundi marahil ay inililigtas din ninyo ang kanilang asawa at kanilang mga tahanan."[3]

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Doktrina at mga Tipan 20:59; 84:106; 138:56

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ako inihahanda ng Relief Society sa mga pagpapala ng buhay na walang-hanggan?

**2.** Ano ang magagawa ko para mapag-ibayo ang pananampalataya ng mga taong pinangangalagaan ko?

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Nang buuin ni Propetang Joseph Smith ang Relief Society, sinabi niya na ang mga kababaihan ay hindi lamang mangangalaga sa mga dukha kundi magliligtas din ng mga kaluluwa. Itinuro din niya na ang kababaihan sa Simbahan ay may mahalagang ginagampanan sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit.[4] Ginagabayan ng mga alituntuning itinuro ni Propetang Joseph Smith, tayong kababaihan sa Relief Society ay maaaring magtulungan para maihanda ang kababaihan at kanilang pamilya para sa pinakamalalaking pagpapala ng Diyos.

"Magdamayan tayo sa bawat isa," sabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77), "at buong pagmamahal na arugain ng [yaong] malalakas ang mahihina hanggang sa lumakas, at gabayan ng mga nakauunawa ang mga mangmang hanggang sa makita nila mismo ang tamang landas."[5]

**MGA TALA**

1. Spencer W. Kimball, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 138.
2. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 99.
3. Spencer W. Kimball, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 139.
4. Tingnan sa Joseph Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 200.
5. Brigham Young, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 125.

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY

# IPINANUMBALIK ANG EBANGHELYO NI JESUCRISTO SA PAMAMAGITAN NI PROPETANG JOSEPH SMITH


Matapos Ipako sa Krus ang Tagapagligtas at mamatay ang Kanyang mga Apostol, binago ng mga tao ang ilan sa mga doktrina at ordenansa ng ebanghelyo. Kahit maraming mabubuting taong naniwala kay Jesucristo at nagsikap na maunawaan at ituro ang Kanyang ebanghelyo, wala na ang kabuuan ng katotohanan. Ang resulta nito ay iba't ibang mga yugto ng apostasiya sa natirang mga Kristiyano. Kahit nasa kanila ang maraming katotohanan, walang isa man sa kanila ang may kabuuan ng mga doktrina, ordenansa, o priesthood ni Cristo.

Batid ng ating Ama sa Langit na mangyayari ang unti-unting pagkawalang ito ng katotohanan, kaya iningatan Niya ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo sa isang sinaunang aklat ng mga banal na kasulatan na katulad ng Biblia. Noong mga unang taon ng 1800s, isang sugo ng langit na nagngangalang Moroni ang nagturo kay Joseph Smith sa kinaroroonan ng banal na kasulatang ito na maraming siglo nang nakabaon. Nakasulat sa mga laminang ginto, ang talaang ito ay naglalaman ng isinulat ng mga propeta tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Diyos sa ilan sa sinaunang mga mamamayan ng Amerika. Isinalin ni Propetang Joseph Smith ang mga nakasulat sa mga laminang ito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos. Ang talaang ito ay ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo.

Ang proseso ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay nagbigay ng kaalaman kay Joseph Smith tungkol sa mga doktrina ng Diyos—ang Espiritu ang kanyang guro, at ang Aklat ni Mormon ang kanyang teksto. Nang magkaroon ng tanong si Joseph Smith, nanalangin siya sa Diyos at inihayag ng Diyos ang sagot sa kanya. Ang prosesong ito ay nagturo kay Joseph Smith, isang kabataang hindi mataas ang pinag-aralan, ng mahahalagang katotohanang napakahalaga sa kanyang tungkulin bilang Propeta ng Panunumbalik. ■

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 101–8, 109–16; *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 95–100, 186–91, 199–205; at Gary J. Coleman, "Jesus Christ Is at the Center of the Restoration of the Gospel," *Ensign,* Nob. 1992, 43.

*Bagama't naniniwala tayo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos, tayo ay sumasamba sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.*




MULA KALIWA: *PURIHIN ANG PROPETA*, NI JON MCNAUGHTON; *UNANG PANGITAIN NI JOSEPH SMITH*, NI GREG OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *ISINASALIN NI JOSEPH SMITH ANG AKLAT NI MORMON*, NI DEL PARSON © 1996; *PROPETA NG PANGINOON*, NI DAVID LINDSLEY, HINDI MAAARING KOPYAHIN; DETALYE MULA SA *ANG PANUNUMBALIK NG MELCHIZEDEK PRIESTHOOD*, NI LIZ LEMON SWINDLE, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *ITINATAG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO, 1830*, NI JOSEPH BRICKEY, HINDI MAAARING KOPYAHIN; *MASDAN ANG INYONG MGA MUSMOS*, NI DAVID LINDSLEY © 1983

**Nagpatotoo si Propetang Joseph Smith**

*1. "Ako'y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang Katauhan, at sa katotohanan kinausap nila ako; at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito'y totoo; . . . ito'y alam ko, at nalalaman ko na ito ay alam ng Diyos, at ito'y hindi ko maipagkakaila, ni tangkain kong gawin ito."*[1]



*2. "Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ay isinalin ko ang Aklat ni Mormon mula sa hieroglyphics, na ang kaalaman tungkol dito ay nawala sa mundo, isang napakagandang kaganapang mag-isa kong naranasan, ako na isang kabataang walang pinag-aralan, upang daigin ang karunungan ng mundo at malaking kamangmangan ng labingwalong siglo, sa isang bagong paghahayag."*[2]



*3. "Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."*[3]






*4. "Ako . . . ang maytaglay ng mga susi ng huling kaharian, na dispensasyon ng kaganapan ng lahat ng bagay na winika ng mga bibig ng lahat ng banal na Propeta simula nang magsimula ang mundo, sa ilalim ng kapangyarihang magbuklod ng Melchizedek Priesthood."*[4] *(Tingnan sa D at T 27:12–13.)*



*5. "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isinalig sa tuwirang paghahayag, katulad ng tunay na Simbahan ng Diyos noon pa man, . . . at dahil sa kagustuhan at mga pagpapala ng Diyos, naging kasangkapan ako sa Kanyang mga kamay, hanggang ngayon, upang isulong ang gawain ng Sion."*[5]



*6. "Sinasabi sa atin [ng Aklat ni Mormon] na ang ating Tagapagligtas ay nagpakita sa kontinenteng ito [ng Amerika] matapos Siyang mabuhay na mag-uli; na itinatag Niya ang kabuuan, at yaman, at kapangyarihan, at pagpapala ng Ebanghelyo rito."*[6]




**MGA TALA**

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:25.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 71.
3. *Mga Turo: Joseph Smith,* 74.
4. *Mga Turo: Joseph Smith,* 598.
5. *Mga Turo: Joseph Smith,* 227.
6. *Mga Turo: Joseph Smith,* 75.

*Tiyakin na lumilikha kayo ng magandang kapaligiran kung saan maaaring asamin ng inyong pamilya ang espesyal na mga okasyon ng taon na pinagsasama-sama kayo ng mga tradisyon bilang isang malaking walang-hanggang pamilya.*



**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# ANG TRADISYON NG ILAW AT PATOTOO

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tunay na isang pandaigdigang Simbahan. Magkagayunman, mahalagang malaman na hinding-hindi magkakaganito ang Simbahan kung hindi nagkaroon ng isang dakilang bansa, ang Estados Unidos ng Amerika. Naghanda ang Panginoon ng bagong lupain upang maakit ang mga tao sa mundo na naghahanap ng kalayaan bilang mamamayan at kalayaan sa relihiyon. Ang bagong lupaing ito ay pinagpalang magkaroon ng malalakas na pinuno na nakadama na responsibilidad nilang magtatag ng isang pamahalaan na nagtutulot sa mga tao na sumamba ayon sa dikta ng kanilang sariling konsiyensya.

Naniwala ang mga Tagapagtatag ng Estados Unidos na ang pananampalataya sa Diyos ay mahalaga sa pagkakaroon ng matatag na pamahalaan. Gayunman, nalimutan ng maraming tao sa mundo ang tunay na kahalagahan ng mga paniniwala ukol sa relihiyon sa paggawa ng mga patakaran, batas, at reglamento ng pamahalaan. Halimbawa, hindi nauunawaan ng maraming Amerikano na ang mga tagapagtatag ng bansa ay naniwalang mahalaga ang gagampanan ng relihiyon sa ating panahon tulad din noong kanilang kapanahunan. Hindi itinuring ng mga tagapagtatag ng bansa ang relihiyon at moralidad bilang mga bagay na kailangan pang pag-isipan at unawain nang husto—iginiit nilang ito ay mahalagang sangkap sa mabuting pamamahala at kaligayahan ng sangkatauhan.

Ang bagay na ito ay ipinaliwanag ng unang pangulo ng Estados Unidos na si George Washington sa kanyang Mensahe ng Pamamaalam. Sabi niya:

"Sa lahat ng disposisyon at gawing humantong sa kaunlarang pulitikal, hindi maaaring wala ang suporta ng relihiyon at moralidad. . . . Huwag tayong maniwala na mapananatili ang moralidad nang walang relihiyon. . . . Batay sa nalaman at naranasan natin hindi makapananaig ang moralidad sa bansa kung wala ang relihiyon.

"Talagang totoo na ang kabutihan o moralidad ay mahalagang simulain ng matatag na pamahalaan."[1]

Ang Estados Unidos ang lupang pangako na binanggit sa Aklat ni

PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE © IRI



*Saan ako maghahanap para matuto akong gumawa ng alternatibong plano para sa espirituwal na seguridad ng aking pamilya? Umaasa ako sa Simbahan—ang suporta para maitatag ko ang isang walang-hanggang pamilya.*

Mormon—isang lugar kung saan pinatnubayan ng langit ang inspiradong mga lalaki na lumikha ng mga kalagayang kailangan para sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagkakatatag ng Estados Unidos ng Amerika ang tumapos sa Malawakang Apostasiya, nang ang daigdig ay nabuhay noon sa karimlan dahil walang mga propeta at paghahayag. Hindi nagkataon lamang na nangyari ang magandang umaga ng Unang Pangitain mga ilang dekada lamang matapos itatag ang Estados Unidos.

Ang Unang Pangitain ang nagpasimula sa pagdagsa ng inihayag na katotohanan. Ipinanumbalik ang kaalaman tungkol sa katangian ng Panguluhang Diyos. Isang bagong salin na banal na kasulatan ang naging ikalawang saksi at tipan ni Jesucristo. Ang panunumbalik ng priesthood ay pagkakaloob muli ng kapangyarihan at awtoridad sa sangkatauhan na kumilos para sa at alang-alang sa Diyos sa pangangasiwa ng mga ordenansa ng priesthood at muling pagtatatag ng Simbahan ni Jesucristo sa lupa. Mapalad tayong maging mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan.

### Isang Plano para sa Espirituwal na Seguridad

Isa sa mga pagpapala ng ipinanumbalik na Simbahan ay ang mga buhay na propeta. Napakalinaw na naunawaan ni Pangulong Harold B. Lee (1899–1973) ang tungkol sa mga priyoridad. Itinuro niya, "Karamihan sa ginagawa natin bilang isang samahan [sa Simbahan] . . . ay balangkas na susuporta, sa hangarin nating [patatagin] ang indibiduwal, at hindi natin dapat ipagkamali ang balangkas bilang kahalili ng kaluluwa."[2]

Hindi binabalewala ni Pangulong Lee ang papel ng Simbahan sa kaligtasan ng kalalakihan, kababaihan, at mga pamilya. Bagkus, mahusay niyang itinuro na ang sentro ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ang mga tao, pamilya, at tahanan, na sinusuportahan ng Simbahan.[3] Samakatwid, ang Simbahan ang suporta sa pagtatatag natin ng mga walang-hanggang pamilya.

Kabilang ako sa angkan ng pamilya Wing. Pag-aari pa rin ng mga miyembro ng pamilya Wing ang pinakalumang bahay na itinayo sa New England. Ito ay tinatawag na Old Fort House. Bahay iyon ni Stephen Wing at ng kanyang pamilya pagkarating nila sa Amerika bandang 1635.

Ang sentro ng bahay ay itinayo para magbigay proteksiyon. Ang mga dingding niyon ay dalawang talampakan (0.6 m) ang kapal, yari sa mga pinutol na troso ng oak na ibinaon sa lupa para magtayo ng karaniwang garison sa New England. Ito ay may dalawang magkahiwalay na dingding. Ang espasyo sa pagitan ay puno ng sandstone para hindi tagusan ng mga pana at bala. Ang kuta ang sentro ng bahay. Nang lumaki ang pamilya Wing, nagdagdag ito sa mga gilid ng orihinal na bahay. Ngunit nanatiling proteksyon nila ang kuta, ang kanilang ligtas na kanlungan.

Marahil dapat isipin ng bawat isa sa atin na magtayo ng mga istruktura para sa ating espirituwal na seguridad na ligtas sa mga impluwensya ng mundo—mga lugar kung saan mapoprotektahan at matuturuan natin ang mga miyembro ng pamilya kung paano tumugon sa mga hamon ng mundong palaging

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

nagbabanta sa mga pinahahalagahan ng ebanghelyo. Mas gusto kong maging optimistiko, kaya umaasa pa rin ako na magkakaroon ng magandang pagbabago sa mundo. Pero mulat din ako sa katotohanan, kaya gumawa ako ng alternatibong plano sakali mang walang mangyaring magagandang pagbabago. Ang alternatibong plano ko para sa espirituwal na seguridad ay dapat nagpapaliwanag sa lahat—kapwa mabuti at masama—na isinusulong sa pamamagitan ng iba't ibang media. Saan ako maghahanap para matuto akong gumawa ng alternatibong plano para sa espirituwal na seguridad ng aking pamilya? Umaasa ako sa Simbahan—ang suporta para maitatag ko ang isang walang-hanggang pamilya.

May dalawang pangunahing dahilan kaya pinasasalamatan ko ang paghahambing ni Pangulong Lee sa Simbahan bilang suporta sa ating walang-hanggang pamilya. Una, tinutulungan ako nitong maunawaan kung ano ang Simbahan. Pangalawa, at mahalaga rin naman, nauunawaan ko na kung ano ang hindi tungkulin ng Simbahan.

Marahil pinakamainam na mailalarawan ang Simbahan bilang suporta sa pahayag ni Propetang Joseph Smith tungkol sa kanyang tungkulin bilang pinuno ng Simbahan. Sabi niya, "Tinuturuan ko sila ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili."[4] Ang mga walang-hanggang alituntunin ang suportang laan ng Simbahan. Ang mga walang-hanggang alituntuning ito ay matatagpuan sa mga doktrina ng kaharian ng Diyos at makikita sa Kanyang walang-hanggang plano ng kaligayahan. Nagpupulong tayo bilang mga miyembro ng Simbahan para ituro at matutuhan mula sa isa't isa ang mga alituntunin ng kabutihan at matanggap ang nakapagliligtas na mga ordenansa upang maging matatag at matibay ang suporta natin sa pagbuo ng ating walang-hanggang pamilya.

Pansinin na hindi tungkulin ng Simbahan na gawin ang responsibilidad ng mga magulang; sa halip, ginagabayan nito ang gawain ng mga magulang. Ang Simbahan ay nagbibigay ng walang-hanggang huwaran. Bilang mga tagabuo ng walang-hanggang pamilya, tinitiyak sa atin ng mga pangako na kung magtatatag tayo ayon sa walang-hanggang huwarang ito, ang ating pagsisikap ay makapaglalaan ng kaligtasan at proteksyong hinahanap natin para sa mga mahal natin sa buhay.

Ang hamon sa atin ay gamitin ang Simbahan bilang suporta para magkaroon ng pamilyang kasing-tatag o mas matatag ang espirituwalidad kaysa pisikal na katatagan ng Old Fort House. Paano natin ito gagawin?

### Ang Kahalagahan ng mga Tradisyon

Naniniwala ako na ang mga tradisyon ng pamilya ay parang mga pinutol na troso ng oak na ibinaon sa lupa para itayo ang Old Fort House. Gawing priyoridad ang paggalang sa mga tradisyon ng pamilya—mga tradisyon sa pista-opisyal, kaarawan, araw ng Linggo, hapunan—at ang pagkakaroon ng mga bagong tradisyon habang kayo ay nabubuhay. Igalang, isulat, at tiyaking nasusunod ninyo ang mga ito. Makikita sa mga pag-aaral na kaya sumasama sa mga barkada ang mga kabataan ay dahil sa tradisyon at ritwal na makabilang sa isang grupo na higit na makatutugon sa kanilang pangangailangan. Ganyan dapat ang pamilya. Tiyakin na lumilikha kayo ng magandang kapaligiran kung saan maaaring asamin ng inyong pamilya ang espesyal na mga okasyon ng taon na nagkakasama-sama kayo dahil sa mga tradisyon bilang isang malaking walang-hanggang pamilya.

Unawain na hindi ito simple ni madaling gawin. Tulad ng hindi itinatag ang Roma sa loob ng isang araw, gayon din naman ang mga tradisyon ng pamilya. Ang mga tradisyon ng pamilya ay makapagbibigay ng mahalaga at matibay na suporta, ngunit maraming dapat itatag sa paligid nito. Marahil ay epektibo lamang ang mga tradisyon ng pamilya kapag binigyan nila ng papel na gagampanan ang bawat miyembro ng pamilya at nagkakaisa sila sa pagsisikap na patatagin ang mga ito. Ibig sabihin, kailangang magkasama-sama at matutong magtulungan ang mga miyembro ng pamilya. Pagdating sa mga pamilya, hindi magiging makabuluhan ang pagsasama-sama ng pamilya kung hindi ito pinag-ukulan ng panahon.




*Epektibo lamang ang mga tradisyon ng pamilya kapag binigyan nila ng papel na gagampanan ang bawat miyembro ng pamilya at nagkakaisa sila sa pagsisikap na patatagin ang mga ito. Ibig sabihin, kailangang magkasama-sama at matutong magtulungan ang mga miyembro ng pamilya.*

*Kailangang maging matapang tayo sa pagpapahayag at pagpapatotoo ukol sa kabanalan ni Jesucristo. Nais nating malaman ng iba na naniniwala tayo na Siya ang pinakamahalaga sa buong kasaysayan ng sangkatauhan.*

Halimbawa, kapag balak ninyong magtrabaho, pag-isipang mabuti kung gaano karaming oras kayo kailangang magtrabaho bawat araw. Kakailanganin ba ninyong magtrabaho nang 14 na oras sa isang araw at hindi kayo makauuwi nang gising pa ang inyong mga anak? Hindi ko sinasabi na hindi ninyo dapat piliin ang gayong klaseng trabaho, pero kung pipiliin ninyo ito, kailangan ninyong humanap ng mga paraan para makaugnayan pa rin ang inyong pamilya. Ipaaalala sa inyo ng Simbahan ang inyong mga walang-hanggang priyoridad.

Pinili kong magtrabaho sa retail business. Bukas ang mga tindahan namin nang anim na araw sa isang linggo mula alas-10:00 ng umaga hanggang alas-10:00 ng gabi. Ang normal na araw ng trabaho ko ay hindi kukulangin sa 10 oras, kung minsan ay 12 hanggang 15 oras. Kinailangan kong maging maingat na mag-ukol ng oras sa mga anak ko, at naniniwala ako na dahil itinuring kong suporta ang Simbahan, patuloy kong naalala ang aking mga walang-hanggang priyoridad.



Halimbawa, binigyan ko ng part-time job ang lahat ng anak ko sa mga tindahan namin. Dati-rati ay pumaparoon ang panganay kong babae at ina-update ang mga benta para laging nasa oras ang reporting ko at mapaghambing ko ang mga benta taun-taon. Pinagawa ko sa anak kong lalaki ang accounts payable tuwing summer. Itinuro ko sa bunso kong babae kung paano gumamit ng cash register para maging part-time cashier siya. Nagbigay ito sa amin ng oportunidad na magkita-kita sa maghapon, sama-samang mananghali nang ilang araw sa isang linggo, at gumugol ng mahalagang oras na magkakasama. Ang pinakamasayang oras ng pagsasama-sama ay sa pagbiyahe papasok sa trabaho at pauwi.

### Suporta para sa Ating Propesyonal na Buhay

Naniniwala rin ako na makabibigay ng suporta ang Simbahan sa ating buhay bilang propesyonal. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kinakatawan natin ang Tagapagligtas at ang Kanyang Simbahan. Para sa atin, hindi sapat ang maging kasimbuti ng isang taong iba ang relihiyon. Itinuro ni Pangulong George Albert Smith (1870–1951) ang aral na ito nang sabihin niyang:

"Noong nakaraang taon, nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala at makausap tungkol sa ebanghelyo ang ilang kalalakihang nakatira sa komunidad na ito [Salt Lake City], na hindi mga miyembro ng ating Simbahan. Ang isang lalaki ay dalawampung taon nang nakatira dito, isang lalaking walang kapintasan ang buhay, isang mabuting mamamayan, isang kahanga-hangang negosyante, isang taong mabait sa ating mga miyembro. Sinabi niya sa akin na . . . napag-isip-isip niya na kasimbait lang tayo ng iba pang mga tao na miyembro ng ibang simbahan; wala siyang makitang anumang kakaiba sa atin.

"Nais kong sabihin sa inyo, mga kapatid ko, na para sa akin iyan ay hindi papuri. Kung

*ANG PANGINOONG JESUCRISTO*, NI DEL PARSON, © 1983 IRI; PAGLALARAWAN © IRI

hindi ako nagawang mas mabuting tao ng ebanghelyo ni Jesucristo, ibig sabihin hindi ako umunlad na tulad ng nararapat, at kung ang ating kapwa na hindi kabilang sa Simbahang ito ay makakahalubilo natin taun-taon at walang makikitang katibayan ng kabutihang dulot ng pagsunod sa mga utos ng Diyos sa ating buhay, ibig sabihin kailangan ng pagbabago sa Israel."[5]

Ang isang miyembro ng Simbahan na karapat-dapat sa temple recommend ay dapat mamukod-tangi palagi sa anumang grupo ng mga propesyonal na kinabibilangan niya. Magkaroon ng lakas-ng-loob na maging kakaiba. Huwag mag-alala na masasaktan ang iba dahil ipinamumuhay ninyo ang mga pamantayan ng Simbahan. Ipinapangako ko sa inyo na ang pagsunod sa mga pamantayan ng temple recommend ay magpapala sa inyo at hindi makasasakit sa inyo sa anumang sitwasyon.

### Ipakita ang Liwanag ng Tagapagligtas

Kapag nababasa at napapanood ko ang mga balita bawat araw, nabibigla ako sa mga problemang idinudulot natin sa ating sarili. Habang nagbabago at nagiging mas kumplikado ang mga sitwasyon, tila lalong nagiging kaunti ang mga taong bumabalikat ng mga responsibilidad na mamuno sa positibong pagbabago. Hinahamon ko kayong mga lider at magiging lider na matanto na ang mundo ay mabilis na nagbabago. Kailangang-kailangan ang mga lider na may kakayahan at tapang na harapin ang malalaking hamon sa atin ngayon.

Ang pundasyon ng moralidad na batay sa mga tradisyong itinuro ng mga Judio at Kristiyano ay tila nanghihina na sa Estados Unidos at sa iba pang mga bansa. Ang tradisyong ito ay batay sa katarungan, habag, at paggalang sa dangal ng tao. Hindi ito batay sa mga batas at reglamento kundi sa Liwanag ni Cristo sa bawat mabuti at disenteng mamamayan.

Ang bilang ng mga taong tumatanggap sa mga paniniwala at pagpapahalagang ito ay nababawasan, ngunit kayo at ako ay nananatiling tapat. Nakipagtipan tayo sa Tagapagligtas na magiging kinatawan Niya tayo. Sa pagkatawan kay Jesucristo at pagpapakita ng Ilaw ni Cristo sa ating buhay, matutulungan natin ang marami sa ating mga kapatid na maalala ang kanilang mga tradisyon at pamana ng mga Judio at Kristiyano.

Kailangang maging matapang tayo sa pagpapahayag at pagpapatotoo ukol sa kabanalan ni Jesucristo. Nais nating malaman ng iba na naniniwala tayo na Siya ang pinakamahalaga sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang Kanyang buhay at mga turo ang sentro ng Biblia at ng iba pang mga aklat na itinuturing nating mga banal na kasulatan. Inilarawan sa Lumang Tipan ang mga nangyari bago ang mortal na ministeryo ni Cristo. Inilarawan naman sa Bagong Tipan ang Kanyang mortal na ministeryo. Ang Aklat ni Mormon ang nagbigay sa atin ng ikalawang saksi sa Kanyang mortal na ministeryo. Naparito Siya sa lupa upang ipahayag ang Kanyang ebanghelyo bilang pundasyon para sa buong sangkatauhan upang lahat ng anak ng Diyos ay makilala Siya at malaman ang Kanyang mga turo. Pagkatapos ay ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Tanging sa pamamagitan ni Jesucristo maliligtas ang tao. Kaya nga naniniwala tayo na Siya ang pinakamahalaga sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang ating walang-hanggang tadhana ay lagi nang nasa Kanyang mga kamay. Napakasayang maniwala sa Kanya at tanggapin Siya bilang ating Tagapagligtas, ating Panginoon, at ating Guro.

Tandaan ang lahat ng nagawa, ginagawa, at magagawa ng Simbahan para sa inyo at sa inyong pamilya. At tandaan na hindi lamang ito basta ibang simbahan; ito ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. ■

*Mula sa mensahe sa debosyonal na ibinigay noong Enero 24, 2012, sa Brigham Young University–Idaho. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang web.byui .edu/devotionalsandspeeches.*

**MGA TALA**

1. *Washington's Farewell Address,* ed. ni Thomas Arkle Clark (1908), 14.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2001), 175.
3. Tingnan sa *Mga Turo: Harold B. Lee,* 175.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 329.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011), 8–9.



*Tandaan ang lahat ng nagawa, ginagawa, at magagawa ng Simbahan para sa inyong pamilya. At tandaan na hindi lamang ito basta ibang simbahan; ito ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo.*



**Ni Elder David S. Baxter**
Ng Pitumpu

# PAGTALIKOD SA PAGHIHIRAP

*Darating ang panahon na hindi na tayo daranas pa ng paghihirap at, sa tulong ng Panginoon, lalabas tayo mula sa kadiliman tungo sa masaganang liwanag.*

Binabanggit sa isa sa magagandang himno ng Panunumbalik, na kinatha ni Parley P. Pratt, kung paano nabuksan ang kadiliman ng apostasiya tungo sa maluwalhating liwanag ng ipinanumbalik na katotohanan:

*Umaga na, anino'y napawi;*
*Ating masdan ang bandila ng Sion. . . .*
*Sa pagsikat ng umagang maningning,*
*Dakilang magliliwanag ang mundo ngayon.*

*Napapawi na, mga kamalian,*
*Dahil sa sagradong katotohanan; . . .*
*L'walhating nagbuhat sa kalayuan*
*Sa bawat bansa'y nalalapit nang mamasdan.*[1]

Ang nakatutuwa, ginamit din ni Apostol Pablo ang analohiya ng liwanag sa pagpapaliwanag kung paano niya mapatototohanan na "sa magkabikabila ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pag-asa; pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangasisira" (II Mga Taga Corinto 4:8–9).

Ganito ang paliwanag niya sa kanyang pagtakas mula sa bingit ng espirituwal na kadiliman: "Yamang ang Dios, ang nagsabi, Magniningning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming mga puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesucristo" (II Mga Taga Corinto 4:6).

Kung minsan dumarating sa buhay ng karamihan sa atin ang mga paghihirap. Namumuo ang mga bagyo, umiihip ang malalakas na hangin, bumabagsak ang ulan, tumataas ang baha. Tila walang katapusan ang paghihirap, na talagang daranas tayo ng kawalang-katiyakan at pag-aalinlangan, pagsubok at kapighatian sa hinaharap.

Dumaranas din tayo paminsan-minsan ng malalakas na kulog, maaaring makaranas tayo ng nakasisindak na mga bagyo at pagkaligalig,



na maaaring makasira sa ating tiwala at makatinag sa pagpapahalaga natin sa sarili. Lahat ng mahalaga sa atin ay maaaring tila panandalian lamang, biglang naglalaho. Ang malaking pagbabago sa buhay ay maaaring sumira sa normal na takbo ng ating buhay.

Marahil ang di-inaasahang pagkatanggal sa trabaho ay nauwi sa matagalang kawalan ng trabaho, kawalan ng perang panggastos, o paghihirap dahil nailit na ang nakasangla nating ari-arian. Marahil ay nakaramdam tayo ng kawalan matapos magretiro pagkaraan ng isang mahaba at abala at makabuluhang propesyon. Marahil ang biglaang pagkakasakit o kapansanan ay nagpadama sa atin na parang tayo ay "nakakulong," walang magawa, walang pag-asa, at walang katiyakan. Sa gayong mga sitwasyon, madaling makaramdam ng takot, samantalang mahirap manatiling nananalig.

Alam ko mismo ang lahat ng ito. Habang nagpapagaling sa operasyon nang tanggalin ang dalawang malalaking tumor sa utak ko, paminsan-minsan ay nakadarama ako ng lungkot at panghihina ng loob at isipan dahil dito. Natuklasan ko na hindi ako kasing-tatag na tulad ng inakala ko noon. Hindi nakatulong ang gamot, at lalo lang akong nawalan ng pag-asa nang minsan o makalawang bumalik ang sakit ko. Nagsimula akong maawa sa aking sarili.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

**Magpasiyang Maging Masaya**

Pagkatapos ay nagsimulang mangyari ang ilang magagandang bagay. Sinuportahan at inunawa ako ng mabubuting kaibigan at mapagkakatiwalaang mga lider ng Simbahan, at pinakinggan ko ang kanilang payo at tinanggap ang kanilang panghihikayat. Isang hatinggabi habang ikinukuwento ko ang aking kalungkutan sa bunso naming anak na lalaki, sabi niya, "Alam n'yo, Itay, naisip ko po noon pa na ang kaligayahan ay isang desisyon." Tama siya.

Lalo akong nagpasalamat sa lahat ng pagpapalang tinatamasa ko pa rin. Natuklasan ko mismo na "ang ganito[ng klase ng pagsubok ay] hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at ayuno" (Mateo 17:21).

Nadama ko ang lakas, ang nagpapasiglang kapangyarihan, at pagmamahal ng Tagapagligtas. Kay Pablo, nagawa kong magalak sa kaalaman na hindi ako maihihiwalay ng kapighatian, problema, at panganib mula sa pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Mga Taga Roma 8:35).

Sa kabutihang-palad, ang maaasahan at tiyak na katotohanan ay na anuman ang mangyari, makasusumpong tayo ng lakas at pag-asa. Maaaring gumaan ang ating mga pasanin, kahit hindi kaagad maglaho ang mga ito. Makalalabas

*Kahit kung minsan ay tila kasingliit ng butil ng binhi ng mustasa ang ating pananampalataya, habang sumusulong tayo, papatnubayan tayo ng Diyos. Kung hihingin natin ang tulong ng langit, matatanggap natin ito—marahil maging sa di-inaasahang mga paraan.*

tayo sa kabilang dulo ng pinakamadilim na kawalan, na mas matatag at determinadong gawin ang tama, na mas mabubuting lalaki at babae.

Dahil napatunayan na sa gitna ng pagdurusa, magkakaroon tayo ng katatagan na maharap at matiis ang darating na mga pagsubok ng buhay. Dahil dito, magagamit natin ang ating mga karanasan para magpasigla at madamayan ang iba. Ang sarili nating halimbawa ng pagtitiis ay magbibigay ng pag-asa sa iba at ng inspirasyon sa ating pamilya. Mas nakaaagapay tayo sa hinaharap.

Bagama't maaaring tila ayaw tayong iwanan ng paghihirap, *mapipili nating* iwanan ito anumang oras. Ang pangako ng Panginoon sa atin tulad kay Alma at sa kanyang mga tao sa gitna ng nakasisindak na pag-uusig:

"Itaas ang inyong mga ulo at maaliw, sapagkat nalalaman ko ang tipang inyong ginawa sa akin; at makikipagtipan ako sa aking mga tao at palalayain sila mula sa pagkaalipin.

"At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod" (Mosias 24:13–14).

Bukod pa rito, pinagtibay ng Panginoon, "Hindi ko kayo iiwang mag[-]isa: ako'y paririto sa inyo" (Juan 14:18).

## Humingi ng Tulong sa Langit

Maaaring hindi nakikita ang tulong ng langit. Maaaring hindi natin kaagad makita o malaman na ang ilang pasanin na dapat sanang mapasaatin ay inalis at inilayo sa ating buhay.

Tiniyak ng Panginoon: "Masdan, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo na ang aking mga mata ay nakatuon sa inyo. Ako ay nasa gitna ninyo at hindi ninyo ako nakikita" (D at T 38:7).

Mangyari pa, maaari nating kailanganing magpasensya nang husto sa iba at sa ating sarili; madalas ay matagal lutasin ang lahat. Kahit kung minsan ay tila kasingliit ng butil ng binhi ng mustasa ang ating pananampalataya, habang sumusulong tayo, papatnubayan tayo ng Diyos. Kung hihingin natin ang tulong sa langit, matatanggap natin ito—marahil maging sa di-inaasahang mga paraan.

Magkakaroon tayo ng determinasyong magpasalamat para sa anumang mayroon tayo, sa halip na ipagdalamhati ang nawala sa atin. Ang nakatutuwa, madalas nating marinig ang saloobin ding iyan sa mga nawalan ng lahat ng kanilang ari-arian sa isang kalamidad, tulad ng napakalaking sunog, baha, o bagyo. Sa halos lahat ng pagkakataon, sinasabi nila, "Nasa amin pa rin naman ang talagang mahalaga."

Nakahihikayat ang patotoo ni Pablo:

"Aking natutuhan ang masiyahan sa anomang kalagayang aking kinaroroonan.

"Marunong akong magpakababa, at marunong naman akong magpakasagana: sa bawa't bagay at sa lahat ng bagay ay natutuhan ko ang lihim maging sa kabusugan, at maging sa kagutuman, at maging sa kasaganaan at maging sa kasalatan.

"Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Cristo na] nagpapalakas sa akin" (Mga Taga Filipos 4:11–13).

Tulad ng nakasulat, "Lahat ng di-makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."[2]

Anuman ang ating sitwasyon, darating ang panahon na hindi na tayo daranas pa ng paghihirap at, sa tulong ng Panginoon, lalabas tayo mula sa kadiliman tungo sa saganang liwanag. ■

**MGA TALA**

1. "Umaga Na," *Mga Himno,* blg. 1.
2. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 57.

# Hindi Mag-iisa Kailanman

Ni Andrea Dayne Quilla-Soleta

Sa nakaraang tatlong taon, nagkaroon ako ng pagkakataong masubukan. Natanto ko na anuman ang pagdaanan mo, nariyan ang Diyos at hindi mo kailangang pagdaanan iyon nang mag-isa.

Kaagad pagkatapos ng ika-16 na kaarawan ko, natuklasan ko na may eksema ako. Tuwing umaga hindi ko kayang tingnan ang sarili ko sa salamin at makita ang pantal-pantal sa buong katawan ko. Ipinasiya ko na ituring itong isang pagkakataon para masubukan. Sa halip na maawa sa sarili ko, sinikap kong gawin ang itinuro sa akin ng mga guro ko sa Young Women: bilangin ang mga pagpapala sa akin araw-araw sa kabila ng mga pagsubok. Kahit hindi makinis ang kutis ko ngayon, nagpapasalamat ako sa pamilya ko at mga kaibigan at sa aking mga talento sa musika. Nagpapasalamat ako na may dalawang binti ako, dalawang kamay at paa, mga mata para makakita, at mga tainga para makarinig. Alam ko na ang tunay na kagandahan ay nasa kalooban ng isang tao, hindi sa panlabas na kaanyuan.

Ngunit unti-unti kong dinamdam ang eksema ko. Hindi na ako palakaibigan na tulad ng dati at hindi na ako ngumingiti. Tiniyak ng maraming doktor na kinonsulta ko na magiging "makinis" ang kutis ko bago sumapit ang Pasko. Pero hindi pa rin. Araw-araw akong nanalangin na bigyan ako ng lakas na madaig ang aking pagkamahiyain dahil sa sakit ko sa balat.

Panay ang sabi sa akin ng lahat na huwag kong isipin ang mahirap na kalagayan ko, na dapat akong kumilos nang normal at magkunwaring wala akong sakit sa balat. Pero hindi madaling gawin iyon. Paulit-ulit nang isinasalaysay sa akin ng nanay ko ang mga kuwento sa mga banal na kasulatan, sa pag-asang mapanatag ako at mapalakas ang loob ko.

Sabi sa Doktrina at mga Tipan 24:8, "Maging matiisin sa mga paghihirap, sapagkat ikaw ay magdaranas ng marami; subalit tiisin ang mga ito, sapagkat, masdan, ako ay makakasama mo, maging sa katapusan ng iyong mga araw." Binigyan ako ng talatang ito ng payo na susundin ko habambuhay. Isinulat ko ang mga ito sa mga bookmark, sa notbuk, at sa kuwarto ko. Isa na ito ngayon sa mga paborito kong talata na naghihikayat sa akin na gawin ang lahat ng makakaya ko sa kabila ng pagsubok sa akin.

Naging mahirap tiisin ang pagsubok na ito, ngunit ngayon ay mas handa ako sa darating pang mga pagsubok. Inihanda ako ng Ama sa Langit para maharap ko ang anumang darating na mga hamon. Alam ko na ngayon na anuman ang pagdaanan ko, hindi ko kailangang pagdaanan iyon nang mag-isa. ■



*ANG NAWAWALANG TUPA*, NI DEL PARSON

Ni Laura F. Willes

# Mga Propeta sa Kapaskuhan



Ang buhay ng ating 16 na propeta sa mga huling araw ay halimbawa ng diwa ng Pasko, na nagpapaalala sa atin ng walang katulad na kaganapang nangyari sa sabsaban sa Betlehem mahigit 20 siglo na ang nakararaan: ang pagsilang ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Hindi tayo magkakamali kailanman sa pagsunod sa kanilang halimbawa—lalo na sa Pasko.

### Mga Regalo ng Pagmamahal

Ang pagbibigay ng regalo ng pagmamahal at paglilingkod sa di-gaanong mapapalad ay makikita sa mga karanasan ng mga propeta tuwing Pasko. Noong 1931, sa panahon ng Great Depression, si Pangulong Harold B. Lee ang pangulo ng isang malaking stake sa Salt Lake City, Utah. Nagpasiya si Pangulong Lee na aalamin niya ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng kanyang stake at gagawin ang lahat para matugunan ang kanilang pangangailangan. Sa pagtatanung-tanong nalaman niya na mahigit kalahati ng kanyang stake, halos 5,000 katao, ang nakaasa sa tulong ng iba, pati na ang halos 1,000 batang wala pang edad 10. Pinagkolekta niya ng mga laruan ang mga miyembro at nag-organisa siya ng mga workshop para makumpuni, mapinturahan, at malinis ang mga lumang laruan o gumawa ng mga bago para may laruan ang lahat ng bata sa Pasko. Ipinasiya niya na bawat pamilya sa stake ay dapat magkaroon ng pagkain sa Pasko at nangalap siya ng mga donasyong pagkain para mangyari iyon.[1] Kalaunan bilang Apostol, iniutos kay Elder Lee na iorganisa ang welfare program ng Simbahan batay sa gayon ding mga alituntunin ng paglilingkod, pagsasakripisyo, at pagtatrabaho.

Noong bata pa siya, ipinagdiriwang ni Pangulong Thomas S. Monson ang Pasko nang magulat siya sa tanong ng kanyang kaibigan, "Ano ang lasa ng pabo?" Sumagot siya na lasang manok iyon, pagkatapos natanto rin niya na maging iyon ay hindi pa natitikman ng kapus-palad niyang kaibigan. Hindi lang iyan, kundi walang kahit anong pagkain sa bahay ng kaibigan niya na maihahanda sa Pasko. "Nag-isip ako ng solusyon,"



sabi ni Pangulong Monson. “Wala akong pabo, manok, at pera. Pagkatapos ay naalala ko na may alaga akong dalawang kuneho. Agad kong hinawakan sa kamay ang kaibigan ko at humangos kami sa kulungan ng kuneho, inilagay namin ang mga kuneho sa isang kahon, at ibinigay ko ang kahon sa kanya at sinabing, ‘Narito, kunin mo ang dalawang kunehong ito. Masarap kainin ito—lasang manok.’ . . . Napaluha ako kaagad nang isara ko ang pintuan sa kulungan ng kuneho na walang laman. Pero hindi ako malungkot. Napuspos ng masigla at di-maipaliwanag na kagalakan ang puso ko. Hinding-hindi ko malilimutan ang Paskong iyon.”[2]

**Pagkakaisa Bilang Pamilya**

Ang isa sa pinakamasasayang Paskong naalala ni Pangulong Ezra Taft Benson ay noong 1923, nang umuwi siya sa Bisperas ng Pasko sa bukid ng pamilya sa Whitney, Idaho, USA, pagkatapos ng kanyang dalawa’t kalahating taong misyon sa England. Ang masayang muling pagkikitakita nilang ito ng kanyang mga magulang at 10 kapatid ay puspos din ng sigla at katuwaan para sa Pasko. Bilang espesyal na regalo, pinayagan siya ng kanyang mga magulang na huwag matulog para tumulong sa paghahanda para sa Pasko nang magsitulog na ang iba pang mga bata. Habang tinutulungan ang kanyang mga magulang, pabulong niyang ibinahagi ang kanyang mga karanasan sa misyon. Hindi niya napigilang umiyak sa “espesyal na gabi” na iyon sa kanyang tahanan noong bata pa siya.[3]

Ang buhay ng mga propeta ay humihikayat sa atin na mapalapit sa ating pamilya sa Kapaskuhan. Naalala ni Pangulong Joseph F. Smith ang isang Pasko noong bata pa siyang ama na wala siyang kapera-pera—ni isang sentimo—para ibili ng mga regalo ang kanyang mga anak. Bago sumapit ang Pasko lumabas siya ng bahay at ginaygay ang kalsada, na tumitingin sa lahat ng magagandang bagay sa tindahan ngunit batid na wala siyang mabibili sa mga iyon. Nang halos mawalan ng pag-asa, nakakita siya ng isang pribadong lugar at “humagulgol na parang bata” para maibsan ang sakit ng kanyang kalooban. Ngunit, matapos pahiran ang luha sa mga mata, umuwi siya at maghapong nakipaglaro sa kanyang mga anak, na “nagpapasalamat at masaya dahil lamang sa kanila.”[4] Sa kabila ng kawalan ng kakayahang regaluhan sa Pasko ang kanyang mga anak, naibigay pa rin niya sa kanila ang pinakamagagandang regalong maibibigay ng kahit sinong ama—ang kanyang pagmamahal at panahon.

Ginugol ni Propetang Joseph Smith ang Pasko noong 1838 na nakakulong sa Liberty Jail sa Missouri. Ikinulong siya at ang ilang kasamahan niya sa isang maliit na bartolina sa basement na malamig, marumi, at mausok dahil sa sigang napilitan silang gamitin. Napakababa ng kisame kaya hindi sila makatayo nang tuwid. Ngunit may isang masayang sandali noong Paskong iyon. Nakadalaw ang asawa ng Propeta na si Emma kay Joseph nang ilang araw bago sumapit ang Pasko. Bukod pa rito, nadala niya ang kanilang anak na si Joseph Smith III. Dama ang pagmamahal ng kanyang pamilya, isinulat ni Joseph ang mga kataga ng panghihikayat sa mga Banal mula sa bartolina: “Nagpupuri kami sa aming pagdurusa, dahil alam namin na sumasaamin ang Diyos.”[5]

Noong 1937, si Pangulong Joseph Fielding Smith ay parang naninibago pa sa buhay sa pagpanaw ng pinakamamahal niyang asawang si Ethel, na kamamatay lamang. Hiniling ni Ethel na si Jessie Evans, isang dalagang may magandang tinig, ang kumanta sa kanyang libing. Sa paghaharap na iyon, mas nagkakilala sina Jessie Evans at Joseph Fielding Smith at nauwi sa pag-iibigan ang paghanga nila sa isa’t isa. Tinanggap ni Jessie Evans ang alok niyang magpakasal pagkaraan lamang ng Pasko. Habang pinag-iisipan ang mga regalong natanggap niya noong Pasko ng 1937, isinulat ni Pangulong Smith, “Natanggap ko [si Jessie] bilang regalo sa Pasko, na pinasasalamatan ko.”[6] Ikinasal sila nang sumunod na Abril.

MGA PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN



Isa sa mga taunang tradisyon ng pamilya ni Pangulong David O. McKay ang pasakayin ang mga apo nila sa bobsleigh na hatak-hatak ng isang grupo ng matitikas na kabayo, na may "mga kampanilya sa leeg na kumukuliling." Ang pagsakay na iyon ay isa sa mga paborito nilang tradisyon. Ipinagpatuloy ito ni Pangulong McKay hanggang sa lumampas siya sa edad 80. Para hindi ginawin, isinusuot noon ni Pangulong McKay ang kanyang mahaba at makapal na raccoon coat at malalaking guwantes. Sumasakay ang maliliit na apo sa sleigh, ngunit ang mga nakatatanda ay "nagsisidating sakay ng sarili nilang sled" na nakatali sa likod ng bobsleigh. Ang di-malilimutang mga pagdiriwang na ito sa Pasko ay nagtatapos kung minsan sa mga pagkanta ng mga awiting Pamasko sa paligid ng piyano at pagkanta ng "Pag-ibig sa Tahanan."[7]

### Isang Patotoo Tungkol kay Jesucristo

Marahil ang pinakamahalaga, itinuturo sa atin ng mga karanasan ng mga propeta sa araw ng Pasko na palakasin ang ating patotoo tungkol kay Jesucristo habang nakatuon sa Kanya ang ating mga pagdiriwang. Noong 1876 malapit nang matapos ang St. George Utah Temple. Ang seremonya sa paglalaan para sa basement, main room, at sealing room ay iniskedyul noong Enero 1, 1877.[8] Dahil pitong araw lang bago ang paglalaan ay Pasko na, marami sa St. George ang nagmadali sa pagtatrabaho para matiyak na matatapos sa oras ang templo.

Itinala ni Pangulong Wilford Woodruff, na nagsilbing unang pangulo ng templo, sa kanyang journal na sa araw ng Pasko ay abala ang mga tao sa paglalagare at ginugol ng 40 babae ang maghapon sa templo sa pananahi ng mga karpet. Naglatag sila ng karpet at nagkabit ng mga kurtina.[9]

Bagama't muntik na silang hindi makatapos sa oras, sulit ang pagod sa alay nila sa Kapaskuhang iyon. Ang gawaing ito ang naging pagdiriwang nila ng Pasko. Sa harap ng 2,000 kataong naroon noong Enero 1, ibinigay ni Pangulong Woodruff ang panalangin sa paglalaan para sa mga bahagi ng templo—mahigit 30 taon matapos mapilitang lisanin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Nauvoo Temple.

Noong Ika-II Digmaang Pandaigdig, maraming lungsod sa Estados Unidos ang nagpatupad ng blackout gabi-gabi para makatipid ng kuryente. Sa Salt Lake City pinatay ang mga ilaw sa Salt Lake Temple. Maraming taon na nanatiling madilim ang templo sa isang madilim na lungsod. Nang ideklarang tapos na ang digmaan sa Europa, iniutos ni Pangulong Heber J. Grant na sindihang muli ang mga ilaw ng templo.

Para sa Pasko ng 1945, gumawa si Pangulong George Albert Smith ng isang nakapagbibigay-inspirasyon at makabuluhang Christmas card. Sa harapan nito ay may larawan ng tatlong eastern spire ng Salt Lake Temple na naiilawan nang maganda sa matingkad na asul na background at nakatayo sa ibabaw nito ang estatwa ng anghel

na si Moroni. Sa ilalim ay nakasulat ang mga salitang "Pasko—1945" at ang mensaheng "Muling binuksan ang mga ilaw."[10] Wala nang iba pa na higit na kakikitaan ng kagalakan na nadama ng lahat pagkaraan ng napakaraming taon ng kamatayan at pagkawasak.

Ngunit ang magandang Christmas card na ito ay paraan din ni Pangulong Smith ng pagbabahagi ng kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Tulad ng pagtatapos ng digmaan na naghatid ng kapayapaan at liwanag sa madidilim na lugar, ang Panunumbalik ng ebanghelyo pagkatapos ng napakahabang Apostasiya ay "muling nagbukas" sa mga liwanag ng katotohanan para sa lahat ng tao sa mundo.

Pinatototohanan ng mga halimbawa ng pagmamahal, paglilingkod, pananampalataya, at pagsasakripisyo ng ating mga propeta sa mga huling araw na ang tunay na kagalakan sa Kapaskuhan ay nagmumula sa pamumuhay na tulad ni Cristo. Sabi nga ni Pangulong Howard W. Hunter, "Ang tunay na Pasko ay dumarating sa kanya na tumanggap kay Cristo sa kanyang buhay bilang isang buhay, makapangyarihan, at nagpapalakas na puwersa. Ang tunay na diwa ng Pasko ay nasa buhay at misyon ng Panginoon."[11] ■





**MGA TALA**

1. Tingnan sa Larry C. Porter, "Remembering Christmas Past," *BYU Studies,* tomo 40, blg. 3 (2001): 94–96.
2. Thomas S. Monson, "Christmas Gifts, Christmas Blessings," *New Era,* Dis. 1986, 7.
3. Tingnan sa Porter, "Remembering Christmas Past," 104–5.
4. Joseph F. Smith, "Christmas and New Year," *Improvement Era,* Ene. 1919, 267.
5. Joseph Smith, sa Porter, "Remembering Christmas Past," 53.
6. Joseph Fielding Smith, sa Joseph Fielding Smith Jr. at John J. Stewart, *The Life of Joseph Fielding Smith* (1972), 255.
7. Tingnan sa David Lawrence McKay, *My Father, David O. McKay* (1989), 70–71.
8. Ang huling paglalaan ng natapos na St. George Utah Temple ay idinaos pagkaraan ng apat na buwan, noong Abril 6–8, 1877.
9. Tingnan sa *Wilford Woodruff's Journal,* ed. ni Scott G. Kenney, 9 tomo (1983–85), 7:297.
10. Tingnan sa Albert L. Zobell Jr., "It Being Christmas," *Improvement Era,* Dis. 1949, 826–27.
11. *The Teachings of Howard W. Hunter,* ed. ni Clyde J. Williams (1997), 269.

**Ni Aaron L. West**
Publishing Services Department


# MGA SAGRADONG Pagbabago

*Ang San Salvador El Salvador Temple ay hindi lamang nagpabago ng tanawin; ang impluwensya nito ay nagpapabago ng mga puso, pamilya, at ng buong bansa.*

## Pagbabago sa Burol

Noong Setyembre 20, 2008, mga 600 Banal sa mga Huling Araw ang nagtipon sa isang burol na basang-basa ng ulan sa lungsod ng San Salvador, El Salvador. Nakatayo sila sa lupaing ginamit nang maraming taon bilang isang malaking taniman. Sa pamamahala ng Central America Area Presidency, sama-sama silang nanalangin at nagbahagi ng patotoo. Ang ilan sa kanila ay nagtusok ng mga bagong pala sa sinaunang lupa, na inaasam ang isang pagbabagong di-maglalaon ay darating sa piling lugar na iyon.

Noong Agosto 21, 2011, binati ng libu-libong mapitagan at masasayang Banal sa mga Huling Araw ang isa't isa sa burol ding iyon. Hindi na iyon isang malaking taniman, iyon ay naging pinakasagradong lugar sa El Salvador. Nagtipon ang mga Banal sa paligid ng templo. Sabik nilang hinintay ang pagdating ng propeta, si Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan, na maglalaan sa templong iyon sa Panginoon. Sinabi ng isang matagal nang miyembro ng Simbahan, nang halos pabulong, na ang lugar ay



*Ang groundbreaking para sa San Salvador El Salvador Temple ay tanda ng pagsisimula ng isang sagradong pagbabago sa lugar.*

LARAWANG KUHA NI ZACH GRAY, HINDI MAARING KOPYAHIN

parang hiwalay sa kapaligiran nito—"isang munting bahagi ng langit sa lupa."

*Tulad ng dating taniman na pinagtayuan ng San Salvador El Salvador Temple, ang buhay nina Amado at Evelyn Vigil ay binago ng ebanghelyo ni Jesucristo.*

### Pagbabago ng Isang Pamilya

Noong Abril 2010, nag-alala si Evelyn Vigil na nawawalan na ng pananampalataya ang kanyang asawang si Amado. Hindi na siya nagsisimba kahit saang simbahan sa loob ng 11 taon, dahil naniwala siya na walang totoong Simbahan. Samantala, patuloy si Evelyn sa pananalig sa Diyos, at nagpalipat-lipat siya ng simbahan, sabik na marinig ang Kanyang salita ngunit kailanman ay hindi nasiyahan sa kanyang narinig. May mga umaga na nagigising siyang umiiyak. Sa mga araw na iyon, nagsumamo siya na patnubayan siya ng kanyang Ama sa Langit. Itinanong niya sa Kanya kung bakit hindi tama ang kanyang pakiramdam sa alinmang simbahang dinaluhan niya, kahit gustung-gusto niyang malaman ang tungkol sa Kanya. Nanalangin din siya na magkaisa sa isang simbahan ang kanyang pamilya balang-araw.

Pagsapit ng Agosto 23, 2011, nakaranas ng pagbabago sina Amado at Evelyn Vigil na katulad ng pagbabagong nangyari sa burol na iyon sa kanilang kabiserang lungsod. Nakadamit ng puti, pumasok sila sa isang sealing room kasama ang kanilang anak na si Michelle, edad siyam, at kanilang anak na si Christian, edad tatlo. Sila ang unang pamilyang ibinuklod para sa panahong ito at sa kawalang-hanggan sa San Salvador El Salvador Temple. Gaya ng templong pinasok nila, inilaan nila ang sarili na paglingkuran ang Panginoon, at nagkaisa sila sa katapatan.

### Ang Kuwento ng mga Vigil

"Nagsimula ang aming kuwento," pag-alaala ni Amado, "nang makita namin ang dalawang elder—hindi pala, nang makita nila kami. Papaalis kami sa bahay ng mga magulang ni Evelyn, at dala-dala namin ang aming mga pinamili. Napansin namin na nakita kami ng mga elder at tumawid sila papunta sa amin. Buong kabaitang itinanong ng isa sa kanila kung maaari nila kaming tulungan.

"Itinanong din nila kung papayag kaming bisitahin nila. Sabi ko'y oo, sa kagustuhan kong mag-usisa. Hanggang sa sandaling iyon, wala akong gaanong alam tungkol sa Simbahan—tanging mga komento lamang na narinig ko mula sa ibang tao.

"Matapos akong pumayag na bisitahin ng mga elder sa bahay namin, sinabi ko sa asawa ko, 'Huwag kang masyadong matuwa tungkol dito. Huwag mong isipin na magdedesisyon akong sumapi sa isang simbahan. Gusto ko lang malaman kung ano ang sasabihin nila.'


"Nagsimulang bumisita sa amin ang mga elder. Handa na akong paalisin sila nang maayos kung may sabihin silang hindi tama para sa akin. Pero napakabait nila, at humanga ako na wala silang sinabing masama tungkol sa ibang mga simbahan. Nagturo sila nang may pagmamahal at sigasig, at matiyaga sila kapag marami akong itinatanong. Agad silang napamahal sa amin."

Unti-unti, inihanda nina Amado at Evelyn ang kanilang sarili na mabinyagan at makumpirmang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pinakamalaking hamon kay Evelyn ay ang Word of Wisdom. Nalungkot siyang malaman na kailangan niyang tigilan ang pag-inom ng kape. Walang kailangang talikurang masasamang bisyo si Amado; kinailangan lang niyang matutuhang tanggapin ang katotohanan. Naniwala siya sa itinuturo ng mga misyonero, at kinilala pa niya ang maraming doktrina at gawain na naisip nilang mag-asawa na wala sa ibang mga simbahan, tulad ng mga walang-hanggang pamilya, binyag para sa mga patay, at pakikisalamuha at organisasyon sa Simbahan. Ngunit nag-alangan siyang mangakong magpabinyag. Nag-alala siyang sumapi sa Simbahan at pagkatapos ay malaman lamang na mali ang kanyang desisyon.

Agad naglaho ang mga alalahaning ito. Nanalangin si Evelyn na tulungan siya at natigil ang hilig niyang magkape, at sinabing, "Hindi ko hahayaang makahadlang ito sa akin sa pagtanggap ng mga pagpapala." Pagkaraan ng mga dalawang buwan ng pag-aalangan, nangakong magpabinyag si Amado. Ngayon, ayon kay Evelyn, madalas nitong sabihing, "Kailangan nating tanggapin ang doktrina."

### Mga Pagbabago at Pagpapala

Sina Amado, Evelyn, at Michelle ay bininyagan at kinumpirma noong mga unang araw ng Hunyo 2011. "Mula noong mabinyagan kami," sabi ni Evelyn, "nadama ko na nagsisimulang magbago ang lahat. Nagkaisa ang aking pamilya sa Simbahan. Natagpuan namin ang ipinanumbalik



*Patuloy na babaguhin ng templo ang buhay at puso ng mga Salvadoran.*

na ebanghelyo. Nagkaroon kami ng mga pagsubok at karamdaman simula noon, ngunit maraming pagpapala ang ibinigay sa amin ng ating Ama sa Langit."

Sabi ni Amado: "Ang unang pagbabagong napansin ko ay ang pagkakaisa ng aming pamilya. Hindi naman sa watak-watak kami dati, kundi lalo kaming nagkaisa. Nakatulong sa amin ang mga doktrina ng ebanghelyo. Nang ituro sa amin ng mga lider ng Simbahan ang kasagraduhan ng pamilya, pinag-isipan namin nang husto ang pagpapahalagang dapat naming ibigay sa aming pamilya."

Nakita rin ng bishop ng mga Vigil, na si César Orellana, ang mga pagbabago sa kanilang buhay. Matapos silang mabinyagan, agad nilapitan ni Amado si Bishop Orellana at sinabi, "Gusto po naming magbayad ng ikapu, pero hindi namin alam kung paano."

Ipinaliwanag ni Bishop Orellana na ang ikapu ay 10 porsiyento ng kanilang kinita. Medyo nag-alala si Amado. Noon ang may trabaho ay si Evelyn, pero si Amado ay wala. "Lagi po kaming kapos," paliwanag ni Amado sa kanyang bishop, "pero gusto po naming magbayad ng ikapu."

Sumagot si Bishop Orellana, "Brother, maraming ipinangako ang Panginoon." Sabay nilang binasa ang mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa mga pagpapalang nagmumula sa tapat na pagbabayad ng ikapu, pati na ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang si Malakias: "Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, . . . at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10).

Matapos sabay na basahin ang mga talatang ito, tumingin si Bishop Orellana sa bagong binyag at sinabi, "Kung dahil sa pagbabayad ng ikapu ay hindi ka makabayad ng tubig o kuryente, magbayad ka ng ikapu. Kung dahil sa pagbabayad ng ikapu ay hindi ka makabayad ng renta, magbayad ka ng ikapu. Kahit dahil sa pagbabayad ng ikapu ay wala kang sapat na pera para pakainin ang iyong pamilya, magbayad ka ng ikapu. Hindi ka pababayaan ng Panginoon."

Nang sumunod na Linggo, muling nilapitan ni Amado si Bishop Orellana. Sa pagkakataong ito wala siyang itinanong. Basta iniabot na lang niya ang isang sobre sa kanyang bishop at sinabing, "Bishop, heto po ang aming ikapu."

Habang pinag-iisipan ang karanasang ito, sinabi ni Bishop Orellana, "Simula noon, naging tapat na sila sa pagbabayad ng ikapu." Tumanggap ng ilang aytem ang pamilya mula sa bishops' storehouse noong nagipit sila sa pera. Bukod pa rito, pinagpala sila ng Panginoon na mapangalagaan nila ang kanilang sarili. Nataas ng puwesto sa trabaho si Evelyn, at nakakita ng magandang trabaho si Amado. Kalaunan nawalan ng trabaho si Evelyn, ngunit patuloy silang nagbayad ng ikapu at tumanggap ng espirituwal at temporal na mga pagpapala dahil sa kanilang katapatan. Minsan ay kinumusta ni Bishop Orellana kay Amado ang kalagayan ng pamilya. Sagot ni Amado, "Okey lang po kami. Kung minsan wala kaming

gaanong makain, pero sumasapat pa rin naman. At higit sa anupaman, may tiwala kami sa Panginoon."

Matapos magbayad ng ikapu nang ilang panahon, kinausap nina Evelyn at Amado si Bishop Orellana tungkol sa mga pagpapalang natanggap nila. Sa pagbanggit sa Malakias 3:10, sinabi nilang, "Napatunayan namin na di kami pababayaan ng Panginoon." At totoo ang ipinangako ni Bishop Orellana, hindi sila pinabayaan ng Panginoon kailanman.



*Ang mga Vigil ang unang pamilyang nabuklod sa San Salvador El Salvador Temple, na inilaan noong Agosto 2011.*

## Isang Bagong Pananaw

Magiliw na ikinukuwento nina Evelyn at Amado ang araw na nagtipon ang kanilang pamilya sa sealing room. Nag-alala sila na kapag natanggap na nila ang kanilang endowment at handa na para sa ordenansa ng pagbubuklod sa araw ding iyon, ay maging malikot ang kanilang mga anak. Nag-alala sila lalo na sa kanilang tatlong-taong-gulang na malikot na anak, na si Christian. Ngunit pumasok ang mga bata sa sealing room nang tahimik at mapitagan, na nagpapakitang naunawaan nila kung bakit sila naroon. At nang oras na para makibahagi ang mga bata sa ordenansa ng pagbubuklod, lumapit si Christian sa altar, nang hindi sinasabihan o binubulungan, at lumuhod sa tabi ng kanyang mga magulang.

Naaalala ni Evelyn na nakita niya ang kanyang pamilya sa mga salamin. Sinabi rin ni Amado na nakita rin niya iyon, hindi lamang sa templo kundi sa araw-araw na buhay. Pinasasalamatan niya ang walang-hanggang pananaw na gumagabay ngayon sa kanyang buhay—isang pananaw na tila dama nina Michelle at Christian nang sila ay nasa bahay ng Panginoon. Ang pananaw na ito ay lumawak pa magmula noon, lalo na nang magkaroon ng isa pang anak na babae ang mga Vigil—si Andrea, na isinilang sa tipan noong Agosto.

## Isang Ilaw sa Ibabaw ng Burol

Ang pamilya Vigil ay habampanahong nagbago sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo at ng impluwensya ng Kanyang templo sa kanilang bansa. Dahil naging sagradong lugar na ang isang taniman, naging mas sagrado ang kanilang sariling tahanan.

Sa maraming paraan kinakatawan nila ang pangako sa buong bansa. Ang El Salvador ay tahanan ng milyun-milyong mabubuti at matatapat na tao na araw-araw na tinutukso ng mga makamundong bagay. Mahal ng mga Banal na Salvadoran ang kanilang lupang sinilangan, at nakakakita sila ng panibagong pag-asa kapag nakikita nila ang templo ng Panginoon doon. Nagkaroon sila ng katiyakan sa mga sumusunod na salita mula sa panalangin sa paglalaan ng templo na ibinigay ni Pangulong Eyring:

"Dalangin namin na mapasa-bansang ito ng El Salvador ang Inyong mga pagpapala. Antigin po Ninyo ang puso ng mga namamahala, nang mabiyayaan ng kalayaan at oportunidad ang mga tao. Nawa'y mamayani ang kapayapaan sa lupain.

"Paunlarin po Ninyo ang Inyong gawain sa lupaing ito. Nawa'y antigin ng mensahe ng ebanghelyo ang puso ng mga tao sa buong bansa. Nawa'y magpabinyag sila, at manatiling nananalig at tapat sa Inyo. . . .

". . . Lakip ang pasasalamat sa aming puso, inilalaan at iniaalay namin ang banal na istrukturang ito at ang kapaligiran nito sa pagsasakatuparan ng Inyong kalooban at pagsasagawa ng Inyong walang-hanggang gawain. Dalangin namin na madama ang impluwensya nito sa buong lupain bilang isang ilaw sa ibabaw ng burol."[1]


Halos buong impluwensya nito ay tiyak na madarama sa pamamagitan ng paglilingkod at halimbawa ng mga taong katulad ng pamilya Vigil. Habang pinapahiran ang mga luha at sinisikap magsalita sa kabila ng nadarama, magiliw na ikinukuwento ngayon ni Amado Vigil ang tungkol sa mga misyonero na nagbigay-daan para mapalapit siya at ang kanyang pamilya kay Cristo at matanggap ang mga pagpapala ng templo. "Umaasa kami na magmimisyon ang aming mga anak," wika niya, "para mapagpala nila ang ibang mga pamilya, tulad ng pagpapalang hatid ng mga binatang iyon sa aming pamilya." ■

**TALA**

1. "'May Peace Reign in the Land'—Dedicatory Prayer for El Salvador Temple," *Church News,* Ago. 27, 2011, ldschurchnews.com.







# PAGTUON NG PANSIN SA *WALANG-HANGGANG* PAMILYA

*Ang pagtatayo ng templo sa El Salvador ay naging malaking pagpapala para sa dalawang magkapatid na tumulong sa kanilang mga magulang na makabalik sa Simbahan.*

**Ni Mindy Raye Friedman**
Mga Magasin ng Simbahan

Sina Kevin at Jacqueline S., na magkapatid sa El Salvador, ay matalik na magkaibigan, at sinusuportahan nila ang isa't isa sa lahat ng bagay. Malaki ang pagmamahal nila sa ebanghelyo at sa kanilang pamilya. Gusto nilang magkasama-sama ang kanilang pamilya magpakailanman.

Noong bata pa sina Kevin at Jacqueline, tinatanong ng mga tao sa simbahan ang tatay nila, "Kailan kayo mabubuklod sa templo?" At ang sagot niya, "Kapag may templo na sa El Salvador."

### Pagdarasal para sa Kanilang mga Magulang

Gayunman, nang ibalitang itatayo ang San Salvador El Salvador Temple noong 2007, hindi na nagsisimba ang mga magulang nina Kevin at Jacqueline. Ngunit patuloy na nagsimba si Kevin, na edad 18 na, at si Jacqueline, na edad 15, at nagdarasal na magsimbang muli ang kanilang mga magulang balang-araw.

"Kailanma'y hindi ako tumigil sa pagdarasal at paghiling sa Ama sa Langit na maging aktibo silang muli," sabi ni Jacqueline. "Alam ko na nais ng Ama sa Langit ang pinakamabuti para sa amin, at nais Niya kaming maging walang-hanggang pamilya."

Sinikap din nilang maging mabubuting halimbawa sa kanilang mga magulang. "Hindi ako kailanman nawalan ng pag-asa," sabi ni Kevin. "Lagi akong nagbabasa ng mga banal na kasulatan at nagdarasal, at nakikita ako ng mga magulang ko na nag-aaral at umaalis para mag-home teaching at dumadalo sa mga aktibidad ng Simbahan. Sa pagsisikap kong sundin ang mga utos at umunlad sa ebanghelyo, nakita ng mga magulang ko ang aking halimbawa."

### Pagdama sa Diwa ng Templo

Dininig ang mga panalangin nina Kevin at Jacqueline para sa kanilang mga magulang nang malapit nang matapos ang templo. "Nang ibalita ng aming mga lider ang paglalaan at kultural na pagdiriwang, inanyayahan namin ang aming mga magulang," sabi ni Kevin. "Sinabi namin sa kanila ang pribilehiyo naming mga kabataan na makibahagi, at naengganyo sila nang husto at natulungan silang umunlad sa espirituwal."

Bukod sa pagdalo sa kultural na pagdiriwang, nakadalo rin ang pamilya sa open house ng templo.

"Kahit matagal nang hindi nagsisimba ang mga magulang ko, sagrado pa rin ang turing nila sa Simbahan at sa ebanghelyo," sabi ni Kevin. "Pagpasok namin sa templo, sinimulang ipaliwanag ni Itay sa amin ng mga kapatid kong babae na kapag pumapasok tayo sa templo, nagsusuot tayo ng puti at doon natin isinasagawa ang mga sagradong ordenansa."

Namangha si Kevin na nanatiling tahimik ang kanyang dalawang-taong-gulang na kapatid na babae, na karaniwan ay malikot, habang nasa loob sila ng templo, at napansin niya kung paano lumuha ang kanyang ina nang tingnan niya ang iba't ibang silid at mga painting. Nang pumasok ang pamilya sa sealing room, ipinaliwanag sa kanila ng isang volunteer tour guide na dito sama-samang ibinubuklod ang mga pamilya magpakailanman.

"Pagkatapos ay isa-isa kaming hinawakan ng musmos naming kapatid na babae at sinabing, 'Ang nanay ko, ang tatay ko, si Kevin ko, si Jacqueline ko,'" sabi ni Jacqueline. "Parang nagsalita ang Ama sa Langit sa pamamagitan niya para sabihin sa amin na talagang sa kanya lang kaming lahat."

"Pagkatapos niyapos niya kami at hinalikan at nakaturo siya sa mga salamin," sabi ni Kevin. "Tiningnan namin ang aming sarili sa mga salamin, at kamangha-mangha iyon. Paglabas namin ng sealing room noong araw na iyon, nagplano kaming bumalik doon."




### Muling Pagkakaroon ng Pananaw

Matapos dumalo sa temple open house, nagsimulang gumawa ng ilang pagbabago ang pamilya. "Mula nang



MGA LARAWAN © IRI



## ANG PINAKA-MAHALAGANG MITHIIN

"Kung hindi pa kayo nakapunta sa templo, o kung *nakapunta* na kayo ngunit sa ngayon ay hindi kayo karapat-dapat humawak ng recommend, wala nang ibang mas mahalagang mithiing dapat ninyong pagsikapan kundi maging karapat-dapat na makapunta sa templo. . . . Ang pinakamahalaga at pinakamataas na pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan ay ang mga pagpapalang natatanggap natin sa mga templo ng Diyos."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2011, 93.**

makapunta kami sa templo, muling nagkaroon ng pananaw ang aming pamilya," sabi ni Kevin. "Simula noon nagkaroon na kami ng family home evening, at isinasama kami ng mga magulang namin sa simbahan at nauupo sa tabi namin sa mga upuan sa harapan ng chapel."

Noong Agosto 2011, dama nina Kevin at Jacqueline na mapalad sila at katabi nila ang kanilang mga magulang sa stake center nang panoorin nila ang brodkast ng paglalaan ng templo.

"Nang ibalitang magtatayo ng templo noong 2007, di-gaanong aktibo ang mga magulang ko, at akala ko hindi ako magkakaroon ng pagkakataong makasama sila sa paglalaan," sabi ni Kevin. "Habang nakaupo sila sa tabi ko, talagang nadama ko na sinagot ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin. Ang makasama roon ang aking pamilya ay isa sa pinakamalaking mga pagpapala sa buhay ko."

"Ang karanasang ito sa templo ay nagpalakas sa akin," sabi ni Jacqueline. "Ang nagpalakas sa akin nang higit kaysa anupaman ay ang makita na binabago ng templo ang mga buhay, dahil tinulungan nito ang mga magulang ko na maging aktibong muli sa Simbahan. Ngayon ay mithiin naming magpabuklod sa templo. Alam ko na nais ng Ama sa Langit ang pinakamabuti para sa atin." ■



## KAPAG MAY PAG-IBIG SA TAHANAN

Napakalapit sa isa't isa ng magkapatid na sina Kevin at Jacqueline, at nalaman nila na ang ugnayan ng magkakapatid ay maaaring maging napakasayang bahagi ng buhay. Ganito nila sinusuportahan ang isa't isa.

Sabi ni Jacqueline, "Lagi akong tinutulungan ng kapatid ko sa mga tungkulin ko sa bahay at sa paaralan. Lagi niya akong sinusuportahan, at alam ko nang walang pag-aalinlangan na mahal niya ako at susuportahan anumang oras. Kapag nalulungkot ako o may problema, lagi siyang naroon para palakasin ang loob ko."

Sabi ni Kevin, "Kapag pinanghihinaan ako ng loob, sinusuportahan at hinihikayat ako ng kapatid ko. Sinasabi niya sa akin ang magagandang bagay tungkol sa aking sarili, at gumaganda ang pakiramdam ko dahil diyan. Marami akong natutuhan sa kanyang halimbawa. Sa mga pagkakataong gusto ko nang isuko ang pananampalataya ko, sinasabi niya sa akin na huwag mag-alinlangan at bubuti ang mga bagay-bagay kaysa inaasahan ko."

Sinasabi ng dalawang kabataang ito na masaya sila sa kanilang ugnayan at sa katotohanan na hindi sila nag-aaway na katulad ng marami sa magkakapatid. "Masasabi ninyong kakatwa kami, pero pinasasalamatan ko ang aking Ama sa Langit sa ugnayan naming magkapatid," sabi ni Kevin.



# NADARAMA ANG KANYANG PAGMAMAHAL SA PAMAMAGITAN NG PAGLILINGKOD

**Ni Mishelle Wasden**

Dalawang linggo iyon bago sumapit ang Pasko, at abalang-abala ako. May mga regalo akong kailangang bilhin, christmas tree na lalagyan ng dekorasyon, at ipadadalang mga regalo.

Ilang buwan akong nahirapan sa araw-araw na gawaing kinakaharap ng isang ina na may limang maliliit na anak. Nadama ko pa nga na nagsisimba lang ako dahil kailangan lang habang sinasaway ko sa paglilikot ang aking mga anak. Inasam kong higit pang mapasaakin ang Espiritu at maragdagan ang mga espirituwal na karanasan ko sa buhay.

Sa panahong ito bumili ang kapatid ko ng bagong bahay sa kalapit na estado at sinikap na ayusin ang mga bagay-bagay bago sumapit ang Pasko. Malaking trabaho iyon sa sinumang pamilya, ngunit para sa kanya mas mahirap pa ito. Walong buwan na ang ipinagbubuntis ng kapatid ko, na isang ina ng dalawang maliliit pang bata, at tagapag-alaga ng kanyang asawang paralisado ang mga kamay at paa.

Batid na nahihirapan siya, tinawagan ko siya para kumustahin. Maganda ang pakiramdam niya tungkol sa paglipat at umaasa siyang susuportahan siya ng mga miyembro ng bago niyang ward. Pagkatapos naming mag-usap ibinaba ko ang telepono, ipinagdasal na maging maayos sana siya at inisip kung paano ko siya matutulungan samantalang 400 milya (650 km) ang layo ko sa kanya.

Noong gabing iyon paulit-ulit na sumagi sa isipan ko na kailangan kong pumunta roon para tumulong. Pero nang tingnan ko ang iskedyul ko, inalis ko iyon sa isip ko at natulog na ako.

Kinabukasan nagising ako na iyon pa rin ang nasa isip ko. Napakatindi ng inspirasyon sa pagkakataong ito kaya hindi ko ito maaaring balewalain. Kinausap ko ang asawa ko at sinabi ko, "Kailangan kong puntahan at tulungan ang kapatid ko." Walang pag-aatubiling sumagot siya, "Matagal ko nang naiisip iyan."

Tinawagan ko ang kapatid ko, sinabi ko ang mga plano ko, at kumuha ako ng tiket sa eroplano para sa hapong iyon. Agad kong inihanda ang maleta ko, hinagkan ko ang aking mga anak at nagpaalam sa kanila, at nagpunta na ako sa airport.

Sa sumunod na tatlong araw naglabas ako ng mga gamit na nakakahon, nag-ayos ng mga silid, at tumulong sa paglalagay ng dekorasyon sa Christmas tree. Matapos mailabas ang laman ng halos lahat ng kahon, naupo kami ng kapatid ko at ng kanyang pamilya, at hinangaan ang maganda nilang Christmas tree. Sabi ng limang-taong-gulang kong pamangkin, na nasiyahan na handa na ang kanyang pamilya para sa Pasko, "Magiging maganda ang Paskong ito!"

Sa eroplano pauwi, alam ko na sa pagbibigay ng bahagi ng sarili ko sa magiliw na pamilyang ito, nadama ko ang Espiritu, na matagal ko nang inaasam na madama. Dumating iyon dahil pinaglingkuran ko ang iba.

Madaling magsalita tungkol sa paglilingkod sa Kapaskuhan, basta't ang paglilingkod na iyon ay akma sa ating iskedyul at hindi malaking gastos o abala sa atin. Ngunit para talagang madama ang tunay na diwa ng Pasko, kailangan nating tumulong sa iba. Ang paggawa niyan ay magpapaunawa sa atin ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas sa bawat isa sa atin. ■

### WALANG-HANGGAN AT NAPAKAHALAGANG PAGLILINGKOD

"Marahil ang pinakapamilyar at pinakamahalagang halimbawa ng di-makasariling paglilingkod at pagsasakripisyo ay ginagawa sa ating pamilya. Inilalaan ng mga ina ang kanilang sarili sa pagluluwal at pag-aaruga ng kanilang mga anak. Iniuukol ng mga asawang lalaki ang kanilang sarili sa pagtustos sa pangangailangan ng kanilang asawa at mga anak. Ang mga sakripisyong kalakip sa napakahalagang paglilingkod sa ating mga pamilya ay napakarami para banggitin pa at napakapamilyar kaya't hindi na kailangang banggitin."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sakripisyo," *Liahona*, Mayo 2012, 22.**

PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN



**Ni Bishop Gary E. Stevenson**
Presiding Bishop

# Ang Kaligtasan at Kapayapaang Dulot ng Pagsunod sa mga Kautusan

*Ang mga huwaran at katotohanang matatagpuan sa Aklat ni Mormon ay malinaw at may itinuturo, simple at mahalaga. Kapag nagsimula tayo sa kabutihan at pagsunod, magtatapos tayo sa mga pagpapala at kagalakan.*


Sa panahong ito ng digital information, tila hindi maaaring lumagpas ang balita sa loob ng 24-oras nang hindi paulit-ulit na ipinapakita ang mga kabanata ng isang pamilyar na kuwento. Ang mga tauhan sa pamilyar na kuwento kadalasan ay popular at bantog dahil sa pambihira nilang talento bilang mga artista, atleta, pulitiko, o negosyante. Ang mga taon ng pagsasanay o tapat na paglilingkod at pagsasakripisyo—mga kasangkapang naghatid sa kanila sa rurok ng tagumpay sa isang partikular na trabaho o propesyon—ay nawawasak dahil sa iskandalo.

Ang huling nakikita ng publiko kadalasan ay ang malungkot na hitsura ng mga tauhan na humihingi ng tawad sa hukom, mga may-ari ng kumpanya, o mga mamamayan o sa pamilya, mga kaibigan, o mga tagahanga dahil sa kanilang mga pagkakamali. Ang resulta kadalasan ay maraming di-sinadyang mangyari—kabilang na ang sama ng loob, kahihiyan, at pagdurusa—ng sarili, ng kanilang mga mahal sa buhay, at mga kasamahan.

Ang simple ngunit malalim na mga salita ng sinaunang propeta sa Aklat ni Mormon na si Alma nang payuhan niya ang kanyang anak na lalaki ay tila mahalaga sa ika-21 siglo katulad noong mahigit 2,000 taon na ang nakararaan: "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" (Alma 41:10).

Sa halos lahat ng iskandalo ngayon, ang kaalaman at pagsunod sa mga kautusan na matatagpuan sa ipinanumbalik na ebanghelyo ay sapat na upang maiwasan ang kapahamakan sa sarili at sa propesyon.

MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH


BATAS
Tingnan sa
2 Nephi 2:11–27
Kaligayahan
(kagalakan)
Pagpapala
Pagsunod
(kabutihan)
Pagsuway
(kasamaan)
Parusa
Kalungkutan
(kaaba-aba)

## Isang Pormula para Lumigaya

Inihahayag sa isang pormulang matatagpuan sa ebanghelyo ni Jesucristo ang landas tungo sa kaligayahan. Ito ay isang simple at mahalagang katotohanang matatagpuan sa buong Aklat ni Mormon. Buong husay itong ipinaliwanag sa mga turo ng propetang si Lehi sa kanyang mga anak na lalaki noong malapit na siyang mamatay. Nang kausapin niya ang kanyang anak na si Jacob, itinuro niya, "Sapagkat talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). Ilang talata pa ay idinagdag niya, "Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" (2 Nephi 2:25).

Ang mga turo ni Lehi's sa sermon niyang ito kay Jacob ay maaaring ibuod nang simple: Ang pagsunod at kabutihan ay humahantong sa mga pagpapala, na humahantong sa kagalakan. Sa kabaligtaran, ang pagsuway at kasamaan ay humahantong sa kaparusahan, na humahantong sa kalungkutan. Ang Tagapagligtas ang dakilang Tagapamagitan ng buong sangkatauhan at nagpanukala ng landas tungo sa kaligayahan at buhay na walang-hanggan. Ang diyablo ang kaaba-abang ama ng kasinungalingan at ang nagpanukala ng landas tungo sa pagkabihag at kamatayan.

Malinaw na nauunawaan ng kaaway na hindi natin sadyang pipiliin ang pagkabihag at kamatayan, subalit dahil magiging kaaba-aba siya magpakailanman, hangad din niyang maging kaaba-aba ang buong sangkatauhan (tingnan sa 2 Nephi 2:27). Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pagbaluktot sa totoong mga kahihinatnan ng kasalanan at pagsuway. Iyan ang isang dahilan kaya siya tinawag na ama ng kasinungalingan.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Lahat kayo . . . ay kilala si Satanas, ang ama ng kasinungalingan. Alam ninyo kung paano niya ginagawang kasinungalingan ang katotohanan. Pinagmumukha niyang maganda, nakasisiya, madali, at mabuti ang kasamaan."[1]

Papaniniwalain tayo ni Satanas na ang pormula para lumigaya ay nagsisimula sa kasamaan at kasalanan. Binalaan tayo na ang kanyang mga tukso ay nakabalatkayo nang napakaganda kaya kung minsan ay para siyang "halos katulad ng isang anghel ng liwanag" (2 Nephi 9:9). Inilarawan ng Panginoon ang pagbagsak at mga mithiin ni Satanas:

"Dahil dito, sapagkat yaong si Satanas ay naghimagsik laban sa akin, at naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao, na ako, ang Panginoong Diyos, ang nagbigay sa kanya, at gayon din, na aking dapat ibigay sa kanya ang aking sariling kapangyarihan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Bugtong na Anak, aking pinapangyaring siya ay mapalayas;

"At siya ay naging si Satanas, oo, maging ang diyablo, ang ama ng lahat ng kasinungalingan, upang linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan" (Moises 4:3–4).

Ang landas tungo sa kaligayahan ay nagsisimula sa kabutihan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Ang mga kautusan ay ibinigay sa atin bilang isang banal na gabay upang ilayo tayo sa maraming kapahamakan ng mortalidad. Ipinahayag ito ng Panginoon noong nagsisimula pa lamang ang Panunumbalik: "Dahil dito, ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit, *at nagbigay sa kanya ng mga kautusan*" (D at T 1:17; idinagdag ang pagbibigay-diin).

## Sundin ang mga Kautusan

Itinuturing ng ilang tao na hindi makatwiran na ang mga kautusan ang nasa simula ng landas tungo sa kaligayahan sa halip na isang bagay na madadala habang daan. Ang sumusunod na kuwento noong naglilingkod ako bilang mission president sa Nagoya, Japan, ilang taon na ang nakararaan ay naglalarawan nito.

Nakilala namin ng asawa kong si Lesa ang isang dalaga matapos siyang magpunta sa simbahan para dumalo sa English class na itinuturo ng mga missionary. Siya ay palakaibigan, masigla, at kontrolado niya ang buhay niya, at may magandang trabaho, matagal nang kasintahan, at pamilya. Ang pakikisalamuha niya sa mga missionary at miyembro sa English class ang umakit sa kanya sa Simbahan, at sinimulan siyang turuan ng mga missionary. Ang kanyang patotoo sa katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay tila yumayabong tuwing makakausap niya ang mga missionary. Nang basahin niya ang Aklat ni Mormon at pag-isipan at ipagdasal ito at ang mga bagay na narinig niya, nalaman niyang totoo ang mga ito.

Nang simulan ng mga missionary na ituro sa kanya ang mga kautusan, alam niyang dapat siyang sumunod. Nakipagkalas siya sa kanyang kasintahan at nagbitiw sa trabaho, kung saan kinailangan niyang magtrabaho kahit Linggo. Sinimulan niyang sundin ang Word of Wisdom at tinanggap niya ang batas ng ikapu. Napakalakas ng kanyang pananampalataya kaya sinimulan niyang sundin kaagad ang mga kautusan nang malaman niya ang mga ito.



Nang sabihin niya sa kanyang pamilya na interesado siya sa Simbahan at pag-aaral ng ipinanumbalik na ebanghelyo, sinabi sa kanya ng kanyang mga magulang na hindi maganda ang magiging epekto nito sa relasyon nilang mag-anak. Ilang linggo matapos niyang tanggapin ang mga kautusan, natagpuan niya ang kanyang sarili na walang trabaho, walang apartment, o suporta ng pamilya. Malinaw na ang mga bunga ng kanyang pagsunod ay nakaapekto sa kanyang buhay sa tila napakasakit na paraan.

Labis akong nag-aalala sa kanyang sitwasyon. Isang hatinggabi, matapos ang abalang maghapon, lumabas kami ni Lesa ng mission home para maglakad-lakad, na naghahanap ng kaunting katahimikan habang magkasama kami. Nagulat kami nang papalapit na kami sa interseksyon ay siya rin namang pagdating ng masiglang kabataang investigator na ito sakay ng kanyang bisikleta. Sinalubong niya kami ng masayang ngiti at yakap. Gulat na nasa labas siya ng bahay nang hatinggabi, itinanong namin kung ano ang kanyang ginagawa.

"Papunta po ako sa bago kong trabaho na panggabi ang pasok sa drive-up window ng isang fast-food restaurant," masaya niyang sabi.

Ang trabahong ito ay may mababang suweldo, hindi niya linya at di-gaanong maganda ang oras ng pasok hindi tulad ng dati niyang trabaho. Sa kabila ng malalaking pagsubok at problema sa kanyang buhay, kitang-kita ang kaligayahan niya. Pagkatapos ay ibinalita niya na nakatakda na ang petsa ng kanyang binyag. Habang naglalakad kami pabalik sa mission home, namangha kami ni Lesa sa idinulot ng kanyang pananampalataya at pagsunod sa mga kautusan na nagdala sa kanya sa landas tungo sa tunay na kagalakan.

Pagkaraan ng ilang linggo ay nabinyagan siya. Makalipas ang ilang taon, nagkaayos na sila ng kanyang pamilya at nakakita siya ng mas magandang trabaho. Ilang taon matapos siyang binyagan, nabuklod siya sa Tokyo Japan Temple sa isang returned missionary na nakilala niya sa isang young single adult activity. Ngayong isa nang walang-hanggang pamilya, kamakailan ay nabiyayaan sila ng isang malusog na sanggol na lalaki. Inilalarawan ng isang maikli at magandang himno ang nangyari sa kanyang buhay bunga ng pagsunod sa mga kautusan:

*Ang mga utos sa t'wina'y sundin!*
*Dito ay ligtas tayo at payapa.*
*Mga biyaya'y ibibigay N'ya.*
*Anang propeta: Sundin ang utos.*
*Dito'y ligtas at payapa.*[2]

Ang mga huwaran at katotohanang matatagpuan sa Aklat ni Mormon ay malinaw at may itinuturo, simple at mahalaga. Kapag nagsimula tayo sa kabutihan at pagsunod, magtatapos tayo sa mga pagpapala at kagalakan. ■

***Nagulat kami nang papalapit na kami sa interseksyon ay siya rin namang pagdating ng masiglang kabataang investigator na ito sakay ng kanyang bisikleta. Namangha kami ni Lesa sa idinulot ng kanyang pananampalataya at pagsunod sa mga kautusan na nagdala sa kanya sa landas tungo sa tunay na kagalakan.***

**MGA TALA**

1. Spencer W. Kimball, "The Blessings and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, 70.
2. "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 68–69.

# PAANO NATIN PAKAKAININ ANG NAPAKARAMI?

Bilang Relief Society president, nalula ako sa mga pangangailangan at hamong dinaranas ng ilang pamilya sa aming maliit na branch. Mahirap ang kasalukuyang sitwasyon ng ekonomiya, at nawalan ng trabaho ang ilang miyembro.

Sa labas ng Simbahan, panghihina ng loob, kalungkutan, at kawalan ng pag-asa ang makikita sa mga mata ng marami na nahihirapang tustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Maging sa mga bata at kabataan ay kitang-kita ang kawalang-katiyakan at pagkaligalig.

Nadama ng mga lider ng branch na kailangang ipadama sa mga higit na nangangailangan ang kaunting pag-asa at pagmamahal—isang bagay na magpapadama sa mga tao sa aming komunidad na alam ng isang mapagmahal na Ama sa Langit ang kanilang mga pagsubok at pinagmamalasakitan sila.

Habang papalapit ang Pasko, iminungkahi naming imbitahan sa hapunan ang pinakamaralitang mga bata sa aming komunidad. Magdaraos ng fund-raising ang mga miyembro ng branch, bibili ng pagkain mula sa isang fast-food chain, at ihahanda ang aming meetinghouse para sa aming mga panauhin. Lahat ay nakilahok, pati na ang mga bata sa Primary, kabataang babae, at kabataang lalaki.

Nakipag-ayos kami sa fast-food chain para sa pagkain, at kumontak kami ng mga social worker para hanapin ang mga pamilyang talagang malaki ang pangangailangan. Binigyan kami ng mga worker ng listahan ng mga 100 bata, na higit pa sa inasahan namin. Hindi kami pinanghinaan ng loob, ngunit tila imposibleng makalikom ng sapat na perang pambili ng pagkain para sa gayon karaming mga bata.

Nang dumating ang araw ng aming hapunan, kinuha ng branch president, na kasama ang ilang deacon, ang pondong nalikom namin at tumuloy sa restoran, na nag-iisip kung paano namin pakakainin ang napakaraming bata sa limitado naming pondo. Nagdasal sila habang daan, na iniisip na siguro ay iimbitahan na lang namin ang mga batang paslit, hahatiin namin ang mga pagkain, o kakanselahin na lang ang aktibidad.

Pagdating nila sa restoran, inilagay ng branch president ang pera sa counter. Doon nasagot ang kanilang mga dalangin.

Tiningnan sila ng manager ng restoran at nakangiting sinabi na matutuwang mag-ambag ng maraming pagkain ang restoran gaano man karami ang kailangan—nang libre! Hindi ko maipahayag ang kagalakang nadama naming lahat nang malaman namin ang kabaitang ito, na nagtulot sa amin na makapagbigay ng kasiyahan—at maraming pagkain—sa malaking grupo ng mga batang nangangailangan.

Salamat sa kagandahang-loob ng restoran, nagamit namin ang perang nalikom namin na pambili ng pagkain at gumawa ng mga food basket para sa mga pamilyang higit na nangangailangan.

Sa karanasang ito nalaman namin na walang pagsisikap na nawawalan ng saysay kapag ginamit natin ang ating mga talento at mabubuting hangarin sa paglilingkod sa ating kapwa-tao. Lumakas ang aming patotoo na naglalaan ng kalutasan ang Panginoon matapos nating gawin ang lahat. ■

Marta Fernández-Rebollos, Spain



***Nang ilagay ng branch president ang pera sa counter, nasagot ang kanilang mga dalangin.***

MGA PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL

# SANA MAY MAGMAHAL SA KANYA

*Isang Sabado ng umaga sinabi ko sa mga bata na oras na para piliin ang kanilang ipamimigay. Napaluha ako sa tagpong nasaksihan ko mula sa pintuan ng kuwarto ni Mikelle.*



Noong tatlong taong gulang ang aking anak na lalaki at apat na taon ang aking anak na babae, bahagi na sila ng isang preschool group sa aming lugar. Noong taglamig na iyon ipinasiya naming mga namamahala sa grupo na gumawa ng isang proyekto sa Pasko kung saan bawat bata ay magbibigay ng isang laruan sa isang pamilyang nangangailangan.

Nagturo kami ng maraming aralin sa nagdaang mga linggo tungkol sa kung paano tayo sumasaya sa pagpapasalamat at pagbabahagi sa iba. Sinabi ko sa aking mga anak na isipin na nila kung aling mga laruan ang gusto nilang ibigay, dahil gusto kong maranasan nilang pumili ng ibibigay. Limitado ang pera ng aming pamilya, at gusto kong malaman kung alin sa iilang laruan nila ang handa nilang ipamigay.

Isang Sabado ng umaga sinabi ko sa mga bata na oras na para piliin ang ipamimigay nila. Tinulungan ko si Hunter na balutin ang laruang trak na napili niya at pagkatapos ay kinumusta ko si Mikelle. Naiyak ako sa tagpong nasaksihan ko mula sa pintuan ng kanyang kuwarto.

Hawak ni Mikelle ang paborito niyang manyikang si Mella, na suot ang pinakamaganda nitong damit, at kinakantahan ito. Pagkatapos ay nagtupi siya ng isang maliit na kumot sa ilalim ng isang bag na pangregalo. Nginitian niya ang manyika, niyakap at hinalikan ito, at magiliw itong inilagay sa bag. Nang makita niya ako, sabi niya, “Handang-handa na po si Mella, Inay. Sana may magmahal sa kanya.”

Batid ko kung gaano kamahal ng anak ko ang manyikang ito, nagulat ako na ipamimigay niya ito. Muntik ko nang sabihin kay Mikelle na hindi niya kailangang ipamigay ang paborito niyang manyika, pero pinigil ko ang sarili ko.

“Naiintindihan niya ang pagbibigay,” naisip ko. “Ibinigay niya ang pinakamaganda.”

Bigla kong natanto na may bahagi sa pagkatao ko na handang magbigay at magbahagi ngunit hindi ang magsakripisyo nang malaki. May hangganan ang pagkakawanggawa ko, at nalaman ko na kailangan kong magbago.

Naisip ko kung paano ipinagkaloob ng Ama sa Langit ang Kanyang kaisa-isang sakdal na Anak at tinulutan Siyang magdusa at mamatay para sa akin. Naisip ko ang isang mapagmahal na Ama sa Langit na hinahagkan ang Kanyang Pinakamamahal na Anak at isinusugo Siya sa lupa bilang isang sanggol, sa pag-asang mamahalin at susundin natin Siya.

Ang Tagapagligtas Mismo ay walang ipinagkait at ibinigay ang lahat ng mayroon Siya.

Inisip ko kung magbabago ang isip ni Mikelle bago sumapit ang Christmas program, kung kailan ipamimigay ang mga laruan, pero hindi iyon nangyari. Inisip ko kung pagsisisihan niya kalaunan ang kanyang pasiya at malulungkot siya, pero hindi ito nangyari.

Nang makita ko ang halimbawa ng aking anak na katulad ng kay Cristo, nagpasiya ako na marami man o kakaunti ang aking maibigay, masaya kong ibibigay palagi ang pinakamainam kapag nagkaroon ako ng pagkakataong magbahagi. ■

Brittney Pyne, Utah, USA

# KUMANTA KAYO MULA SA INYONG PUSO

Noong Disyembre 2000 naghahanda ang stake choir namin bilang punong-abala sa isang choral festival. Ilang choir na bantog na bantog sa lungsod ng Posadas, Argentina, ang nagsabing siguradong lalahok sila, at maraming dadalo. Sa aming pagkanta umasa kaming maibabahagi namin ang aming patotoo tungkol sa pagsilang ng Tagapagligtas.

Bilang choir director, medyo kinakabahan ako. Naragdagan pa ang kaba ko dahil walong buwan na ang kambal sa sinapupunan ko. Sumasakit na ang tiyan ko sa huling praktis namin isang linggo bago sumapit ang concert at kinailangan kong kumumpas nang nakaupo.

Nang matapos ang praktis, hindi na ako makatayo. Binasbasan ako ng aking asawang si Carlos at ng aking ama. Pagkatapos ay dinala ako ni Carlos sa ospital, kung saan nalaman ng mga doktor na lalabas na ang mga sanggol sa araw na iyon. Natakot ako, pero sinabi ni Carlos na magtiwala ako sa Panginoon.

Hindi naglaon narinig ang iyak ng isang bagong silang na sanggol sa buong silid. Tuwang-tuwa ako sa narinig ko, ngunit lumapit ang doktor at sinabi, "Si Kira ang umiiyak, pero hindi pinalad si Abril."

Hindi ko mailarawan ang damdamin ko. Hindi nagtagal inilipat ako sa ibang kuwarto, kung saan naghihintay ang asawa ko. Nagyakap kami at umiyak.

"Dafne, hindi natin alam ang layunin ng Panginoon sa pagkuha Niya kay Abril," sabi ni Carlos. "Pero kailangan nating maging matatag, tanggapin ang Kanyang kalooban, at magpatuloy nang may pananampalataya."

Maya-maya pa, hawak na ni Carlos ang munting katawan ni Kira at binasbasan ito na patuloy na mabuhay. Nabuhay nga siya, ngunit dahil sa mga kumplikasyon, nanatili siya sa ospital nang sumunod na 10 araw.

Pinalabas ako nang sumunod na linggo. Dahil sa madalas na pagbibiyahe sa ospital para makita at mapasuso si Kira, hindi ko inisip ang choir. Noong gabi bago ang festival, tinanong ako ng aking ama kung nakapagpasiya na ako kung ako ang kukumpas. "Ipagdasal mo, Dafne," wika niya, "at tiyak na anumang desisyon ang gawin mo ay siyang tama."

Naisip ko si Kira, na nasa ospital pa rin. Naisip ko ang mga miyembro ng choir, na nagpakahirap na maghanda para sa concert. Naisip ko ang Tagapagligtas at ang Kanyang pagsilang, buhay, at sakripisyo. Alam ko na ang kailangan kong gawin.

***Nang humalo ang mga boses sa mga instrumento, lubos kong nadama na ako ay nasa isang magandang lugar.***



Ang pagmamahal na ipinakita sa aming pamilya nang sumunod na gabi mula sa mga miyembro ng choir ay lubos na umantig sa amin, at ang pagkakaisa nila ay lumikha ng tapat na hangarin sa aming puso na antigin ang mga dadalo.

Dahil kami ang punong-abala sa festival, ang stake choir namin ang huling kumanta. Nang tugtugin ng piyano at biyolin ang pambungad sa "Ang Unang Noel," dumaloy ang luha sa aking mga pisngi. Pagkatapos, nang humalo ang mga boses sa mga instrumento, lubos kong nadama na ako ay nasa isang magandang lugar.

Nang matapos kami, humarap ako at nakita ko na karamihan sa mga nanonood ay napaluha. Marahil ang mga taong hindi pa nakarinig ng mensahe ng kapayapaan at pagmamahal ng ebanghelyo ay nadama sa aming musika ang maganda at kagila-gilalas na pagsilang ng Anak ng Diyos.

Pagkatapos, sinabi sa amin ng tagakumpas ng isa sa iba pang mga choir, "Maganda ang pagkanta namin, pero kumanta kayo mula sa inyong puso."

Pagsapit ng Bisperas ng Pasko nagpasalamat kaming mag-asawa sa Diyos na ibinigay Niya sa amin si Kira at isinugo Niya ang Kanyang Anak sa lupa. Dahil sa Pagbabayad-sala ng Anak at pagbubuklod sa amin sa templo, alam namin na si Abril ay muling mapapasaamin balang-araw. ■

Dafne Analia Romero de Tau, Misiones, Argentina

# POPCORN, MGA PIONEER, AT KAPAYAPAAN

Naglagay si Inay ng mga brick sa oven at pagkatapos ay ibinalot ang mga ito sa kumot para hindi lamigin ang aming mga paa habang naglalakbay kami sakay ng aming kotse na walang heater. Taong 1935 noon, at nilalakbay namin ang 60-milya (96 km) mula Salt Lake City hanggang Payson, Utah, para bisitahin ang mga lolo't lola ko noong mga unang araw ng Disyembre. Marahang bumabagsak ang niyebe sa aming paligid at umikut-ikot na parang maliliit na buhawi sa daan sa aming harapan. Si Kuya Fred at ako ay nakasuot ng makakapal na jacket at makakating medyas na yari sa lana at mga balabal sa leeg. Tila walang katapusan ang paglalakbay para sa akin na pitong taong gulang.

Palagi namin itong ginagawa tuwing Disyembre. Hindi talaga nagsisimula ang Kapaskuhan hangga't hindi kami naroon sa kusina nina Lola at Lolo Tanner at nagluluto ng mga popcorn. Sisindihan ni Lolo ang kalan, at pupunuin ni Lola ng popcorn ang isang basket na yari sa alambre at aalugin ito nang husto sa ibabaw ng apoy hanggang sa mapuno ito ng nagputukang puting mga butil ng mais. Pagkatapos ay bubuhusan ni Lola ng mainit na honey butter ang popcorn sa isang malaking kaldero at hahaluan ito ng mani. Kapag lumamig na ang hinalo, kakain na kami gamit ang kamay naming puno ng mantikilya at gagawa kami ng magaganda at pabilog na popcorn na ibibigay sa mga kapamilya at kaibigan.

Gayunman, ang Paskong ito ay maiiba. Karaniwan ay nakasakay kami ni Fred sa upuan sa likod, pero ngayong taon nakasiksik kami sa pagitan ng mga magulang ko sa upuan sa harap. Isang maliit na kabaong na hinihimlayan ng bangkay ng isang-taong-gulang na kapatid kong si Gerold ang naroon sa upuan sa likod. Tigdas na nauwi sa pulmonya ang kanyang ikinamatay. Bago iyon nagpunta kami sa punerarya para kunin ang maliit na kabaong na yari sa kahoy.

Habang naglalakbay nang dalawang oras, nanguna si Itay sa pagkanta ng mga Pamaskong awitin. Nagduweto sina Inay at Itay, at napanatag kami sa magandang musika habang nagdadalamhati kami sa pagkamatay ng bunso namin.

Pagdating namin sa bahay ni Lolo, tahimik na naghihintay ang karaniwang masayang grupo ng pamilya at mga kamag-anak. Inilabas ang kabaong mula sa upuan sa likod at dinala sa napakalinis na sala ni Lola. Nagsalita nang kaunti ang bishop ng mga lolo't lola ko, at pagkatapos ay nagbalik na kami sa kotse para magpunta sa sementeryo, kung saan nag-iyakan kaming lahat habang inililibing sa malamig na lupa ang munting batang ito na mahal namin.

Sumapit nga ang Pasko. Nasindihan na ang kalan, napaputok na ang popcorn, at naipadala na ang mga bilog na popcorn sa sleigh ni Lolo na hatak-hatak ng mga kabayo. Malungkot ang araw na iyon pero mapayapa rin habang nakikinig ako sa pagbabasa ng matatapat na lolo't lola ko ng kuwento ng pagsilang ni Cristo.

Ang mga lolo't lola ko ay isinilang sa mga magulang na pioneer na naglibing ng maraming sanggol. Habang nagdadalamhati kami sa pagkamatay ng kapatid ko, bumaling kami sa pinagbalingan ng aming mga ninuno—sa Anak ng Diyos at sa Kanyang mga salita. Naalala ko ang kuwento ng Pasko noong taong iyon nang may kakaibang damdamin, sapagkat dahil sa sanggol na isinilang sa isang sabsaban ay mabubuhay muli at mapapasaamin ang sanggol na inilibing namin.

Maraming dekada pa ang lumipas simula noon, pero tuwing Pasko ay nagbubuhos pa rin ako ng honey butter sa popcorn, hinahaluan ko ito ng mani, binibilog ang hinalo, at nagbabalik-tanaw. ■

Shirlee Hurst Shields, Utah, USA

***Habang naglalakbay nang dalawang oras, nanguna si Itay sa pagkanta ng mga Pamaskong awitin. Nagduweto sina Inay at Itay, at napanatag kami sa magandang musika habang nagdadalamhati.***





**Ni Elder**
**Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# Pasko SA INYONG KALOOBAN



*Manatiling sumasampalataya. Tingnan ang mabuti sa inyong sitwasyon. Gumawa ng kabutihan sa isang tao. Huwag hanapin si Cristo sa mga regalo at palamuti.*

Palagay ko naaalala ng bawat isa ang kanyang unang Pasko na malayo sa tahanan. Maaaring ang dahilan ay nasa misyon siya o nasa militar, nag-aaral, o nagtatrabaho. Anuman ang dahilan, ang unang Pasko na malayo tayo sa pamilya ay malungkot na alaala sa ating lahat. Sa mga yaong malayo sa tahanan sa araw ng Pasko, o maaaring malayo sa tahanan sa taong ito, iniaalay ko ang sarili kong karanasan.

Nasa misyon ako noon. Sa loob ng 19 na taon



PAGLALARAWAN NI PAUL MANN

masaya ang Pasko ko kasama ang pamilya at mga kaibigan ko. Palagay ko dahil sarili ko lang ang iniisip ko noong bata pa ako kaya hindi ko naisip kailanman na gugulin ito sa ibang paraan.

Pagkatapos, habang papalapit ang Pasko noong 1960, nasumpungan ko na napakalayo ko sa lahat ng iyon. Wala pa akong tatlong buwan sa England nang ipatawag ako sa mission office, noong unang araw ng Disyembre, para makilala si Elder Eldon Smith, na kadarating mula sa Champion, Alberta, Canada—ang unang junior companion ko. Iniutos sa amin na simulan ang gawaing misyonero sa konserbatibong lungsod ng Guildford, sa bayan ng Surrey, isang lugar na hindi pa nararating ng mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw at, ang alam namin, iisa lang ang miyembro doon na nakatira sa kung saan sa loob ng mga hangganan nito. Bata pa kami, walang karanasan, at medyo nahihirapan, pero hindi kami naduwag.

Nagrehistro kami sa pulisya, kumausap ng matitirhan, at, nang sa simula ay hindi namin makita ang kaisa-isang miyembro ng Simbahan, nagtuon kami sa tanging bagay na alam naming gawin—kumatok sa mga pintuan. Kumatok kami sa mga pintuan sa umaga, kumatok kami sa mga pintuan sa tanghali, kumatok kami sa mga pintuan sa hapon, at kumatok kami sa mga pintuan sa gabi. Nagbisikleta kami sa mga kalyeng iyon na marahil ay pinakamaulang Disyembre sa buong kasaysayan ng Great Britain—ganoon kasi ang tingin namin. Basa kami ng ulan sa umaga, sa tanghali, sa hapon, at sa gabi rin, pero patuloy kaming kumatok sa mga pintuan. At halos walang nagpapasok sa amin.

Kaya nagpatuloy ito hanggang Bisperas ng Pasko, kung kailan ang mga tao sa panahong ito ay malamang na hindi makinig sa dalawang misyonerong "mula sa Estados Unidos." Nang gabing iyon, pagod ngunit masigasig, nagbalik kami sa inupahan naming silid at nagdaos ng Pamaskong debosyonal. Kumanta kami ng Pamaskong himno at nag-alay ng pambungad na panalangin pagkatapos. Nagbasa kami mula sa mga banal na kasulatan at nakinig sa isang tape recording na pinamagatang *The True Story of Christmas*. Pagkatapos ay kumanta kami ng isa pang Pamaskong himno, nag-alay ng pangwakas na panalangin, at natulog na. Pagod na pagod kami para mangarap ng masasayang bagay ng Kapaskuhan.

Kinaumagahan, araw ng Pasko, nag-aral kami sa umaga gaya ng dati at nagbukas ng dalawa o tatlong package na natanggap namin simula nang ilipat kami. Pagkatapos ay lumabas kami para kumatok sa mga pintuan. Kumatok kami sa umaga, kumatok kami sa tanghali, kumatok kami sa hapon, at kumatok kami sa gabi. Walang nagpapasok sa amin.

Noong Paskong iyon na walang masayang nangyari—na malinaw na pinakamalungkot sa lahat ng naranasan ko noon o simula noon—nanatili sa puso ko ang mga espesyal na araw na iyon noong Disyembre 1960 (pagkaraan ng mahigit 50 taon!)

bilang isa sa pinakamasasayang Paskong naranasan ko. Palagay ko iyon ay dahil sa unang pagkakataon sa buhay ko, naunawaan ko ang Pasko sa halip na basta masiyahan lamang dito. Palagay ko sa unang pagkakataon sa tunay na mahalagang paraan, naunawaan ko ang mensahe ng pagsilang at buhay ni Cristo—ang Kanyang mensahe at Kanyang misyon at Kanyang sakripisyo para sa iba.

Dapat ay naunawaan ko na iyon noong bata pa ako, pero hindi—hindi sapat ang pagkaunawa noon. Ngunit noong Paskong iyon sa England—na isa akong giniginaw, basa, medyo nahihirapang 19-na-taong-gulang na binata—"naunawaan" ko iyon. Masasabi ko talaga na dahil sa aking misyon, nagkaroon ng higit na kahulugan sa akin ang Pasko, tulad ng napakarami pang aspeto ng ebanghelyo, taun-taon simula nang maranasan ko iyon.

Sa Paskong ito ipinararating ko ang aking pagmamahal sa lahat ng missionary, sa lahat ng lalaki o babae sa militar, sa lahat ng estudyante, at empleyado at manlalakbay na hindi "makauuwi sa Pasko,"[1] sabi nga sa awiting Pamasko. Manatiling sumasampalataya. Tingnan ang mabuti sa inyong sitwasyon. Gumawa ng kabutihan sa isang tao. Huwag hanapin si Cristo sa mga regalo at palamuti. Makikita ninyo na sa kabila ng mga nangyayari, ang Pasko—gaya ng kaharian ng Diyos—ay "nasa loob ninyo" (Lucas 17:21). ■

*Mula sa "A Mission Christmas,"* Church News, *Dis. 17, 2011, 10.*

**TALA**

1. James "Kim" Gannon, "I'll Be Home for Christmas" (1943).



# Mga Dekorasyon sa Pasko, mga Kaibigang Katulad ni Cristo

**Ni Mary N. Cook**
Unang Tagapayo
sa Young Women
General Presidency



Habang naghahanda para lagyan ng dekorasyon ang aming Christmas tree, inilabas ko ang laman ng isang kahon na may mga dekorasyon para sa Pasko na hindi ko nakita o nagamit nang ilang taon. Habang hinahalungkat ko ang mga Christmas light at linen, nakita ko ang isang kahong puno ng mga dekorasyon sa pasko na nakolekta ko noong dalaga pa ako at nagtuturo sa paaralan. Nakita ko ang isang simpleng cross-stitch na dekorasyon na ang nakasulat lang ay "Christmas Open House—1984." Naalala ko ang nangyari noong taong iyon. Dalaga pa ako at nag-alangan akong lumipat sa family ward mula sa young single adult ward.

Gustung-gusto ko ang Kapaskuhan, pero ang ilan ay napakalungkot para sa akin. Dahil nasa 30s na ako, dalaga, at walang anak, dama ko kung minsan na nag-iisa ako. Madali para sa akin ang maawa sa sarili, ang madaig ng tinatawag kong "pagkaawa sa sarili." Sa partikular na taong iyon, 1984, naaalala ko na nagpasiya akong paglabanan ang pagkaawa sa sarili ko, na hindi lang sarili ko ang isipin ko at tingnan kung ano ang magagawa ko para mapasaya ang ibang tao sa Pasko.

Medyo bago pa ako sa ward at naisip ko na kapag pinapunta ko sa apartment ko ang mga miyembro ng Relief Society, maipagdiriwang ko ang Kapaskuhan at higit ko silang makikilala.

Habang ginugunita ko ang open house na iyon, naalala ko ang munting Christmas tree na nilagyan ko ng mga dekorasyong nagmula sa kahon ko, ang amoy ng shortbread cookies na niluto namin ng mga kaibigan kong dalaga, at ang tamis ng "white Christmas punch" ni Inay na isinilbi ko sa mga panauhin.

Nang suriin ko ang sari-saring dekorasyon, nakadama ako ng pagmamahal at pasasalamat nang maisip ko ang maraming kaibigang katulad ni Cristo, bata at matanda, na nagmahal at nagturo sa akin sa mga oras ng pagsubok.

Kinuha ko ang inalmirol na snowflake na lace na ginantsilyo ng isang matandang babae para sa akin at naalala ko ang pagmamalasakit niya. Naisip ko ang matatandang babae sa maraming ward na kinabilangan ko na nagturo sa akin ng nalalaman nila. Natuto akong maggantsilyo, mag-knitting, manahi, at gumawa ng lace mula sa mababait na kababaihang ito na handang mag-ukol ng panahon at nagtiyaga lalo na para matamasa ko ang kanilang natamasa.

Hawak ko ang maliit na brass horn at naisip ko ang imbitasyon ng choir director na mahusay sa musika na nag-imbita sa akin na sumali sa mga praktis sa madaling-araw para sa isang espesyal na programang musikal noong tinedyer pa ako. Ang pagtitiwala niya ay nagtanim sa puso ko ng pagmamahal sa klasikong musika at ng tiwalang sumali sa mga choir sa buong buhay ko.

Nakangiting kinuha ko ang dekorasyong Mickey Mouse at nagpasalamat ako sa mag-asawang nagpahiram ng kanilang mga anak sa akin. Ang mga anak nila ay naging parang mga anak ko rin. Hawak-hawak ko sila sa simbahan, binasahan ko sila, nakipaglaro ako sa kanila, at minahal ko sila, na nakatulong upang mapunan ang kalungkutan at kahungkagang nadarama ko.

Itinuro sa atin ng Tagapagligtas sa Mateo 10:39, "Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon."

Ang pasiyang iyon noong 1984 na "mawalan ng buhay" sa pamamagitan ng pagtulong sa iba ay tunay na naging daan para "masumpungan" ko ang aking sarili. Nang pag-isipan kong mabuti ang nakaraan, natanto ko na marami ang sumunod sa mga salita ng ating Tagapagligtas at hindi inuna ang sarili para sa akin. Ang mga dekorasyon sa *Christ*mas ay naging magandang paalala tungkol sa mga kaibigang katulad ni *Cristo*. ■

LARAWANG KUHA NG © BUSATH PHOTOGRAPHY; PAGLALARAWAN NI SCOTT SNOW



# Ang Pamaskong Panyo

**Ni Scott M. Mooy**
Mga Magasin ng Simbahan

Taun-taon noong bata pa ako, tinutulungan ko ang nanay ko na magbalot ng mga Pamaskong regalo sa pamilya. Mayroon akong 5 kapatid na may-asawa at 13 pamangkin, kaya hindi ito simpleng gawin. Pero kahit na abalang-abala, napansin ko na tila laging panyo ang ibinabalot naming regalo sa kapatid kong babae. Kahit binibigyan siya ni Inay ng pantulog o blusa o ilang gamit sa kusina, may panyo ulit para kay Ann. Naunawaan ko na praktikal at mura ang mga panyo, pero nagsimula kong isipin kung ano ang iisipin ng kapatid ko tungkol sa napakadalas na pagtanggap ng ganitong regalo.

Isang Disyembre, sinabi ko rin sa wakas: "Isang panyo na naman para kay Ann? Inay, halos taun-taon po ninyong binibigyan siya ng panyo. Hindi po ba ninyo naisip na baka marami na siyang panyo sa ngayon? Ilan po ba ang kailangan niya? At mas mahal nang ipadala sa koreo ang pakete para sa kanyang pamilya kapag nagdagdag ng isa pang regalo. Palagay ko hindi na po ninyo kailangang gawin ito."

PAGLALARAWAN NI SAM LAWLOR

Itinabi ng nanay ko ang kanyang gunting. "May ikukuwento ako sa iyo. Siguro mauunawaan mo ang dahilan pagkatapos. Nangyari ito bago ka isinilang.

"Alam mo kung paano ako nakarating sa bansang ito." (Alam ko. Nabigla ang pamilya ng nanay ko nang nagpakasal siya sa isang balo na may apat na anak at nagulat sila dahil lilisanin niya ang Holland para magpunta sa Estados Unidos.) "Pero may ilang bagay kang hindi alam. Nang pumarito tayo, walang-wala tayo. Mahirap ang buhay. Dalawa ang trabaho ng tatay mo pero maliit ang suweldo. Naglabada ako at namalantsa. Pero hindi pa rin sapat ang pera natin.

"Si Ann ay 17 anyos noon at naunawaan niya kung magkano ang utang namin. Nagpasiya siyang tumulong. Nagtrabaho siya. Nakakita siya ng trabaho sa lungsod sa isang tindahan ng kendi. Kinailangan niyang sumakay ng bus papunta roon at tumayo sa tindahan buong maghapon. Ibinigay niya sa amin ang halos buong suweldo niya, na nagtatabi ng sapat para sa pamasahe at pambili ng kaunting pananghalian, dahil hindi siya puwedeng magbaon.

"Sabi sa akin ni Ann, natutuwa siya't nagkatrabaho siya at makatutulong sa amin ang suweldo niya. Pero hindi niya sinabi sa akin na nag-aalala siya sa nakababata niyang mga kapatid na lalaki. Malapit na ang Pasko noon. Nag-uusap-usap ang bago nilang mga kaibigang Amerikano tungkol sa mga laruang hiniling nila kay Santa. Paano kung hindi magdala ng anumang regalo si Santa sa bahay namin?

"Ilang araw bago sumapit ang Pasko, binigyan ako ni Ann ng kaunting pera. Pero hindi pa niya suweldo. Itinanong ko kung saan niya kinuha ang pera. Sabi niya naipon niya iyon dahil hindi siya kumakain ng tanghalian. Hindi iyon malaking pera, pero alam ko na ang kahulugan niyon ay hindi siya kumain ng tanghalian sa loob ng ilang linggo. Sinabi niyang kunin ko ang pera at ibili ng mga Pamasko ang mga kapatid niya. Nagtiwala siya sa akin, na bago niyang madrasta, na bibilhin ko kung ano ang tama.

"Kinailangan kong bumili ng maliliit na bagay. Pero ipinasiya ko na maaari akong makabili ng regalo para sa buong pamilya. Mga tangerine na makakain, mga sabong teddy bear, mga krayola, maliliit na laruang kotse, medyas para sa tatay mo. At ibinili ko ng panyo si Ann. Simple iyon, pero hatinggabi na akong natulog para burdahan iyon at pagandahin. Masayang-masaya ako na binigyan kami ng regalo sa Pasko ng bago kong anak na babae. Gusto kong magkaroon din siya ng isang espesyal na bagay sa Pasko.

"Sumapit ang Pasko. Nagulat kami nang dalhan kami ng mga kaibigan namin sa simbahan ng isang Christmas tree at isang kahong puno ng mga regalo. Humingi sila ng paumanhin na mga simpleng bagay lang iyon na nakabalot sa diyaryo, pero napakaganda niyon! Napakaraming mapapakinabangang bagay at masasarap na pagkain. At may isa pang sorpresa, na sikreto namin ni Ann: may regalo kami para sa pamilya! Tuwang-tuwa ang mga kapatid mo! Hindi nagtagal nasa sahig na sila ng maliit na salang iyon, pinaaandar ang mga laruang kotse sa ibabaw at ilalim ng diyaryo. Nagkalat ang diyaryo! At binuksan ni Ann ang regalo niya at nakita ang panyo. Napaiyak siya. Medyo napaiyak din ako.

"Naghanda kami ng pagkain sa Pasko. Ah, nagkaroon kami ng pagkaing matagal na naming hindi natitikman! Pagkatapos ay naglinis kami. Umalis si Ann para itago ang kanyang panyo. Pero nawala iyon. Naghanap kami sa buong paligid. Pagkatapos ay naisip ko, naku po, naitapon na ng tatay mo ang diyaryo sa apoy. Napasama ba sa apoy ang panyo? Siguro kasi hindi na namin iyon nakita. Pero hindi nagreklamo si Ann. Nangyari na ang nangyari. Sabi niya masaya siya dahil masaya ang mga kapatid niya.

"Nang sumunod na Pasko, binigyan ko ng panyo si Ann. Siniguro kong hindi mawala ang isang iyon. Nang mag-asawa siya at lumipat ng bahay, pinadalhan ko siya ng panyo sa Pasko sa pamamagitan ng koreo. Hindi ko siya binibigyan ng panyo ngayon dahil sa iniisip kong kailangan niya iyon. Binibigyan ko siya ng panyo para sabihin sa kanya na hinding-hindi ko malilimutan ang ginawa niya para sa unang Pasko namin na sama-sama kami."

Ilang taon matapos itong ikuwento sa akin ni Inay, naipagdiwang namin ang Pasko na kasama ang buong pamilya namin. Sa gitna ng ingay at katuwaan, pinanood ko ang pagbubukas ng kapatid ko sa panyo. Nakita kong kumislap ang kanyang mga mata nang abutin niya at pisilin ang kamay ng aming ina. Naunawaan ko na. Hindi lamang iyon isang panyo. Iyon ang espesyal na alaala nila ng pagmamahal, mga regalo, at pagsasakripisyo. At, sa simpleng paraan nito, ipinaalala nito sa akin kung bakit ipinagdiriwang natin ang Pasko—dahil sa regalong napakaganda at puno ng pagmamahal na nangailangan ng sakripisyo. ■

# Mga Tanong at mga Sagot

## "Paano ko sasagutin ang mga tanong ng mga kaibigan ko tungkol sa templo samantalang ako mismo ay walang gaanong alam tungkol dito?"

Mahirap magsalita tungkol sa isang bagay na hindi mo nauunawaan, at napakarami nating hindi mauunawaan tungkol sa templo hangga't hindi tayo mismong nakakapunta roon. Sa labas ng templo maingat tayo sa pagtalakay sa mga ordenansa dahil sagrado ang mga ito. Gayunman, maaari pa rin nating pag-usapan ang tungkol sa mga pagpapala at layunin ng templo. Maaari nating sabihin sa ating mga kaibigan na sa loob ng templo ay natututuhan ng mga miyembro ang mga walang-hanggang katotohanan, natatanggap ang mga sagradong ordenansa para sa kanilang sarili, at naisasagawa ang mga ordenansang ito para sa kanilang mga ninuno at sa iba pang pumanaw na.

Kapag mas marami kang alam tungkol sa mga templo, mas handa kang sagutin ang mga tanong ng iyong mga kaibigan. Para madagdagan ang nalalaman, kausapin ang iyong mga magulang o mga lider ng Simbahan. Maaari mo ring basahin at ng mga kaibigan mo ang espesyal na isyu ng *Liahona* tungkol sa mga templo (Oktubre 2010) at hanapin ang mga sagot sa Mormon.org sa ilalim ng "Mga Templo" sa Frequently Asked Questions [Mga Bagay na Madalas Itanong].

Maaari mo ring ibahagi ang nadarama mo tungkol sa templo. Kung nakapasok ka na sa templo para magsagawa ng mga binyag o nakatuntong na sa bakuran ng templo, maaari mong banggitin sa mga kaibigan mo ang payapang damdamin na nadama mo habang naroon ka.

Kung itatanong ng mga kaibigan mo kung bakit hindi bukas para sa lahat ang templo, maaari mong ipaliwanag na dahil sagrado ang gawain sa loob ng templo, tanging ang mga handa sa espirituwal na bagay at mayhawak na balidong temple recommend ang makapapasok doon. Bago ilaan ang mga bagong templo, idinaraos ang isang open house upang makapasok ang mga tao sa komunidad at malibot ang templo at madagdagan ang nalalaman ukol dito. Pagkatapos mailaan ang templo, maaaring lumibot ang kahit sino sa mga bakuran nito. Kung maaari, yayain ang iyong mga kaibigan sa open house ng templo o kaya'y isama mo sa paglibot sa bakuran ng templo.

### Anyayahan ang Iyong mga Kaibigan na Makipag-usap sa mga Misyonero

Kapag nagtatanong ang mga kaibigan ko tungkol sa templo, sinasabi ko na ito ang bahay ng Panginoon, kung saan maaari nating isagawa ang espesyal na mga ordenansa na naglalapit sa atin sa ating Ama sa Langit at dahil dito maaari tayong makabalik sa Kanyang piling. Tinatanong ko rin ang mga kaibigan ko kung gusto ba nilang makipag-usap sa mga missionary para marami pa silang malaman. Kapag sinabi nilang hindi, isinusulat ko ang kanilang mga tanong at ako mismo ang nagtatanong sa mga missionary. Pagkatapos ay ipinaaalam ko sa mga kaibigan ko ang napag-alaman ko. Sa ganitong paraan nadaragdagan din ang nalalaman ko tungkol sa templo.

*Kimmie H., edad 13, Montana, USA*

### Maging Karapat-dapat sa Templo



Sasabihin ko sa mga kaibigan ko kung ano ang kinakatawan ng templo para sa akin: kaligayahan, kalakasan, sakripisyo, at mga pamilyang walang-hanggan. Ipaliliwanag ko kung paano manatiling karapat-dapat. Kung makikita nila na isa sa mga pinakamahalagang mithiin ko sa buhay ang mamuhay nang karapat-dapat sa templo, madarama nila ang kapangyarihan ng templo. Nakikita ng lahat ang panlabas na ganda ng templo, ngunit sa pamumuhay nang matwid, maipakikita ko sa mga kaibigan ko ang pag-asa at kaligayahan na dulot ng pagpasok sa templo.

*Emma R., edad 18, Utah, USA*

### Anyayahan ang Iyong mga Kaibigan na Alamin Pa ang Tungkol Dito




Sabihin sa mga kaibigan mo ang lahat ng nalalaman mo—basta angkop ito. Sabihin sa kanila na hindi natin pinag-uusapan ang ilang bagay tungkol sa templo dahil sagrado ang mga ito. Kung may itatanong silang bagay na hindi mo alam,

*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

buong katapatang sabihin sa kanila na hindi mo alam ito. At kung nais nilang malaman pa ang tungkol dito, anyayahan silang magsimba at sabihin sa kanila na pinagpapala ng Diyos ang mga taong sumusunod sa Kanyang mga kautusan nang dagdag na espirituwal na kaalaman. Naniniwala tayo na natututuhan ang mga espirituwal na bagay nang taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin.
*Carmela B., edad 18, Pilipinas*

### Kausapin ang Iyong mga Magulang



Hanapin ang mga sagot. Basahin ang mga banal na kasulatan at magtanong sa mga teacher sa Sunday School. Maaaring masagot ang mga tanong; ang kailangan mo lang gawin ay maghanap. Ipagdasal ito! Kapag may mga tanong ako tungkol sa templo, nagtatanong ako sa mga magulang ko. Madali silang kausapin at handa silang tumulong.
*Bryson B., edad 18, Utah, USA*

### Manalangin na Gabayan ng Espiritu ang Iyong Sagot



Sa pagsagot sa mga tanong ng mga kaibigan ko, nagdarasal muna ako sa Ama sa Langit at itinatanong kung ano ang dapat kong sabihin. Maaaring kailangang magtiyaga, ngunit sulit ang paghihintay na magabayan ka ng Espiritu sa iyong sasabihin. Pangalawa, magsimba at magpunta sa bautismuhan ng templo para tumanggap ng dagdag na espirituwal na kaalaman. Nang magtanong ang kaibigan ko tungkol sa templo, sinabi ko sa kanya na ang mga pagbibinyag ay ginagawa para sa mga yumao nating ninuno na hindi nagkaroon ng pagkakataong maging bahagi ng ebanghelyo noong nabubuhay pa sila. At sa langit ay maaari nilang piliing tanggapin o tanggihan ang ordenansa.
*Lydia P., edad 13, Florida, USA*


### Ipakita ang mga Larawan ng mga Templo



Gustung-gusto kong basahin ang mga aklat na nagpapakita ng mga templo sa iba't ibang panig ng mundo. Nang tanungin ako ng isang kaibigan tungkol sa mga templo, alam kong hindi sapat ang paliwanag ko para tulungan siyang maunawaan ito. Kaya't dinala ko ang aking aklat ng mga templo at ipinakita sa kanya kung ano ang templo, ang layunin ng templo, at kung gaano ang pasasalamat natin na mabisita ang templo. Nagpasiya akong yayain siyang magsimba sa araw ng Linggo, kung saan matutulungan siya ng mga missionary at mga Sunday School teacher na madagdagan ang kanyang nalalaman.
*Jessica A., edad 18, Indonesia*

### Magpunta sa Templo

Kung sisikapin nating magpunta nang madalas sa templo, mas mauunawaan natin ang ating Ama sa Langit. Ibig sabihin makapagdarasal tayo sa Kanya tungkol sa mga tanong ng ating mga kaibigan. Kung kaunti lang ang alam natin tungkol sa templo, ibig sabihin kailangan nating mag-aral pang mabuti. Sa tuwina bago magpunta sa templo, pag-aralan at ipanalangin kung ano ang dapat mong isipin habang nasa templo. Sa gayon ay masasagot natin ang mga tanong na gaya ng "Ano ang damdamin mo ukol sa templo?"
*Sara T., edad 14, Idaho, USA*



**KABANALAN SA PANGINOON**

"Ang templo ay isang lugar ng kagandahan, isang lugar ng paghahayag, isang lugar ng kapayapaan. Ito ang bahay ng Panginoon. Ito ay banal sa Panginoon. Dapat itong maging banal sa atin."

**Pangulong Howard W. Hunter (1907–95), "The Great Symbol of Our Membership," *Tambuli,* Nob. 1994, 6.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Paano ko mapaglalabanan ang tukso?"


Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Enero 15, 2013, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo sa:

*Liahona,* Questions & Answers 1/13
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

# PAANO MAGBIBIGAY NG MGA REGALO KAY CRISTO



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

**PAANO ITO NASUNOD NG MGA KABATAAN**

"Inaanyayahan ko ang isang kaibigan na magsimba, dumalo sa aktibidad ng Mutual, o kahit sa hapunan. Malayo ang mararating ng kaunting malasakit sa pagtulong sa isang tao na madamang siya ay minamahal."
Armand F.

"Sinisikap kong sulatan ang mga missionary mula sa aking ward."
Jenny R.

"Kung minsan ito ay pagiging kaibigan ng mga taong nangangailangan ng tulong."
Ryan B.

Iyan ang diwa ng Pasko na naglalagay sa ating puso ng hangarin na **magbigay ng galak** sa ibang tao. Ang pagdiriwang ng Pasko ay tumutulong para **tuparin natin ang ating pangako na laging aalalahanin ang Panginoon** at ang Kanyang mga kaloob sa atin. At ang pag-alaalang iyan ay naghihikayat sa ating hangarin na **bigyan Siya ng mga regalo.**

Sinabi Niya kung ano ang maaari nating ibigay na makapagpapasaya sa Kanya. Una, maaari tayong magbigay, dahil sa pananampalataya sa Kanya, **ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.** Maaari tayong magsisi at gumawa ng mga sagradong tipan sa Kanya.

Ikalawa, maibibigay ninyo sa Kanya ang regalo ng **paggawa ng gagawin Niya para sa kanila.** Sa aklat ni Mateo ay may mahabang listahan ng maaaring gawin. Doon ay mababasa natin ang mga salita ng ating Manunubos, na inaasam nating lahat na marinig at bigkasin kapag nakita natin Siya sa kabilang-buhay:

"Kung magkagayo'y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsasabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at **pinakain ka namin**? o nauuhaw, at pinainom ka?

"Kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at **pinaramtan ka?**

"At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at **dinalaw ka namin?**

"At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:37–40).

Sa mga salitang iyon niliwanag ng Panginoon ang mga regalo ng pasasalamat na maibibigay natin sa Kanya. Bawat **kabaitan** sa sinuman ay nagiging kabaitan sa Kanya dahil mahal Niya ang lahat ng anak ng Ama sa Langit. At dahil nagdudulot iyan sa Kanya ng kagalakan, nagdudulot din ito ng kagalakan sa Kanyang Ama na dapat nating pasalamatan nang labis.

Marami sa inyo ang makakakita ng mga paraan sa Kapaskuhang ito na mapakain ang mga taong nagugutom. Sa paggawa nito, mapapasaya ninyo ang Panginoon. Subalit itinuro Niya sa atin na may paraan para makapagbigay **ng mas mahalaga at nagtatagal na regalo.** Sabi Niya, "Ako ang tinapay ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw" (Juan 6:35). Sa lahat ng kabaitang ibinibigay natin para sa Kanya, ang pinakadakilang maihahandog natin ay ang **ilapit sa Kanya ang ating mga minamahal at pinaglilingkuran,** na tanging pinagmumulan ng buhay na walang-hanggan. ■

*Mula sa mensahe sa Pamaskong Debosyonal ng Unang Panguluhan noong 2010 na pinamagatang "Ang Kaloob na Tagapagligtas."*



PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

# HALINA, SIYA'Y ATING SAMBAHIN

"Ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo, ang Ilaw ng Sanlibutan, na nag-aanyaya sa ating lahat na lumapit sa Kanya tungo sa liwanag."

Elder Patrick Kearon ng Pitumpu, "Halina, Siya'y Ating Sambahin," *Liahona,* Dis. 2011, 42.



*NAGBIBIGAY-PUGAY SI SIMEON SA BATANG CRISTO,* NI GREG OLSEN © 1987, HINDI MAAARING KOPYAHIN

# Paano Naman ang Pakikipagdeyt?

*Ang harapang pakikipag-usap sa ibang tao ay kailangan upang mabuo ang tunay na mga pagkakaibigan.*



**Ni Larry M. Gibson**
Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency

Dahil nagkaroon ako ng pribilehiyong makausap ang mga binatilyo at dalagita sa Simbahan sa iba't ibang lugar, madalas kong marinig na bagama't marami sa inyo ang interesadong bumuo ng mas mabuting pakikipagkaibigan sa miyembro ng opposite sex, kadalasan ay nahihirapan kayo sa pagalam kung paano iyan mangyayari.

Kung tutuusin dahil sa lahat ng social media, dapat mas madali tayong magkaugnayan ngayon kaysa noon. Sa ilang pagkakataon, gayunman, maaaring ang teknolohiya ang sanhi ng pagkakaroon natin ng hindi gaanong makabuluhang mga relasyon o pakikipag-ugnayan. Ang tweeting, texting, e-mailing, at friending ay hindi makalilikha ng tunay at makabuluhang relasyon o ugnayan. Ang harapang pakikipag-usap sa ibang tao ay kailangan upang mabuo ang tunay na mga pagkakaibigan.

Panahon na para ibalik ninyong mga kahanga-hanga naming kabataan ang dating kahulugan ng pagsasama-sama ng mga kabataang lalaki at babae para magkakila-kilala. Maaaring narinig na ninyo ang salitang ito; ang karanasang ito ang tinatawag noon na pagdedeyt.

## Mga Sagot sa mga Bagay na Madalas Itanong

Marami sa inyo ay may mga tanong tungkol sa pakikipagdeyt at sa payo na ibinigay sa bagong polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Narito ang ilang naitanong na sa akin, kasama ang mga sagot mula sa napakagandang gabay na aklat na ito.

**Hindi ko po tiyak kung handa na akong makipagdeyt. May espesyal na mga dahilan po ba kung bakit dapat akong makipagdeyt?**

Ang pakikipagdeyt ay makabuluhan sa ilang kadahilanan. Ipinaliliwanag ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na ang pakikipagdeyt ay "nagtutulot sa isang kabataang lalake at kabataang babae na mas makilala ang isa't isa. Sa mga kulturang tinatanggap ang pakikipagdeyt, matutulungan kayo nito na matutong makihalubilong mabuti, makipagkaibigan, magkaroon ng makabuluhang kasayahan, at sa huli ay makahanap ng makakasama sa kawalang-hanggan."[1]

**Narinig natin na hindi tayo dapat makipagdeyt kung wala pa tayong 16 na taong gulang at huwag seryosong makipagdeyt kahit kanino habang bata pa tayo. Bakit?**

Sinasabi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na: "Huwag makipagdeyt hangga't wala pa kayong 16 na taong gulang. Kapag nagsimula kayong makipagdeyt, sumama sa isa o mas marami pang magkapareha. Iwasan ang madalas na pakikipagdeyt sa iisang tao. Ang seryosong pakikipagrelasyon nang napakabata pa ay maglilimita sa bilang ng mga taong makikilala ninyo at maaaring humantong sa imoralidad."[2]

**Gusto ng isang binata na makipagdeyt ako sa kanya, pero pakiramdam ko ay hindi kami magkapareho ng mga pamantayan. Ano ang dapat kong gawin?**

Itinuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na: "Makipagdeyt lamang sa may matataas na pamantayan at makatutulong sa inyo na mapanatili ang inyong mga pamantayan. . . . Laging maging mabait at magalang kapag nagyayaya kayo ng deyt o kapag tinatanggap o tinatanggihan ninyo ito."[3]

**Kung minsan wala akong ibang maisip**

MGA PAGLALARAWAN NG PUBLISHING SERVICES AT NI DAVID STOKER © IRI







**na deyt maliban sa panonood ng sine. Ano ang dapat kong gawin?**

Ibinibigay ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ang nakatutulong na mga alituntuning ito: "Magplano ng mga aktibidad na ligtas, maganda, at hindi magastos at nakatutulong sa inyo na makilalang mabuti ang isa't isa. Pumunta lamang sa mga lugar kung saan masusunod ninyo ang inyong mga pamantayan at mananatiling malapit sa Espiritu."[4]

Ang apat na simpleng panuntunang ito—mga deyt na ligtas, maganda, hindi magastos, at kung saan nananatiling malapit ang Espiritu—ay nagbibigay ng ideya ukol sa maraming magagandang pakikipagdeyt.

Kapag ginugunita naming mag-asawa ang mga unang pagdedeyt namin, ang agad pumapasok sa aming isipan ay ang mga pagkakataong kaunti lang ang ginastos namin o kaya'y wala talaga kaming ginastos, kung saan may kasama kaming isa pang magkapareha, at nagkaroon kami ng makabuluhang mga pag-uusap at interaksyon.

### Pangangalaga sa Dangal ng Isa't Isa

Hayaang magtapos ako sa isa pang mahalagang pagsipi mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at pagkatapos ay isa pang huling punto. Una, "Tandaan na ang isang binatilyo at isang dalagita na nagdedeyt ay may responsibilidad na pangalagaan ang dangal at puri ng isa't isa."[5] Sa inyong mga pakikipagdeyt, tiyaking wala kayong gagawin na ikahihiya ninyo. Gaya ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, "Sa pakikipagdeyt, magpakita ng respeto sa inyong kadeyt, at umasang gayundin ang ipakikitang respeto sa inyo ng inyong kadeyt."[6]

### Ang Pagkakaiba ng Pagdedeyt at Panliligaw

Ang pinakahuli, bagama't inilalarawan ng ilan ang *pagdedeyt* bilang "pagliligawan," ang pagdedeyt ng mga kabataan sa Simbahan ay hindi nangangahulugan na "mag-steady" na sila o hindi na sila maaaring makipagdeyt sa iba. Ayon sa mga pamantayan ng Simbahan, ang layon ng pagdedeyt ay bigyang pagkakataon na makilala ang isa't isa na maaaring humantong sa mga pagkakaibigan.

Kapag naging adult na kayo—pagkatapos magmisyon ng kabataang lalaki—sinasabi ng Panginoon na, "Ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon" (I Mga Taga Corinto 11:11). Sa panahong ito nagiging pagliligawan ang pagdedeyt gaya ng binigyang-diin sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan:* "Gawing prayoridad ang pakikipagdeyt at pag-aasawa. Humanap ng mapapangasawang karapat-dapat pumunta sa templo upang mabuklod sa inyo para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Ang pagpapakasal sa templo at pagbuo ng walang hanggang pamilya ay mahalaga sa plano ng kaligayahan ng Diyos."[7] ■

## IBAHAGI ANG IYONG KUWENTO

May karanasan ka ba sa pagsunod sa payo mula sa mga patnubay na ito sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*?

- Paglilingkod
- Kadalisayan ng puri
- Mga ikapu at mga handog
- Pagtatrabaho at pag-asa sa sariling kakayahan


Mangyaring ipadala ang iyong karanasan sa pamamagitan ng pag-e-mail sa liahona@ldschurch.org na nakasulat ang "For the Strength of Youth" sa subject line. Isama ang iyong buong pangalan, kapanganakan, ward at stake, at pahintulot ng magulang (sa pamamagitan ng e-mail) para mai-print ang iyong tugon.

MGA TALA

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (2011), 4.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 4–5.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 4–5.
4. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 4–5.
5. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 4–5.
6. Thomas S. Monson, "Standards of Strength," *New Era,* Okt. 2008, 5.
7. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 4–5.







**Ni Hikari Loftus**
Mga Magasin ng Simbahan

# Dahil sa MGA PAMILYA

*Naisip na ba ninyo ang lahat ng paraan na nabiyayaan kayo dahil sa pagiging bahagi ng isang pamilya?*

Walang dalawang pamilya na magkatulad, gayunman ay inorden ng Diyos ang pamilya bilang "pinakamahalagang yunit ng lipunan sa buhay na ito at kawalang-hanggan."[1] Saanman kayo nakatira o anuman ang klase ng inyong pamilya, matutulungan kayo ng ebanghelyo sa pagkakaroon ng mas matibay na ugnayan at espirituwal na kalakasan sa pagdudulot nito ng mas malaking kaligayahan sa inyong pamilya. Basahin ang sinasabi ng mga tinedyer na ito mula sa iba't ibang panig ng daigdig kung bakit mahalaga sa kanila ang pamilya.

## Ang Pamilya ay Walang-Hanggan

Si Erin, na taga-North Carolina, USA, at ang kanyang pamilya (kaliwa) ay may iisang mithiin noon pa: ang maging walang-hanggang pamilya. Gayunman, hindi miyembro ng Simbahan ang ama ni Erin.

"Siyempre gusto ng nanay ko at mga kapatid ko na makabahagi ang aking tatay sa mga pagpapala ng ebanghelyo. Napaligaya kami ng ebanghelyo ni Jesucristo, at gusto naming madama ni Itay ang kaligayahang ito. Gustung-gusto rin naming lahat na mabuklod magpakailanman bilang isang pamilya," sabi ni Erin.

Dahil determinadong maging walang-hanggang pamilya, ginawa ni Erin at ng kanyang mga kapatid at ng nanay nila ang lahat sa abot ng kanilang makakaya para masunod ang mga kautusan at magkaroon ng malakas na pananampalataya, at sama-sama silang nagdasal para maantig ng ebanghelyo ang puso ng kanilang ama.

Bagama't tumagal nang ilang taon, sa huli ay nabinyagan at nakumpirma ang tatay ni Erin. Sampung araw pagkatapos ng kanyang binyag, bininyagan niya ang mga nakababatang kapatid ni Erin. Hindi magtatagal



matutupad na rin ang mithiin ng kanilang pamilya na mabuklod sa templo.

## Ang Pamilya ay Nagdudulot ng Lakas at Suporta

Mula nang pumanaw ang kanilang ama, si Elizabeth at ang kanyang kapatid na si Enaw, na taga-Cameroon, Africa, ay nakaasa na sa kanilang ina. "Siya lagi ang tumutulong sa amin mula nang mamatay ang aming Itay. Pinagpapala at pinoprotektahan kami ng Diyos sa lahat ng aming ginagawa," sabi ni Elizabeth.

Nagtipon ang pamilya ni Elizabeth (itaas) nang mamatay ang kanyang ama. At, pagkatapos nilang sumapi sa Simbahan noong 2010, nalaman nina Elizabeth at Enaw ang walang-hanggang kahalagahan ng pamilya.

"Isa sa mga pinakamahalagang bagay na natutuhan namin [mula sa ebanghelyo] ay ang tungkol sa kahalagahan ng pamilya," sabi ni Elizabeth. "Naging mahalaga sa akin ang pamilya dahil sa pamamagitan ng aking pamilya, narating ko ang kung ano ako ngayon."

## Ang Pamilya ay Naghahatid ng Pag-unlad at Kapayapaan

Nalaman ni Adina, na taga-Switzerland, kung paano magkakatulungan ang mga miyembro ng pamilya na paunlarin ang mga talento habang sama-sama silang nasisiyahan sa mga makabuluhang paglilibang.[2] Ang kanyang pamilya ay nagpaplano ng buwanang family outing kung saan nalalaman pa nila ang tungkol sa mga libangang kinawiwilihan ng bawat isa. "May pagkakataon kaming bigyan ang aming mga kapatid ng mas malalim na pananaw tungkol sa aming buhay at mga nais naming gawin," sabi niya. Minsan, tinuruan ng kanyang Itay ang pamilya tungkol sa dog training (ibaba). "Nakatutuwang makita ang kanyang kasabikan at kung gaano siya kaligaya na ibahagi sa amin ang isang mahalagang bahagi ng kanyang buhay at kanya ring libangan," paggunita ni Adina.

Sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito ng pamilya, maraming natutuhang kasanayan si Adina. Napansin din niya na naging mas payapa ang kanyang buhay: "Ang pamilya ay isang lugar kung saan makapagpapahinga ako sa araw-araw na mga gawain ng buhay at mapapanatag, at magkakaroon din ng lakas at malalaman na hindi ako kailangang manindigang mag-isa sa buhay na ito. Ipinagpapasalamat ko ito dahil napakabilis ng takbo at napakaingay ng mundo ngayon. Natutuwa ako na may lugar ako para makapagpahinga at manumbalik ang aking sigla."

Bagama't maaaring magkakaiba ang kanilang mga dahilan, napagalaman ng mga tinedyer na ito na makaaasa sila sa kanilang mga pamilya para sa kinakailangang suporta, kapayapaan, at pagmamahal. ■



### TAPAT NA MGA PAMILYA

"Ang pinakamahalagang dahilan ng ating buhay ay ang ating mga pamilya. Kung ilalaan natin ang ating sarili dito, mapagbubuti natin ang bawat aspeto ng ating buhay at, bilang mga tao at bilang simbahan, magiging halimbawa at tanglaw tayo sa lahat ng mga tao sa buong mundo."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Upang Mahanap ang Naliligaw," *Liahona,* Mayo 2012, 98.**

**MGA TALA**

1. *Family Guidebook* (buklet, 2001), 1.
2. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.



MGA RETRATO SA KAGANDAHANG-LOOB NG MGA PAMILYA





# MGA REGALONG HINDI MO MAIBABALOT



Ni Elyse Alexandria Holmes

Sa panahon ng Kapaskuhan madalas matuon ang ating pansin sa pagbibigay ng mga regalo sa mga mahal natin sa buhay. Ngunit tandaan na ang ilan sa mga pinakamalalaking regalo ay iyong hindi mo maibabalot. Narito ang ilang hindi malilimutang mga regalo na maibibigay mo sa iyong mga magulang.



**Paglilingkod**

Isa sa mga pinakamalaking regalong maibibigay mo ay paglilingkod. Magugustuhan ito ng iyong mga magulang.

- Linisin ang bahay.
- Mag-alok na alagaan ang sanggol o maliit na bata.
- Ayusin at linisin ang mesa.
- Maghanda ng hapunan para sa iyong pamilya.
- Hugasan ang mga plato o walisan ang sahig.
- Tulungan ang isang kapatid sa kanyang homework.
- Depende sa klima sa inyong lugar, alisin ang snow sa inyong daanan o tanggalin ang mga damo sa halamanan.

MGA PAGLALARAWAN NG PUBLISHING SERVICES AT NI ROBERT CASEY © IRI




## Oras ng Pamilya

Kahit na ikaw ay abala, mag-ukol ng panahon sa iyong pamilya. Ang iyong presensya ay tutulong sa pagsuporta sa iyong mga magulang, at pasasalamatan ka nila sa iyong mga pagsisikap.

- Makibahagi sa family home evening (nang hindi na pinaaalalahanan tungkol dito).
- Makipaglaro sa iyong mga kapatid.
- Dumating sa oras ng pagkain ng pamilya.
- Kausapin at pakinggan ang mga miyembro ng pamilya.
- Makibahagi sa panalangin ng pamilya at pagbabasa ng banal na kasulatan.
- Mag-ukol ng panahon sa iyong pamilya sa halip na sa mga kaibigan mo lamang, o anyayahan ang iyong mga kaibigan sa mga aktibidad ng pamilya (sa pahintulot ng iyong mga magulang).







## Matibay na Pangako

Ipaalam sa iyong mga magulang na nangangako kang gawin ang isang bagay na mahalaga. Ang pinakamainam na paraan para maipakita ang iyong katapatan ay ang simulan na ito ngayon at patuloy itong gawin.

- Maghandang magmisyon (para sa mga kabataang lalaki). Simulan na ngayon sa pamamagitan ng pag-iipon para sa misyon kung maaari.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan sa araw-araw.
- Itabi ang kaunting halaga ng iyong kinikita.
- Pumasok sa paaralan nang hindi nagrereklamo at gawin sa oras ang iyong homework.
- Dumalo sa seminary. Kung dumadalo ka sa seminary sa umaga, magkusang gumising.
- Maghandang makasal sa templo. Gumawa ng listahan ng mahahalagang katangiang hahanapin sa mapapangasawa at pagkatapos ay sikaping taglayin ang mga katangiang iyon.








## Saloobin

Pasasalamatan ng iyong mga magulang ang mabuting saloobin mo sa kanila at sa iba pang mga miyembro ng inyong pamilya.

- Magkaroon ng positibong pananaw.
- Huwag hanapan ng mali ang iyong mga magulang o mga kapatid.
- Ugaliing magpasalamat, maging sa maliliit na bagay.
- Sumulat ng liham ng pasasalamat sa iyong mga magulang sa lahat ng ginawa nila para sa iyo.
- Lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pagitan mo at ng iyong mga magulang o mga kapatid nang hindi nagagalit o nakikipagtalo.
- Literal—na bilangin ang natatanggap mong mga pagpapala. Gumawa ng listahan ng mga bagay na nagawa mo dahil sa suporta ng iyong mga magulang, at ipakita sa kanila ang listahang ito. ■


# I Mga Taga Corinto 15:20–22

*Sa mga talatang ito ipinahahayag ni Apostol Pablo na ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo ay nangangahulugan na ang lahat ay muling magbabangon.*



SIYAY BUHAY, NI SIMON DEWEY

20 Datapuwa't si [a]Cristo nga'y
muling binuhay sa mga patay na
siya ay *naging* [b]pangunahing bunga
ng nangatutulog.
21 Sapagka't [k]yamang sa pama-
magitan ng tao'y *dumating ang*
*kamatayan*, sa pamamagitan din na-
man ng tao'y *dumating ang pagka-*
*buhay na maguli sa mga patay*.
22 Sapagka't kung paanong kay
Adam ang lahat ay nangamamatay,
gayon din naman kay Cristo ang
lahat ay bubuhayin.



## Ngayon si Cristo ay Nagbangon mula sa mga Patay

"Wala nang mga salitang higit na makahulugan sa akin kaysa sa mga binigkas ng anghel sa nananangis na si Maria Magdalena at sa isa pang Maria nang papalapit na sila sa libingan upang linisin ang katawan ng kanilang Panginoon: 'Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwa't nagbangon' (Lucas 24:5–6).

"Sa pahayag na ito, ang mga nabuhay at namatay, ang mga nabubuhay ngayon at mamamatay balang-araw, at ang mga isisilang pa lang at mamamatay din ay nailigtas na.


"Dahil sa nadaig ni Cristo ang kamatayan, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Ito ang pagkatubos ng kaluluwa."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Wala Siya rito, Datapuwa't Nagbangon,"** ***Liahona,*** **Abr. 2011, 4.**

## Pangunahing Bunga ng Nangatutulog

*Mga pangunahing bunga*—ang mga bunga, gulay, at butil na nahihinog sa tag-ani.

Sa ilalim ng batas ni Moises, ang mga pangunahin o unang bunga ay iniaalay bilang banal na hain sa Panginoon upang ipakita ang pasasalamat at katapatan. Dahil ang mga unang bunga ay tanda na nagsimula na ang pag-ani at marami pang pananim ang aanihin, sinasabi ni Apostol Pablo na si Jesucristo ang una sa mga patay ("ng nangatutulog") na muling nagbangon at na marami pang mabubuhay na mag-uli.



## Kay Cristo ang Lahat ay Bubuhayin

"Iniisip ko kung lubos nating pinahahalagahan ang napakalaking kabuluhan ng ating paniniwala sa isang literal, at pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli. Ang katiyakan ng imortalidad ay mahalaga sa ating pananampalataya. . . .

"Sa ating walang-hanggang paglalakbay, ang pagkabuhay na mag-uli ang malaking haliging nagsasaad ng pagwawakas ng mortalidad at ng pagsisimula ng imortalidad. . . . Alam din natin, mula sa makabagong paghahayag, na kung hindi muling magsasanib ang ating espiritu at ating katawan sa pagkabuhay na mag-uli hindi tayo tatanggap ng 'ganap na kagalakan' (D at T 93:33–34)."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagkabuhay na Mag-uli,"** ***Liahona,*** **Hulyo 2000, 17–18.**

## Kay Adan ang Lahat ay Nangamamatay

Dahil nahulog o nagkasala sina Eva at Adan, ang buong sangkatauhan ay kailangang dumanas ng pisikal na kamatayan (tingnan sa 2 Nephi 9:6; Moises 6:48).

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

MULA SA MISYON




# PAGPAPAKAIN SA MGA NAGUGUTOM

*Sa pamamagitan ng maliliit na paraan natugunan namin ang malalaking pangangailangan—kapwa sa pisikal at espirituwal.*

**Ni Dallin C. Wilcox**

Noong Disyembre 2004, naglilingkod ako noon bilang full-time missionary sa Lins, São Paulo, Brazil. Nagpasiya ang lokal na ward at branch na makibahagi sa taunang programang "Natal sem Fome" (Paskong Walang Pagkagutom) sa Brazil. Sa pakikipagtuwang sa ilang entidad o samahan—kabilang na ang mga sundalo mula sa Brazilian army, mga tagahatid ng sulat, at mga miyembro ng iba pang mga relihiyon—dumaan kami sa mga kapitbahayan para manghingi ng pagkain na kalaunan ay ibibigay sa mga taong nangangailangan sa lungsod. Sinamantala din namin ang malaking pagkakataong ito na mamigay ng mga pass-along card, o "mga kard ng pakikipagkaibigan" gaya ng tawag namin sa mga ito. Mga 2,000 kard ang naipamigay.

Maraming miyembro ang nagbanggit tungkol sa napakagandang damdamin na nadama nila habang naglilingkod at ibinabahagi ang diwa ng Pasko sa kainitan ng sikat ng araw sa Brazil. Napakagandang pagmasdan ang mga sundalo na namimigay ng mga pass-along card mula sa simbahan na hindi nila kinabibilangan.

Makaraan ang isang linggo nakatanggap kami ng 127 kahilingan na mabigyan ng *Joy to the World* na Pamaskong DVD na nagtatampok sa Mormon Tabernacle Choir. Nang sumunod na linggo nakatanggap kami ng 22 pang kahilingan. Sinimulan naming turuan ng kompanyon ko ang mga taong ito at nakapasok sa maraming tahanan bunga ng proyektong ito.

Hindi ko malilimutan ang galak at pagmamahal na nadama sa espesyal na proyektong iyon, nang tumulong kaming ipalaganap ang ebanghelyo at maghatid ng ginhawa sa maraming pamilyang nagugutom. Naibsan kapwa ang espirituwal at pisikal na pagkagutom.


Alam ko na sa pamamagitan ng maliliit at simpleng bagay (gaya ng pass-along card) maraming malalaki at kagila-gilalas na mga bagay (gaya ng kaligtasan ng kaluluwa ng mga tao) ang naisasakatuparan. Ang karanasang ito ay patunay na maraming oportunidad ang nakapalibot sa atin sa panahon ng Kapaskuhan at sa iba pang panahon upang maisakatuparan itong kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain. ■

*Ang* Joy to the World *DVD at mga pass-along card para sa DVD ay makukuha sa store.lds.org.*

PAGLALARAWAN NI CAROLYNN VIBBERT

# MAGKASAMANG UMUNLAD BILANG MGA DEACON

*Bagama't magkaiba ang kanilang hitsura, maraming bagay na magkatulad sa dalawang binatilyong ito.*




Si Tyler W. ay anim na talampakan (1.8 m) ang taas, pula ang buhok, at size 13 ang sukat ng kanyang sapatos. Si Gerrit V. ay apat na talampakan at walong pulgada (1.4 m) ang taas, brown ang buhok niya, at size 2 ½ ang suot niyang sapatos. Ngunit kahit magkaiba ang kanilang pangangatawan, "kambal" ang tawag sa kanila ng kanilang mga pamilya dahil matalik silang magkaibigan at maraming magkatulad sa kanilang dalawa.

Sina Gerrit at Tyler ay kapwa 12 taong gulang at nasa iisang korum ng mga deacon. Kapwa sila nasisiyahan sa paglalaro ng sports, pag-uukol ng panahon sa kanilang mga pamilya, at pag-alam ng mga bagong bagay. Kapwa rin sila may patotoo sa ebanghelyo at sinisikap na igalang ang Aaronic Priesthood. "Kailangan naming gampanan ang aming mga tungkulin sa priesthood para matuto kami," sabi ni Gerrit.

Kapwa sila nasisiyahan sa pagtupad sa mga tungkuling iyon sa pamamagitan ng pagpapasa ng sakramento at pagkolekta ng mga handog-ayuno.

Tumutulong din sila sa pagkaibigan sa iba pang mga deacon sa kanilang ward sa pamamagitan ng pag-imbita sa kanila na lumapit kay Cristo. "Kung may isang hindi dumalo, isa sa amin ang susulat ng maikling liham sa kanya tungkol sa lahat ng natutuhan namin sa simbahan. Pagkatapos ay ibibigay namin ito sa kanya na sinasabing, 'Punta ka naman sa simbahan,'" sabi ni Gerrit.

Sina Gerrit at Tyler ay nakikibahagi rin sa Tungkulin sa Diyos. Nagplano silang lalo pang basahin ang mga banal na kasulatan. "Makatutulong talaga ito sa iyong paniniwala at nagpapalakas ng iyong patotoo," sabi ni Tyler.

Ang mga binatilyong ito ay mga deacon din na tulad mo o ng mga kakilala mo. May mga bagay na magkaiba sa kanila at may mga bagay na magkatulad sa kanila. Ngunit ang pinakamahalaga, sila ay kapwa mga anak ng Diyos at nais nilang maglingkod sa Kanya, kaisa ng kanilang korum sa priesthood. ■


## PAANO MAGKAKAROON NG PAGKAKAISA SA KORUM

Kapag ikaw ay inorden na deacon tulad nina Tyler at Gerrit, ikaw ay nagiging bahagi ng isang korum ng priesthood. Narito ang ilang ideya kung paano ka makatutulong sa pagkakaroon ng pagkakaisa sa inyong korum:

- Isali ang lahat.
- Sama-samang maglingkod.
- Hikayatin ang mga kasama.
- Pakinggan ang isa't isa.
- Sundin ang mga tagubilin mula sa mga lider.
- Tulungan ang isa't isa na ipamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo.

LARAWANG KUHA NI MINDY RAYE FRIEDMAN

NATATANGING SAKSI



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay tinatawag bilang mga natatanging saksi ni Jesucristo.*

# Paano ako magiging saksi ni Jesucristo?



Tayo ay mga saksi ni Jesucristo kapag nakikita sa ating pamumuhay ang Kanyang mga itinuturo. Dapat makita sa ating kilos, pagsasalita, hitsura, at pag-iisip si Cristo at ang Kanyang pamamaraan.


Tayo ay mga saksi ni Jesucristo kapag sinasabi natin sa iba ang nadarama natin tungkol sa Kanya.

Tayo ay mga saksi ni Jesucristo kapag namumuhay tayo nang may masayang pananaw na nagpapakita ng pananampalataya natin sa Kanya.

Tayo ay mga saksi ni Jesucristo kapag nagpapatotoo tayo sa iba at tinutulungan silang malaman ang tungkol sa Kanya at sundin Siya.

PAGLALARAWAN NI BECCA SCHOLES

*Hango sa "Pagiging Saksi ni Cristo,"* Liahona, *Mar. 2008, 58–63.*



# Ang Regalo Ko kay Jesus

**Ni Rachel Lynn Bauer**
Batay sa tunay na buhay

*"Lahat ng anak ng Diyos, sumasamba, naghahandog ng pag-ibig sa Kanya" ("The Shepherd's Carol,"* Children's Songbook, *40).*

"Oras na para sa family home evening!" pagtawag ni Itay.

Nagmamadali akong nagpunta sa sala. Palagi kaming nagkakasayahan sa unang family home evening ng Disyembre.

Ang nakababata kong kapatid na si Michelle ay nakipag-unahan sa akin at umupo sa malambot na kulay asul na armchair.

"Ang daya!" sabi ko. "Diyan ka na umupo noong isang linggo. Ako naman ngayon."

"Nauna ako rito, kaya ako ang uupo rito," sagot niya. "Puwede ka namang umupo sa sopa."

"Ayokong umupo sa sopa," ang inis na sabi ko.

Nagpunta ako sa tumba-tumba at ipinihit ito para hindi ko makita si Michelle. Talagang ginagalit niya ako kung minsan! Iniisip niyang makukuha niya kahit ano ang gustuhin niya. Sa tuwing magrereklamo ako, sinasabihan ako ni Inay na huwag akong maramot.

Pagkatapos kumanta ng aming pamilya ng isang himno at nagdasal, sinabi ni Itay, "Ang Pasko ay kapana-panabik na panahon, at kailangan nating tandaan ang tunay na kahulugan nito. Ngayong gabi magsisimula tayo sa mga regalo natin kay Jesus."

Mga regalo namin kay Jesus. Nakalimutan ko ang tungkol doon!


"Nagdiriwang tayo ng Pasko dahil isinilang si Jesus," pagpapatuloy ni Itay. "Ginawa Niyang posible na matanggap natin ang pinakadakilang regalo—buhay na walang-hanggan sa piling ng Ama sa Langit."

"At ano ang ipinagawa Niya sa atin bilang kapalit?" tanong ni Inay.

"Sumunod sa Kanya at sundin ang Kanyang mga utos," sagot ng kapatid kong lalaki.

Binigyan ni Inay ang bawat isa sa amin ng kard at bolpen. Dapat naming isulat kung paano namin

PAGLALARAWAN NI LAURA ANDROS



ipakikita kay Jesus na mahal namin Siya. Iyon ang regalo namin—ang pumili ng isang bagay na gagawin namin para maging higit na katulad ni Jesus.

Alam ko na agad kung ano ang dapat kong iregalo. Itinuro ni Jesus na mahalin ang iba, kahit sila ang dahilan ng ating pagkagalit. Alam kong gusto ni Jesus na mahalin ko ang kapatid ko. Isinulat ko ang, "Magiging mabait ako kay Michelle."

Inilagay namin ang aming mga kard sa isang kahon na nakabalot nang kulay ginto. Inilagay namin ang kahon sa ilalim ng Christmas tree. Sa tuwing titingnan namin ang kahon, dapat naming alalahanin ang regalo sa amin ng Tagapagligtas at ang aming regalo sa Kanya.

Makalipas ang ilang araw, nakita kong kinuha ni Michelle ang paborito kong kamiseta nang hindi nagpapaalam. Gusto ko siyang sigawan. Pagkatapos ay tumingin ako sa ginintuang kahon at naalala kung gaano ko kamahal si Jesus. Maipapakita ko ang pagmamahal sa Kanya sa pagiging mabait sa aking kapatid. Sabi ko, "Ang ganda mo ngayon, Michelle."

Ngumiti siya.

"Sori, hindi na ako nagpaalam na isusuot ko ang kamiseta mo. Wala ka nang magbihis ako, at gusto kong maging maganda sa Christmas party ng klase ko ngayon."


Maganda ang naging pakiramdam ko. Masaya ako na pinili kong maging mabait kay Michelle sa halip na magalit sa kanya.

Sa natitirang mga araw ng buwan, sinikap kong alalahanin ang mabuting pakiramdam na iyon at ang mithiin kong maging katulad ni Jesus. Lalo akong naging mapagpasensya at mapagmahal.

Pagsapit ng Bisperas ng Pasko, binasa ni Itay ang kuwento ng pagsilang ni Jesus, at isinadula namin ito. Nagpasiya akong gumanap bilang anghel sa halip na makipagtalo kay Michelle sa kung sino ang gaganap na Maria.

Pagkatapos ay binuksan namin ang ginintuang kahon at binasa nang malakas ang mga regalo namin kay Jesus. Nang basahin ko ang sa akin, sinabi ni Inay, "Napansin ko na lalo kang naging mabait kay Michelle. Ipinagmamalaki kita!"

Masaya rin ako. Wala pa akong nabuksan na mga regalo, pero may natanggap na akong isang bagay na espesyal: ang damdamin mula sa Espiritu Santo na nagsasabing tama ang ginawa ko. ■



"Sa Paskong ito, sa kabila ng iba't ibang tradisyon sa Pasko, sana nakatuon muna tayo sa Panginoong Jesucristo."


**Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Christ the Savior Is Born," *New Era*, Dis. 2006, 2.**

# Ang Ating Pahina



## IBIG NILANG MAKITA ANG TEMPLO

Bumisita ang mga bata sa Primary ng La Florida Third Ward sa Santiago, Chile, sa bakuran ng templo kasama ang kanilang mga lider sa Primary at ang mga miyembro ng bishopric. Habang nililibot nila ang magagandang halamanan, pinag-usapan nila ang tungkol sa layunin ng mga templo, at kinanta nila ang "Templo'y Ibig Makita" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 99). Pinanood din nila ang isang video tungkol sa buhay ni Jesucristo.



## PUMUNTA SA TEMPLO


Ipinaaabot ko ang pagbati mula sa templo. Napakaganda ng araw na iyon nang ako at ang iba pang mga bata mula sa Libertad Ecuador Stake ay nakabisita sa bakuran ng Guayaquil Ecuador Temple. Inaanyayahan namin ang lahat ng mga bata sa buong mundo na tingnan ang templo kung maaari silang pumunta rito—napakaganda ng lugar na ito.

**Aida V., edad 10, Ecuador**

## ITUTURO KO ANG TUNGKOL KAY PROPETANG JOSEPH SMITH




**Ang Sagradong Kakahuyan,** ***ni Axcel C.***



Sa Primary ay natutuhan namin ang "Unang Panalangin ni Joseph Smith" (*Mga Himno,* blg. 20), at ito ngayon ang paborito kong himno. Kapag misyonero na ako, ibabahagi ko ang kuwento tungkol sa Sagradong Kakahuyan sa mga taong tuturuan ko. Mahal ko si Jesucristo at si Propetang Joseph Smith. Alam ko na ang Simbahan ay totoo.

**Axcel C., edad 5, Peru**



## NASISIYAHAN SIYA SA FAMILY HOME EVENING

Nadama agad ni Helena C., edad 9, mula sa Costa Rica, na siya ay miyembro ng Simbahan pagkatapos siyang binyagan ng kanyang ama. Nasisiyahan siya sa mga lesson sa family home evening tungkol kay Jesucristo. Gusto rin niyang pumapasok sa paaralan at nakikipaglaro sa kanyang mga kaibigan.




**Pasko Na—Isinilang na si Cristo,** ***ni Oluchukwu O., edad 9, Nigeria***



**Panunumbalik ng Aaronic Priesthood,** ***ni Felipe L., edad 12, Brazil***



## ISANG *CHIGIRI-E* NI PANGULONG MONSON

Sa loob ng anim na buwan, ang mga bata sa Primary ng Fuji Ward sa Shizuoka, Japan, ay gumawa ng isang *chigiri-e,* collage na yari sa papel na pinunit ng kamay, na naglalarawan kay Pangulong Thomas S. Monson. Ginugulan ito ng panahon at lakas, ngunit ang lahat ay sama-samang gumawa habang iniisip at natututuhan ang tungkol kay Pangulong Monson.


PAGLALARAWAN NI KEVIN KEELE

# “Lumapit kay Cristo.”

—Moroni 10:32



# Ang Ilaw ng Sanglibutan



**Ni Kimberly Reid**

Batay sa tunay na buhay

*"Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22).*

Nakatayo si Erin sa Temple Square sa Salt Lake City na nakatingin sa kasinglaki ng tao na mga estatwa ng belen at naghihintay sa pagsisimula ng musika at kuwento. Kumislap-kislap ang mga Christmas light sa kanyang paligid. Pero parang hindi dama ang Kapaskuhan.

"Okey ka lang ba?" tanong sa kanya ni Inay.

Tumango si Erin, pero hindi siya sigurado.

Ilang araw pa lamang ang nakalilipas, isang batang lalaking kaklase ni Erin ang namatay sa isang aksidente. Nakita niya ang maraming tao na nag-iiyakan sa libing, at umiyak din siya nang umiyak. Hindi niya gaanong kilala ang bata, pero alam ni Erin na mahal na mahal ang bata ng kanyang pamilya tulad ng pagmamahal sa kanya ng kanyang pamilya. Natakot siya na malaman na maaaring mangyari ang gayon sa isang kaedad niya.

Ngayon ay hindi na siya nasasabik sa pagsapit ng Pasko. Palagi siyang nag-aalala—takot na sumakay sa kotse, takot na mapawalay sa kanyang mga magulang, takot na umalis ng bahay dahil baka may masamang mangyari sa kanya habang nasa labas. Hindi kayang burahin ng lahat ng mga Christmas light sa Temple Square ang nadarama niyang pag-aalala. Paano siya magiging maligaya sa isang mundo na kung saan ay hindi siya palaging ligtas?


"Magsisimula na," sabi ni Itay. Itinuro niya ang belen.

Tumunog na ang mga loudspeaker, at nagsimula nang marinig ang isang tinig. Tumugtog na ang musika, at nakatuon ang mga spotlight sa estatwa ng mga pastol, ng mga Pantas na Lalake, ni Maria, at Jose. Pinakinggan ni Erin ang pamilyar na kuwento. Ang sanggol na si Jesus ay isinilang at inihiga sa isang sabsaban. Nagkantahan ang mga anghel. Sumamba ang mga pastol. Nagalak ang mga Pantas na Lalake.

Tiningnan ni Erin ang mukha ng kanyang mga magulang at ang mga taong nakatipon sa paligid ng belen. Parang masaya silang lahat. Pero bakit napakasaya ng lahat

PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP





"Si Jesucristo . . . ang liwanag ng mundo dahil ang kanyang halimbawa at kanyang mga turo ang tumatanglaw sa landas na dapat nating lakaran pabalik sa piling ng ating Ama sa Langit."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "The Light and Life of the World," *Ensign,* Nob. 1987, 64.**

tungkol sa sanggol na si Jesus kung ang Kanyang pagsilang ay hindi nakapagpatigil sa masasamang bagay na nangyayari? Hindi gusto ni Erin ang tanong na paulit-ulit na pumapasok sa kanyang isipan. Ang gusto lamang niya ay mawala na ang kanyang takot.

Natapos ang kuwento, at narinig sa loudspeaker ang nakarekord na tinig ng propeta. Ibinigay niya ang kanyang patotoo at binasa ang isang talata mula sa Biblia: "Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22).

Bumilis ang tibok ng puso ni Erin. Inulit niya ang mga salita sa kanyang isipan, sinisikap na alalahanin ang mga ito. *Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin*.

Sinasabi sa banal na kasulatan na *lahat* ay mamamatay—mga kabataan, matatanda—lahat. Siyempre, alam iyon ni Erin, pero hindi niya ito masyadong naisip noon. Inisip niya na napakabata pa niya para isipin ang gayong mga bagay. Pero hindi siya napakabata para hindi magkaroon ng patotoo ng katotohanan: dahil kay Jesucristo, *lahat* ay mabubuhay na muli. Iyon ang dahilan kung bakit nagalak ang mga pastol at ang mga Pantas na Lalake. Naunawaan nila ang dahilan ng pagparito ni Jesus.

Mula sa munting sabsaban ay tumingin si Erin sa isang bintana sa visitors' center sa likuran ng belen. Sa loob ng gusali isang liwanag ang nakatuon sa malaking estatwa ni Jesus na nakaunat ang mga Kamay Niyang may marka ng pako. Naisip ni Erin ang munting sanggol sa sabsaban at kung paano Siya lumaki at nagkaroon ng lahat ng kapangyarihan. Gayon pa man pinili Niyang isakripisyo ang Kanyang buhay para sa kanya. Ipinanganak Siya upang muli siyang mabuhay. Kahit ano pa ang mangyari, dama ni Erin na ligtas siya sa pag-ibig ni Jesus.

Napuno siya ng kapayapaan. Hindi niya maipaliwanag kung paano, pero naglaho ang kanyang pag-aalala. Nang tingnan niya ang estatwa ni Jesucristo, na mas maningning kaysa kumikislap na mga Christmas light, halos hindi niya napansin ang madilim na kalangitan ng gabi. Damang-dama niya ang kapanatagang dulot ng pag-asa sa kanyang kalooban. ■

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Si Jesucristo ang Anak ng Diyos

Kunwari'y naglalakbay ka patawid ng disyerto. Matagal ang biyahe, matagtag ang daan habang nakasakay ka sa kamelyo, at ni wala kang mapa na sinusundan! Sa halip, isang bituin ang iyong sinusundan. Ano kaya ang mararamdaman mo? Magkakaroon ka ba ng pananampalatayang magpatuloy?

Dalawang libong taon na ang nakalilipas, ganyan mismo ang ginawa ng mga Pantas na Lalake. Nakakita sila ng maningning na bituin sa silangan at naglakbay papuntang Betlehem para magbigay parangal sa batang Cristo dala ang magagandang regalo. At hindi lamang ang mga Pantas na Lalake ang nagmasid sa bituin. Sa kabila ng karagatan, sa kontinente ng Amerika, nakita ng mga Nephita ang bituin at nalaman nilang si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ay isinilang.

Ngayon, ang pag-iisip sa bituing iyon ay nagpapaalala sa atin sa Tagapagligtas. Nagliwanag ito sa kadiliman at itinuro nito sa mga Pantas na Lalake ang daan, tulad ni Jesus na nagpakita sa atin kung paano mamuhay. Ang bituin ay hindi rin nagbago, tulad ng pagmamahal sa atin ng Tagapagligtas. Sa susunod na titingin ka sa mga bituin, alalahanin na si Jesucristo ang Anak ng Diyos at ang Ilaw ng Sanglibutan! ■

## AWITIN AT BANAL NA KASULATAN


- "Awit ng Kapanganakan," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 32
- Doktrina at mga Tipan 11:28

## CTR ACTIVITY: MGA SIMBOLO NG TAGAPAGLIGTAS

Ikinumpara ni Jesucristo ang Kanyang sarili sa maraming bagay. Sa pag-aaral sa mga pagkukumparang ito, marami pa tayong nalalaman tungkol sa Kanya. Basahin ang mga banal na kasulatang ito bilang isang pamilya at pag-usapan kung ano ang sinasabi ng mga simbolong ito sa atin tungkol sa Tagapagligtas.




Pastol (tingnan sa Mga Awit 23:1)



Cordero (tingnan sa Juan 1:29)



Tinapay (tingnan sa Juan 6:51)



Tubig (tingnan sa Juan 4:14)



Bato (tingnan sa 2 Nephi 8:1)

KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD, ISTOCKPHOTO.COM, AT ISTOCKPHOTO.COM/ADYNA



## IKAW LANG

Gumawa ng mga palamuti o dekorasyon sa Pasko para maalaala kung paano pinagpala ng Tagapagligtas ang iyong buhay. Gupitin ang mga bituin at idikit ang mga ito sa makapal na papel o karton. Sa likod ng mga palamuti, idikit ang iyong retrato o retrato ng iyong pamilya at isulat ang gusto mong gawin para sundin si Jesucristo, ang Ilaw ng Sanglibutan. Gupitin ang mga butas sa itaas at lagyan ng tali ang mga butas para matapos ang mga palamuti.


# Sinagot ang Isang PANALANGIN sa Araw ng Pasko



**Ni Peggy Schonken**

Batay sa tunay na buhay

*"Maaalaala rin ng Panginoon ang mga panalangin ng mabubuti, na isinamo sa kanya" (Mormon 5:21).*



Nagising si Peggy sa umaga ng Pasko. Tuwang-tuwa siyang makatanggap ng bagong laruan at kumain nang marami sa Pasko. Pero nang tumingin siya sa paligid, alam niyang ang taon na ito ay magiging kakaiba. Kahit na nagtrabaho nang husto ang kanyang ama, kaunti pa rin ang pera ng kanyang pamilya.

Walang palatandaan na magkakaroon ng maraming handa sa Pasko. Walang laman ang sisidlan ng gulay, at walang pagkain sa refrigerator.

Naglakad si Peggy at ang kapatid niyang si Malcolm papunta sa pinto ng silid ng kanilang mga magulang at nakita nilang nakaluhod ang mga ito sa tabi ng kanilang kama. Tahimik silang nakinig habang nagdarasal si Inay at si Itay sa Ama sa Langit na tulungan ang pamilya na magkaroon ng pagkain.

"Halika na," sabi ni Peggy kay Malcolm. "Doon tayo sa labas."

Lumabas sina Peggy at Malcolm at namitas ng mga pako (fern) na tumubo malapit sa hardin. Siguro walang mga laruan sa taong



ito, pero magagawa pa rin nilang madama ang Pasko sa kanilang tahanan.

Gumanda ang pakiramdam nila matapos nilang maidekorasyon sa bahay ang mga berdeng pako, pero wala pa ring palatandaan ng pagkain.

"Ang Panginoon ang bahala," sabi ni Inay. "Ayusin na natin ang mesa."

Naglagay si Itay ng mga plato sa mesa habang inaayos naman ni Inay ang mga kutsara at tinidor.

Nalilitong nagkatinginan ang mga bata. Nakahanda na ang mesa, pero wala pa ring pagkain. Di nagtagal lumipas na ang almusal at malapit nang mag-tanghalian. Dama ni Peggy na nagugutom na siya. Inisip niya kung paano makakakuha ng pagkain ang kanyang pamilya.


Tumunog ang orasan nang alas-12:00, pagkatapos ay alas-12:30, at alas-12:45. Wala pa rin. Pagkatapos ay nakarinig si Peggy ng katok sa pinto.

Nagmamadali niyang binuksan ang pinto at nagulat na makitang nakatayo doon ang pamilya Kirk. May hawak silang hamonado, tinapay, manok, mga salad, at mga panghimagas. Hindi makapaniwala si Peggy sa kanyang nakita.

"Paupo na kami para sana kainin na ang handa namin sa Pasko nang bigla namin kayong maisip," sabi ni Brother Kirk. "Sana magustuhan ninyo ang pagkaing ito."

Kinamayan ni Itay si Brother Kirk, at sinimulang ilagay ni Inay ang pagkain sa mesa sa kusina. Gulat na gulat pa rin si Peggy. Dilat na dilat ang kanyang mga mata habang nakatingin kina Inay at Itay, pero parang inasahan na nilang mangyayari ito.

Alam ni Peggy na tama ang nadama niya nang umagang iyon. Ang Paskong ito *ay* kakaiba. Sa Paskong ito niya nalaman na dinirinig at sinasagot ng Ama sa Langit ang mga panalangin. At iyon ang pinakamagandang regalong matatanggap niya. ■



"Ang mapagpakumbaba at mapagtiwalang panalangin ay nagdudulot ng patnubay at kapayapaan."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin," *Liahona,* Mayo 2007, 8.**



MGA PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE


# Magkaibigang Mahilig sa Sandwich

**Ni Heidi Poelman**
Batay sa tunay na buhay

1. Sumakay na si William sa kotse at naupo sa tabi ni Jeremy at ikinabit na ang kanyang seat belt.




2. Nagsimula nang magmaneho ang Inay ni Jeremy, at binuksan ni William ang kanyang lunch box. Kumuha siya ng peanut butter at jelly sandwich at kinagat ito.



3. Nakatingin si Jeremy sa sandwich ni William. Parang masarap iyon. Gutom na si Jeremy.

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK


4. Inay, nagugutom po ako. May dala po ba kayo na puwede kong kainin?
Sori, Jeremy. Kumain tayo bago tayo umalis. Wala akong dalang kahit ano.
OK.
5. Nalungkot si Jeremy. Gusto rin niya ng sandwich.
6. Nakita ni William na malungkot si Jeremy. Piniraso niya ang kanyang sandwich at iniabot ito kay Jeremy.
Sa iyo na ito!
7. Salamat, William. Ang bait mo.
Ayos lang. Ganyan ang magkaibigan, nagtutulungan!


# MAKIPAGKAIBIGAN

Ang isang paraan para ikaw ay maging kaibigan ay sa pagtulong sa ibang bata. Gusto nina William at Jeremy na gumawa ng mabuti sa ibang mga bata na nasa playground. Bilugan ang mga bata sa playground na nangangailangan ng tulong.



PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK

## PAHINANG KUKULAYAN



**Nakita at nagpatotoo si Joseph Smith kay Jesucristo.**
"Siya ay buhay! Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama" (D at T 76:22–23).

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

# Mga Balita sa Simbahan

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Inaanyayahan ang mga Miyembro na Ibahagi ang Ebanghelyo sa Pamamagitan ng mga Suskrisyon ng Magasin

**Ni Heather Whittle Wrigley**
Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Bilang supervisor ng Materials Management ng Simbahan sa Thailand, regular na nakatatanggap si Kanogwan Wongwiraphab ng mga kahilingan mula sa mga miyembro para sa mga kagamitan at suplay ng Simbahan gaya ng mga sagradong kasuotan at mga lathalain ng LDS.

Ngunit nagulat siya isang araw nang bumisita sa kanyang opisina ang isang babae para magpanibago ng kanyang suskrisyon sa mga magasin ng Simbahan. Sa dakong iyon ng daigdig, karaniwang binabago ng mga miyembro ang kanilang mga suskisyon sa magazine representative ng kanilang unit. Gayunpaman, ipinaliwanag ng babae na wala siyang ward representative. Isa siyang Buddhist at nalaman niya ang tungkol sa mga magasin ng Simbahan nang regaluhan siya ng suskrisyon ng kanyang kaibigan na miyembro ng Simbahan.

"Sinimulan niyang sabihin sa akin ang magagandang bagay tungkol sa mga magasin ng Simbahan at kung gaano ito kahalaga sa kanyang mga anak," pagsulat ni Sister Wongwiraphab. "Nang umuwi mula sa eskwelahan ang mga anak niya at nakita ang mga magasin, tuwang-tuwa sila, at binasa at tinapos ito kaagad."

Pinuri ng babae ang "kahalagahan" ng mga magasin at ang pagtuturo nito sa kanyang mga anak ng magagandang aral at bokabularyo. Hangang-hanga siya kaya nagbayad siyang muli para sa sarili niyang suskrisyon at niregaluhan ng suskrisyon ang kanyang mga kasamahan sa trabaho para makinabang din ang kanilang mga anak.

"Madarama at makikita kahit ng hindi mga miyembro ang kahalagahan [ng mga magasin], at gusto [nila] itong ibahagi sa iba," pagsulat ni Sister Wongwiraphab.

Patuloy na hinihikayat ng mga lider ng Simbahan ang mga miyembro na basahin ang mga magasin ng Simbahan at ibahagi ang mga ito sa iba.

Binigyang-diin ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol ang napakalaking tulong ng mga magasin. "Ang magandang diwa sa mga magasing ito ay tutulong sa pagpuno ng inyong mga tahanan ng pagkagiliw, pagmamahal at lakas ng ebanghelyo," sabi niya ("Ang Kahalagahan ng Pamilya," *Liahona,* Mayo 2003, 42).


Si Elder Craig A. Cardon ng Pitumpu ay naglilingkod bilang Assistant Executive Director sa Priesthood Department at Editor ng mga magasin ng Simbahan, at nakikita niya ang kahalagahan nito sa bawat tao.

"Ang mga magasin ng Simbahan ay mahalagang bahagi ng may-karapatang tinig ng Simbahan kung saan ang mga ipinahayag na payo ng Panginoon ay ipinararating sa lahat ng anak ng ating Ama sa lahat ng panahon sa mga bagay na makabuluhan ngayon," sabi niya. "Bawat buwan, ang magaganda at nakaaantig na mga artikulo ay tumatalakay sa mga kalagayang karaniwan sa lahat ng tao sa buong mundo, miyembro man ng Simbahan o hindi. Lahat ng matatapat na naghahanap ng katotohanan ay natutulungan nang lubos sa magagandang turo at gabay na naroon."

Kung ang bawat subscriber ng mga magasin ng Simbahan ay magreregalo ng suskrisyon ng *Liahona* sa isang kaibigan o kamag-anak na hindi miyembro, halos 1.7 milyong bagong subscriber ang magkakaroon

Makatutulong din ang pagkontak sa mga magazine representative sa inyong lugar, pag-e-mail sa help@store.lds.org, o pagtawag sa customer service representative ng bansa. Isang listahan ng mga numero ng telepono ng mga representative na ito sa bawat bansa ang makikita sa store.lds.org. I-klik ang **Contact Us** sa ilalim ng **Customer Support** sa ibaba ng pahina, at pagkatapos ay i-klik ang **by telephone** na link sa ilalim ng **Contact Us**.

LARAWANG KUHA NI RICK WALLACE




***Ang mga miyembro ay hinihikayat na ibahagi ang ebanghelyo sa mga kaibigan at pamilyang hindi miyembro sa lahat ng edad, relihiyon, at pinagmulan sa pamamagitan ng pagreregalo ng subscription ng mga magasin ng Simbahan.***

ng magandang ugnayan sa Simbahan buwan-buwan.

Sa Online Store—store.lds.org—ng Simbahan mabilis at madaling makakapag-subscribe ang mga tao ng isa o mahigit pa sa mga magasin o makapagreregalo ng suskrisyon ng mga magasin sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Ang *Friend,* ang *New Era,* at ang *Ensign* ay makukuha lamang sa wikang Ingles, samantalang ang *Liahona,* na naglalaman ng mga artikulong sabay ding nakalimbag sa tatlong magasing Ingles, ay makukuha sa napakaraming wika.

Napatunayan ng isang bishop sa Arizona's Peoria Stake na ang pagreregalo ng isang-taong suskrisyon ng *Friend* sa mga bata sa kanyang ward ay epektibong paraan para mapalibutan sila ng mga salita ng buhay na propeta at mga apostol.

Si Penélope B. Woodward ng Texas, USA ay nagregalo ng suskrisyon ng *Liahona* sa kanyang pinsan, gayundin sa kanyang kaibigan at guro sa ibang bansa.

"Sana makatulong ito para matutuhan ng [pinsan ko] ang kahalagahan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan," ang isinulat niya. Idinagdag pa niya na ang regalong suskrisyon ay isang paraan ng "paghahanda ng daan sa [kaibigan ko] upang balang-araw ay pakinggan at tanggapin niya ang ipinanumbalik na ebanghelyo."

Para makaorder o makapagregalo ng suskrisyon, pumunta sa store.lds.org. Ang impormasyon para sa pag-order ng magasin ay nasa kaliwang bahagi ng pahina. Sa pag-order online tutulungan din kayo kung paano magpanibago ng suskrisyon, mag-subscribe, at magregalo ng suskrisyon.

Ang store.lds.org ay nasa mga wikang Chinese, English, French, German, Italian, Japanese, Korean, Portuguese, Russian, at Spanish. Ang mga hindi marunong magsalita ng mga wikang iyon o walang akses sa internet ay maaaring umorder o magregalo ng mga magasin sa pamamagitan ng pagkontak o pagbisita sa mga distribution center na matatagpuan sa maraming bansa. ■


# Makukuha sa mga Language Page ang mga Materyal ng Simbahan sa Mahigit 100 Wika

Para sa mga miyembro sa iba't ibang panig ng daigdig na hindi nagsasalita ng isa sa 10 wikang ginagamit ng marami—Chinese, English, French, German, Italian, Japanese, Korean, Portuguese, Russian, at Spanish—maaaring maging mahirap para sa kanila ang paghahanap ng mga materyal ng Simbahan sa kanilang katutubong wika. Ngunit para sa mga nakaaalam ng mga language page ng LDS.org, ang pag-akses sa mga pangunahing materyal ng Simbahan ay ilang pag-klik lamang.

Sa kanang itaas o kaliwang ibaba ng LDS.org homepage, mag-klik sa **larawan ng daigdig** para makita ang mga link sa lahat ng language page sa LDS.org. Sa katapusan ng 2012, umaasa ang LDS.org team na magkaroon ng 108 na language page, kabilang na ang Hrvatski (Croatian), Malagasy (sinasalita sa Madagascar), at Twi (sinasalita sa Ghana).

Sa taong ito ang mga language page ay dinagdagan ng ilang bagong item, kasama na riyan ang mga PDF ng mga lathalaing lokal ng *Liahona* sa mahigit 40 wika at simpleng tekstong PDF ng Abril 2012 na pangkalahatang kumperensya sa mahigit 90 wika. Ang mga PDF ng Aklat ni Mormon sa 99 na wika ay nagdagdag ng 24 pang language page sa dati nang naroon sa LDS.org.

***Napakaraming bagong materyal na maaaring i-print at i-download ang naidagdag at patuloy na idaragdag sa mahigit 100 language page ng LDS.org.***




Ang mga item na naisalin ay inilalabas ayon sa pandaigdigang plano ng Simbahan sa pagpapabatid ng mga materyal ng Simbahan sa partikular na mga wika.

Sa planong ito na unti-unting pagsasalingwika, ang mga pangunahing item—mga panalangin sa sakramento, ang Mga Saligan ng Pananampalataya, ang manwal na *Gospel Fundamentals,* piling mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at ang polyeto na *Ang Patotoo ng Propetang si Joseph Smith*, halimbawa—ang unang isinasalin.

Ang mga karagdagang naisaling materyal tulad ng banal na kasulatan, musika, "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," at ang Mga Mensahe ng Unang Panguluhan at ng Visiting Teaching ay inilalabas kapag nadaragdagan ang bilang ng mga miyembro ng Simbahan na nagsasalita ng isang wika.

Ang mga materyal ay isinasalin at inilalabas matapos aprubahan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Maaari ding hilingin ng mga Area Presidency na maisalin sa isang partikular na wika ang ilang mga materyal kung nakikita nila na kailangan ito.

"Ang mga language page na ito ay magagamit ng lahat ng miyembro sa kanilang personal na pag-aaral o tuwing araw ng Linggo," sabi ng digital channels senior product manager na si Matt Robinson. "Maaari din itong gamitin ng mga lider sa bawat lugar sa kanilang personal na pag-aaral at hikayatin din ang mga miyembro na gamitin ito sa kanilang mga katungkulan at pamilya."

Inireport ni Sargis Ayvazyan, pangalawang tagapayo sa Yerevan Armenia District presidency, na natutuwa ang mga miyembrong Armenian na gamitin ang Armenian language page sa pag-print ng mga materyal na nakatutulong sa pagtupad nila sa kanilang mga tungkulin. Ginagamit din nila ito sa pagtanggap at pagbasa ng impormasyon tungkol sa Simbahan at sa paghahanap ng mga materyal mula sa pangkalahatang kumperensya sa kanilang katutubong wika. ■

# Ipinagdiwang ang Buhay ni Pangulong Monson sa Isang Gabing Puno ng Awitin, Musika, at Pagbibigay-Pugay

**Ni Gerry Avant**
*Church News* editor

Sa maringal na pagdiriwang at bilang parangal sa ika-85 kaarawan ni Pangulong Thomas S. Monson, mga 20,000 katao ang pumuno sa Conference Center noong Agosto 17, 2012, para sa isang gabi ng musika, pagsasalaysay, at pagbibigay-pugay sa programang pinamagatang "Golden Days: A Celebration of Life."

Kabilang sa seleksyon ang mga musika at mensahe ng ilan sa mga paboritong palabas sa Broadway ni Pangulong Monson at iba pang mga nagbibigay-inspirasyong awitin bilang pagdiriwang sa kanyang ika-85 kaarawan, na naganap noong Agosto 21.

Si Pangulong Monson ay nakaupo sa unahan kasama ang mga manonood at kanyang asawa, si Frances Johnson Monson, at mga miyembro ng kanyang pamilya.

Ikinuwento ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ang nasaksihan niyang pagbibigay-pugay kay Pangulong Monson sa "lansangan ng isang lalawigan sa mga disyerto ng Arizona," kung saan huminto si Pangulong Monson para kamayan ang isang mag-asawa at kanilang maliliit na anak, ngunit maya-maya pa ay nagsidatingan ang marami pang tao na matiyaga niyang binati.

Sinabi ni Pangulong Eyring na nasaksihan niya si Pangulong Monson na "kinakatawan ang Panginoon sa mga tao," na karaniwang kinabibilangan ng mga bata, sa iba't ibang panig ng daigdig. "Hindi lamang ang mga binati ang nabigyan ng ginintuang sandali, kundi kami ring nakasaksi sa pangyayaring ito," sabi niya. "Hindi na ako tulad ng dati, ni sinuman sa mga nakibahagi rito, dahil sa pagmamahal na iyan na nadama namin, ay nabago kami."

Binati rin ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, si Pangulong Monson dahil "sa buhay na puno ng mga ginintuang araw. . . . Pangulong Monson, isa kang kaibigan, na may dalang liwanag sa kadiliman at ikaw ay propeta ng Diyos para sa ating panahon. Minamahal ka namin at sinusuportahan. Ipinagdarasal ka namin," sabi niya.

Marami pang ibang mga pinuno ng Simbahan, relihiyon, at lipunan, gayundin ang matatagal nang kaibigan, na nagbigay-parangal kay Pangulong Monson sa pamamagitan ng nakarekord na mga pagbati sa video. Kinilala rin siya sa kanyang maraming taon ng paglilingkod sa Scouting.

Sa katapusang bahagi ng programa binanggit ni Pangulong Monson ang mga salita ng manunulat at makatang Scottish na si James Barrie, na nagsulat ng, "Binigyan tayo ng Diyos ng mga alaala, para magkaroon tayo ng mga rosas ng Hunyo sa panahon ng Disyembre ng ating buhay" (Tingnan sa Laurence J. Peter, comp., *Peter's Quotations: Ideas for Our Time* (1977), 335).

"Ngayong gabi ay nakatanggap ako ng maraming alaala," sabi ni Pangulong Monson.

Puno ng mahahalagang detalye, ang entablado ng Conference Center ay pinalamutian ng mga dilaw na rosas na sumasagisag sa "mga ginintuang" araw ng kanyang buhay. ■

***Ang "Golden Days: A Celebration of Life" ay madamdaming pagbabalik-tanaw sa buhay ni Pangulong Monson—kanyang kabataan, pag-aasawa, serbisyo sa militar, at paglilingkod sa Simbahan—sa pamamagitan ng musika at awitin.***



LARAWANG KUHA NI DEBRA GEHRIS

## Inorganisa ang Unang Stake sa Cape Verde

Araw ng Linggo, Abril 29, 2012, inorganisa ni Elder Erich W. Kopischke, na noon ay Europe Area President, ang unang stake sa Cape Verde (kilala rin bilang Cabo Verde) sa kabiserang lungsod ng Praia, na dinaluhan ng mahigit 1,000 miyembro ng Simbahan.

Ang tinawag at itinalagang mamuno sa bagong Praia Cape Verde Stake ay si Rosiveltt Teixeira, pangulo, kasama sina Adilson Monteiro bilang unang tagapayo at si José Pires bilang pangalawang tagapayo.

LARAWANG KUHA NI ELDER JOSÉ A. TEIXEIRA



***Ang mga miyembro ng Praia Cape Verde Stake presidency ay sina (mula kaliwa pakanan): Adilson Monteiro, unang tagapayo; Rosiveltt Teixeira, pangulo; at José Pires, pangalawang tagapayo.***

## Paglalaang Muli ng London Chapel Naghatid ng Ebanghelyo sa Maraming tao

Ang makasaysayang Hyde Park Chapel ng Simbahan sa London, England, ay muling inayos at inilaang muli para magsilbing sambahan at visitors' center bago magsimula ang 2012 Olympics, noong Hulyo 1, 2012.

Si Elder Erich W. Kopischke ng Pitumpu, na noon ay Pangulo ng Europe Area, ang muling naglaan sa gusali. "Umaasa ako na sa paglipas ng mga taon daan-daang libong tao ang magpupunta sa gusali para malaman ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo," sabi niya.

## Ipinagdiriwang ng New Caledonia ang Paglago ng Simbahan

Noong Mayo 27, 2012, inorganisa ni Elder James J. Hamula ng Pitumpu, Pacific Area President, ang unang stake sa New Caledonia habang nakamasid ang 800 miyembro ng Simbahan.

"Ang mga Banal sa mga Huling Araw at ang buong New Caledonia ay pagpapalain habang ang ebanghelyo ni Jesucristo ay itinuturo at tinatanggap ng mas maraming tao," sabi ni Elder Hamula.

Ang bagong stake, ang Noumea New Caledonia Stake, ay kinabibilangan ng 2,000 miyembro at walong meetinghouse.

"Ang pinakamahalagang misyon natin ay ipangaral ang ebanghelyo at ang lahat ng alituntunin nito sa mga tao ng New Caledonia, na magdudulot ng kaligayahan sa kanila, sa kanilang mga pamilya, at sa kanilang mga pinagtatrabahuhan at komunidad," sabi ni Georgie Guidi, na tinawag na maging unang pangulo ng stake. Sina Marc Mocellin at Thierry Gorodey ay tinawag na maging kanyang mga tagapayo.

## Update

Ipinabatid ng Unang Panguluhan ang pagbabago sa Central America Area Presidency, at muling itinalaga si Elder Robert C. Gay sa headquarters ng Simbahan at inihalili sa kanya si Elder Kevin R. Duncan bilang Pangalawang Tagapayo. Sa pagbabagong ito, bahagyang maiiba ang mga assignment sa Area assignment chart na inilathala sa *Ensign* at *Liahona.* noong Agosto.

## Unang LDS Meetinghouse sa Ethiopia

Nakikita na ng mga miyembro sa Ethiopia ang mga pagpapalang dulot ng unang meetinghouse sa bansa. Matatagpuan sa highway na nasa pagitan ng mga lungsod ng Addis Ababa at Adama, ang gusali ay may tatlong palapag at paradahan sa ilalim nito.

Ngunit mas mahalaga pa sa mga teknikal na aspeto ng meetinghouse ang kung paano ito nagsisilbing sagisag ng pananampalataya sa mga miyembro ng branch, na nagdaraos ng mga pulong sa isang residensyal na gusali na di-kalayuan sa bagong gusali.

Sabi ng Branch president ng Debre Zeit Branch na si Efrem Aemero Mekonen, "Sa tuwing mapapadaan ako sa bagong gusali lagi kong naaalala ang ating mga tipan. Tulad nang itaas ni Kapitan Moroni ang bandila ng kalayaan, nakadama ako ng dagdag na lakas."

## KOMENTARYO

### May mga Sagot sa *Liahona*

Miyembro ako na ipinanganak at lumaki sa Simbahan. Kung minsan hindi ko napahahalagahan ang maraming pagpapala ng ebanghelyo sa buhay ko. At kapag naiisip ko ang mga bagay na ito, alam ko na kahit kailan hindi ko sapat na mapasasalamatan ang aking Ama sa Langit sa lahat ng mayroon ako. Isa sa mga pagpapalang iyon ang napakagandang magasin na *Liahona*. Hindi ako makapaniwala na natatanggap ko ang eksaktong mga sagot na kailangan ko tuwing binabasa ko ito. Salamat sa lahat ng mensaheng ito.

**Ludmila L., edad 13, Argentina**

### Lumalago ang Aming mga Patotoo

Binago ng *Liahona* ang buhay ko at ang buhay ng aking pamilya. Napakalaking tulong nito, dahil matututo at magkakaroon ng kaalaman ang nagbabasa nito. Salamat sa mga magasin dahil nagiging matatag kami, at lumalago ang patotoo namin sa Simbahan.

**Ana Marcela Echenique Hoyos, Colombia**

## Panawagan para sa mga Ideya sa Family Home Evening

Ang *Liahona* ay naghahanap ng mga ideya at karanasan mula sa inyong family home evening. Puwedeng maikli lang ang mga ideya—magkuwento lang ng masasaya at mahahalagang family home evening o kung paano ninyo iniakma ang inyong family home evening sa bawat pangangailangan ng pamilya.

Ipadala lamang ang inyong mga ideya at karanasan (sa alinmang wika) sa liahona@ldschurch.org. Mangyaring ilakip ang iyong buong pangalan, e-mail address, at ward o branch at stake o district.

## MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.*

**"Ang Tradisyon ng Ilaw at Patotoo,"** pahina 10: Ibuod ang artikulo at isiping anyayahan ang inyong pamilya na gumawa ng visual aid para ipakita ang gamit ng scaffolding o balangkas na suporta. Talakayin kung paano binibigyan ng Simbahan ang inyong pamilya ng "balangkas na suporta" para mithiin ninyo ang mas mataas at mapatatag ang inyong pamilya at ang iba pang aspeto ng inyong buhay.

**"Mga Propeta sa Kapaskuhan,"** pahina 20: Matapos basahin ang ilang kuwento tungkol sa buhay ng mga propeta, isiping ibahagi ang ilang karanasan ninyo kung saan naantig ang buhay ninyo o ang buhay ng iba dahil sa natatanging karanasan noong nakaraang Pasko. Maaari ninyong talakayin ang mga paraan para masundan ninyo ang halimbawa ng ating mga propeta sa kapaskuhang ito.

**"Ang Kaligtasan at Kapayapaan ng Pagsunod sa mga Kautusan,"** pahina 32: Ang mga may maliliit na anak ay maaaring magdrowing ng mga larawan ng mga taong gumagawa ng mabubuting bagay sa landas na patungo sa templo. Maaaring magpasiya ang ibang pamilya na basahin ang buong artikulo at talakayin ito, na binibigyang-diin na "ang landas tungo sa kaligayahan ay nagsisimula sa . . . pagsunod sa mga kautusan."

**"Paano Magbibigay ng mga Regalo kay Cristo,"** pahina 48: Basahin ang artikulong mula kay Pangulong Henry B. Eyring nang sabay-sabay. Maaari ding isulat ng inyong mga anak ang gusto nilang ibigay sa Tagapagligtas ngayong Pasko at ibalot ang kanilang mga pangako bilang regalo sa Pasko. Isiping pag-usapan ang mga taong kilala nila na maaaring bigyan ng pisikal o espirituwal na tulong o kaya'y kapwa ibigay ito.

**"Sinagot ang Isang Panalangin sa Araw ng Pasko,"** pahina 68: Basahin ang kuwento tungkol kay Peggy Schonken sa inyong pamilya. Maaari ninyong ibahagi ang mga pagkakataong nakatanggap kayo ng mga sagot sa inyong panalangin at hikayatin ang inyong mga anak na gawin din ang gayon. Isiping alamin o subaybayan ang lahat ng sagot sa mga panalangin na natatanggap ng inyong pamilya sa Kapaskuhan.

### Patotoong Walang mga Salita

Ang anak kong si Derek ay may global apraxia, at ibig sabihin nito ay hirap siyang magsalita. Gustung-gusto ni Derek ang family home evening at gumugugol ng ilang buwan sa paghahanda ng mga ituturo niya sa pamilya.

Isa sa kanyang di-malilimutang lesson ay ang "Panaginip ni Lehi." Nagtali siya ng lubid sa buong bahay at sa labas din nito. Sinimulan namin ang lesson sa pakikinig sa CD ng himnong "Ako'y Naniniwala kay Cristo" at pagtingin sa larawan ng panaginip ni Lehi na nakapatong sa mesa. Pagkatapos ay isa-isa niya kaming pinahawak sa lubid at pinalakad.

Habang lumalakad kami, may mga larawan ni Cristo sa isang panig at sa isang panig naman ay may mga bagay na nakaaagaw ng pansin (tulad ng radyo, TV, at mga laro). Alam naming narating na namin ang dulo nang makarinig kami ng musika—ang paboritong himno ni Derek na, "Buhay ang Aking Manunubos."

Nang makatapos na ang lahat, binuksan ni Derek ang DVD na *The Testaments* at ipinapanood niya sa amin ito hanggang matapos, kung saan nagpakita si Jesucristo sa mga tao sa lupain ng Amerika. Nadama namin nang lubos ang Espiritu habang ipinapahayag ng aking anak ang kanyang patotoo sa Tagapagligtas nang walang anumang salita.

**Wendy Thompson, USA**

**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# MGA SUNBEAM, PUBLIC AFFAIRS, AT KAGALAKAN NG BANGHELYO

*Ano ang kinalaman ng mga Sunbeam sa public affairs? Marami kapag kinakatawan nito ang kagalakan ng ebanghelyo.*

Ilang taon na ang nakalilipas, noong kami pa ni Elder M. Russell Ballard ang mga General Authority adviser sa Church Public Affairs Department, natanto namin na kadalasan ang kinokontak ng mga sangay ng media ay ang mga taong hindi mga miyembro ng Simbahan para alamin ang tungkol sa Simbahan. Sa hangaring magkaroon ng pagbabago, sinimulan namin ni Elder Ballard, sa ilalim ng patnubay ng Unang Panguluhan, ang pagbisita sa mga editorial board ng malalaking pahayagan, na ibinabahagi ang mensahe na, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay walang kinikilingan sa pulitika. Wala tayong pinapanigan pagdating sa mga kandidato o partido. Gayunman, gusto natin na tayo mismo ang magsaad ng ating sariling paniniwala. "Gusto namin," ang sabi namin sa kanila, "na pumunta kayo at makipag-usap sa amin kung ang tatalakayin ninyo ay tungkol sa aming pinaniniwalaan."

Malugod na tinanggap ang mga pagbisitang iyon, at natuklasan namin na nagkaroon ng epekto ang aming kahilingan. At ngayon ay nakikita naming mas nauunawaan na ng media ang tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ang ilang dating palagay ay naglaho, at nakikita nating kinikilala na tayo ng ibang mga tao bilang mga mamamayan na may mabuting pag-uugali na nagsisikap na harapin ang buhay nang may kaalaman at sapat na impormasyon. Napansin din namin na natanto ng mga tao sa labas ng Simbahan na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi magkakapareho; ang ating mga miyembro ay magkakaiba sa mabubuti at nakatutuwang paraan.

Sa pagbabagong ito ng mga pananaw tungkol sa atin, napakaganda ng panahong ito na maging miyembro ng Simbahan at magsalita ang mga miyembro at sagutin ang mga tanong ng kanilang mga kaibigan at kapitbahay tungkol sa ating mga pinaniniwalaan. Sa paggawa nito, wala nang mas mahalaga pa kaysa sa nadarama nating kagalakan at na nagagalak tayo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Alam natin ang kahihinatnan ng lahat, alam natin kung sino si Jesucristo, at may pagkakataon tayong pagpalain ng isang mapagmahal na Ama sa Langit.

Nakatutuwang malaman na ang pinakamasisigasig nating mga member-missionary, yaong mga sinasamantala ang pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo, ay kadalasang masayahing mga tao. Noong ako ang Executive Director ng Missionary Department, bigla naming napansin ang ilang pagbibinyag na isinagawa sa France. Dahil sa malaking tuwa, inisip namin kung ano ang mga dahilan, at may ilan kaming nakita. Ngunit ang isa sa mga pangunahing dahilan ay ang sister na nagtrabaho sa umaga ng Lunes at nagsalita tungkol sa mga Sunbeam. Pagkatapos ng Sabbath, —buong kagalakan at tuwa—niyang ikinukuwento sa mga kasamahan niya sa trabaho ang kanyang karanasan sa pagtuturo ng maliliit na bata sa nakalipas na araw. Hindi nagtagal, hindi na makapaghintay ang kanyang mga kasama na banggitin niya ang tungkol sa mga Sunbeam. At ano ang ginawa niyon? Narito ang isang grupo ng mga tao na nag-aalala rin katulad natin tungkol sa ating daigdig at sa ating kinabukasan, at biglang narito ang isang taong hindi lamang nagagalak kundi nagagalak sa mga bata—na sumasagisag sa kinabukasan o hinaharap. Malinaw na mahal ng babaing ito ang Tagapagligtas, at nadama ng iba ang pagmamahal na iyon. Gusto ng mga kasamahan niya sa trabaho na malaman pa ang tungkol dito.

Kung nagagalak tayo sa bagay na nasa atin, kung nadarama natin ang kagalakan at ipinakikita ito, mas maligaya tayo. Ginagawa natin ang nais ng Panginoon na gawin natin, nagiging mas mabubuting tao tayo, at sa pakikihalubilo, ang mga taong nakapaligid sa atin—ang ating mga anak at kaibigan at kapitbahay—ay mas masaya. Kagalakan ang susi. Sa pagbabahagi natin ng kagalakang dulot ng ebanghelyo, naisasagawa natin ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon. ■

*Hango sa isang interbyu sa Mormon Channel. Para mapakinggan ang buong interbyu sa Ingles, magpunta sa mormonchannel.org/conversations/27.*


**Ang Aklat ni Mormon,**
**Isang Regalo mula sa Ama sa Langit**
Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–35, 42–54, 59–60




Joseph Smith



Anghel Moroni





Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang naglaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa makapal na papel, maliliit na supot na papel, o mga patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, at isulat dito kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na nauukol sa mga larawan.

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER



*Gaya ng mga ilaw na nakapalamuti sa ilang bakuran ng templo sa panahon ng Kapaskuhan, na nag-aanyaya sa mga bisita na madama ang kapayapaan ng kagalakang matatagpuan doon, nagliliwanag si Jesucristo bilang Ilaw ng Sanglibutan, na nag-aanyaya sa lahat na tanggapin ang kapayapaan at kagalakang ibinibigay Niya sa pamamagitan ng mga ordenansa ng ebanghelyo, lalo na ang mga natatanggap sa Kanyang banal na bahay. Kabilang sa pinakamalalaking kagalakang mararanasan ng sinuman ay ang malaman na, sa pamamagitan ng mga ordenansa ng pagbubuklod sa templo, ang pagsasama ng mag-asawa ay maaaring magtagal hanggang sa kabilang-buhay at ang mga ugnayan ng pamilya ay maaaring magtagal magpakailanman.* *Tingnan sa "Mga Sagradong Pagbabago," pahina 24; "Pagtutuon ng Pansin sa Walang-Hanggang Pamilya," pahina 28; at "Ang Ilaw ng Sanglibutan," pahina 64.*

TAGALOG
4 02104 92893 6

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW